# Ang Dakilang Pag-ibig ko kay Hesus Ang Naghatid sa Akin sa Islam



ni

Simon Alfredo Caraballo

A. Mary

# Ang Dakilang Pag-ibig ko kay
# Hesus
# Ang Naghatid sa Akin sa
# Islam

ni
Simon Alfredo Caraballo
-
A. Mary.A

**Ang maikling paglimbag**

**Ang paglilimbag ay nangangailangan ng pahintulot**

**2014**

# حبي العظيم لعيسى عليه السلام قادني إلى الإسلام

**ترجمه إلى الفلبينية**

**بديع الزمان سالياو (مترجم التفسير الميسر إلى الفلبينية)**

**محمد أمين (مدقق ومراجع التفسير الميسر إلى الفلبينية)**

**راجعه**

**مكتب الدعوة بغرب النسيم**

**مكتب جاليات الزلفي**

**عبدالله اندرادي**

**خالد افريستو**

**طبعة مختصرة**

**حقوق الطبع محفوظة**

**رقم الإيداع : 9068 / 1432**

**ردمك:1-8437-00-603-978**

**لطلب أحدث طبعات الكتاب**

**0569886000**

**0552200985**

**myloveforjesusfilip@hotmail.com**

**مكتب الدعوة بغرب النسيم**

# Ang mga Nilalaman.


| | |
|---|---|
| I. **Panimula** | **4** |
| II. **Ang Karanasan ko sa Estados Unidos ng Amerik** | **10** |
| III. **Ang mga Ebanghelyo** | **14** |
| IV. **Ang Pagkatotoo ng Qur'an** | **26** |
| V. **Ang Buhay at Misyon ni Hesus** | **34** |
| VI. **Si Propeta Muhammad (ﷺ)** | **43** |
| VII. **Mga Doktrina ng Kristiyanismo at Islam** | **65** |
| **Ang Trinidad** | **66** |
| **Ang Pagkadiyos ni Hesus** | **72** |
| **Ang Pagiging Anak ng Diyos** | **79** |
| **Ang Orihinal na Kasalanan** | **81** |
| **Islam: Ang Bukod-Tanging Pagsamba sa Nag-iisang Diyos. Ang Relihiyon ng Lahat ng mga Propeta** | **94** |
| **VIII. Ang Huli Kong Hakbang Tungo sa Islam: Ang Impluwensiya ni Hesus sa Aking Pagyakap sa Islam** | **101** |
| IX. **Paanong Naantig ng Islam ang Aking Buhay** | **105** |
| **X. Paano Nakaantig sa Buhay ng Iba ang Pagyakap ko sa Islam?** | **111** |
| XI. **Kapag ang Relihiyon ay Ikinintal nang Sapilitan** | **115** |
| **XII. Isang Bukas na Paanyaya sa Papa at Ibang Mga Pinuno sa Daigdig** | **123** |
| **ANG PAGHAHAMBING NG BIBLIYA AT QUR'AN** | **128** |

# I. Panimula

Bilang isang Katoliko, ako ay napaniwalang ang Katolisismo ang tanging tunay na relihiyon, at ang Judaismo ay isa lamang paghahanda para sa Kristiyanismo. Kaya ang lahat ng ibang relihiyon ay pawang huwad at mali. Sa katotohanan, sa unang pagkakataon, nakarinig ako ng tungkol sa Islam noong 1978 lamang. Nalaman kong ang mga Muslim ay naniniwala sa dakilang pinagmulan ng Kristiyanismo at Judaismo. Ang Qur'an ay nagsasaad na ang Allah (ang pantanging pangalan ng Diyos sa wikang Arabik) ay nagpadala ng mga Propeta sa bawa't lupain upang gabayan ang tao patungo sa landas ng katotohanan at kabutihan.

Upang hubugin sa kalaliman ng aking kaisipan ang doktrinang Kristiyano, ang Simbahang Katoliko ay nagdesenyo ng isang programang isinasagawa upang hubugin ang tao mula sa kanyang pagkabata, at nagkaroon ito ng napakalaking katiyakan upang mapanatili ito sa kaisipan at damdamin ng tao. Ang programang ito ay nakaimpluwensiya sa mga paniniwala at asal ng tao sa nalalabi nilang buhay. Sa ganitong pamamaraan, ang taong nakasentro ay si Hesus, ang mga seremonyas ay kada-lasang nakatuon sa pangyayari ng kanyang kapanganakan, di-umano'y kamatayan at muling pagkabuhay; mula sa kanyang pagkasilang na ipinalalagay na nangyari ito sa buwan ng Disyembre, hanggang sa kanyang di-umano'y pagkamatay sa krus na ginugunita tuwing Biyernes Santo. Itinuro sa tao ang mga ritwal na panrelihiyong ito mga ilang daang taon matapos lumisan si Hesus, sa halip na magmula ito sa Kapahayagan ng Diyos – ang Dakilang Lumikha.

Ayon sa nakagisnan kong tradisyon sa aming pook sa Venezuela, tuwing sasapit ang hatinggabi ng ika-24 ng Disyembre, nakaugalian kong maghintay sa pagdating ni Hesus para magdala ng mga regalong hiniling ko sa aking taunang sulat. Dahil sa nanggaling ako sa isang dukhang pamilya, at may mga kapatid na lalaki at babae, naunawaan kong mahirap para sa "*Batang si Hesus*" na dalhin ang mga hiniling ko. Subali't madalas akong malito at maguluhan sapagka't kung si Hesus ay nakagawa ng maraming milagro, katulad ng natutuhan ko sa mga madre at pari, bakit hindi man lamang niya ako madalhan ng isang traysikel? Hindi ba higit na madali ang kahilingang iyon sa kanya kaysa buhayin niyang muli ang patay? Kaya't sa maraming taon, iniwan akong bigo ng konsepto sa "*Batang si Hesus*".

Kapag malapit na ang Semana Santa, nakaugalian kong manood sa telebisyon ng mga kuwento kung paano pinahirapan si Hesus hanggang sa ipako siya sa krus. Tunay na nais kong akyatin ang loob ng TV set at tulungan siya kahit paano. Hiniling ko sa Diyos na tulungan siya, at hiniling kong huwag hayaan ang Kanyang "*anak*" na ipako sa krus. Sa huli'y nagtatago ako upang ikubli ko ang aking pag-iyak sapagka't itinuro sa aming "*hindi dapat umiiyak ang mga lalaki.*" Hindi ko lubos maintindihan kung bakit ginawa ang ganoong kalupitan kay Hesus sa kabila ng kanyang kabutihan. Bilang isang musmos, ang mga kuwentong ito'y nagtanim sa akin ng matinding pag-ibig sa dakilang propetang ito ng Diyos. Marahil sa ibang kabataan, ang mga laruan na kanilang tinatanggap tuwing Pasko – sa pag-aakalang tugon sa kanilang mga liham ng kahilingan – ang nagiging sanhi ng kanilang pagmamahal para kay Hesus.

Kung ang layunin ng Simbahan ay magtanim ng madam-daming pagdakila kay Hesus, masasabi kong nagta-gumpay sila sa aking kalagayan. Natutuhan kong ibigin si Hesus nang higit pa sa sarili kong mga magulang. Magka-gayunman, nagsimula akong magtanong sa kapangyarihan ng Diyos kahit ako'y bata pa. Ang konseptong natutuhan ko ay magagawa ng Diyos ang anumang Kanyang nais. Nalikha niya ang sanlibutan, ang mundo, ang araw, ang buwan, mga bituin at mga tao. Nagtaka ako kung bakit hindi Niya nailigtas si Hesus mula sa pagkakapako sa krus. Upang malutas ang suliraning ito, sa isang pagkakataon, umakyat ako sa isang maliit na pader sa bakuran ng aming bahay at hinamon ko ang Diyos, at sinabing: "*Kung tunay Ka ngang makapangyarihan, at Iyong magagawa ang anumang Iyong nais, paliparin Mo ako sa paglundag ko mula sa pader na ito.Kung hindi, hindi na ako manini-walang makapangyarihan Ka sapagka't hindi Mo rin naman nailigtas si Hesus sa pagkapako sa krus.*" Sa kabutihang-palad, hindi kataasan ng pader at hindi ako nasaktan sa pagbagsak sa lupa. Sa bawa't pagtatangka kong makalipad, lalo akong nakumbinsing hindi pala makapangyarihan ang Diyos. Katotohanan, ito'y isang kilos-batang pagsusuri!

Nang sumunod na bahagi ng aking buhay, noong magsimula ako sa mataas na paaralan (high school), pinayagan ako ng aking mga magulang na magtrabaho sa isang matandang potograpo at sinasamahan ko siya sa maraming lugar. Siya pala ay isa ring tanyag na manghuhula. Saanman kami tumungo, marami sa kanyang mga kliyenteng babae ang

nagtatanong sa kanya ng mga pangyayaring magaganap sa kanilang hinaharap. Sa gawaing ito, humihitit siya ng tabakong kulay-tsokolate, at habang ito ay nauubos at nalalaglag ang mga abo, "naghahayag" siya ng mga tagong impormasyon ukol sa kanyang mga kliyente. Natuklasan ko ring nanghihip-notismo siya ng tao upang tuklasin ang mga lihim tungkol sa kanilang buhay at pagkaraa'y sinasagot niya ang kanilang mga katanungan.

Ang lahat ng karanasang ito'y nakintal sa aking murang kaisipan. Noong mga panahon ding iyon, dumadalo ang aking mga magulang sa isang sentro na dalubhasa sa kaalamang pang-isipan (*parapsychology*). Madalas ko silang sinasamahan upang makita ang mga nangyayari, at natutuhan ko roon ang mga konsepto ng pagninilay-nilay o meditasyon, ang hinggil sa mga espiritu, pagsasapi sa katawan, at tungkol sa inakala kong mga taong namatay na *nakikipag-usap sa mga buhay.*[1]

---

[1] Sa katotohanan, ang namatay ay hindi nakikipag-usap sa buhay, sa halip, ginagaya ng mga demonyo ang tinig ng mga yumao at kinakausap ang mga buhay. Sa kabilang dako, ang panalangin sa Allah at ang pagbasa ng Qur'an at ang Adhkar ni Propeta Muhammad(ﷺ) ang mabisang pantaboy o pang-alis ng mga masasamang espiritu mula sa tao. Ang katotohanang ang isang Muslim ay maaaring magsagawa ng mga bagay na ito ay malinaw na katibayan ng mahimalang kalikasan ng Qur'an. Hinggil sa mga nananalangin sa iba bukod sa Allah o gumagamit ng Bibliya upang palayain ang ibang tao sa pagsapi ng mga demonyo, ito ay pawang kasinungalingan na hindi totoo, bagkus ito ay hindi hihigit sa pakikipagtulungan sa mga masasamang espiritu o paggamit sa ibang masasamang espiritu upang maitaboy ang katulad nila.

Natutuhan ko rito ang magdasal ng dalawang beses isang araw sa isang maliit na altar na ginawa ng aking ama nang buong ingat at katapatan. Sa isa sa mga pagtitipong dinaluhan ko, ang lider ng sesyon ay naghanda ng isang agimat para sa akin, na sinabi niyang ito ay proteksyon para sa akin, kaya't dala-dala ko iyon saan man ako magpunta.

Samantala, patuloy ko pa ring iniisip ang tungkol sa pagkapako ni Hesus. Noon, ang aking ama ay may isang aklat na madalas niyang basahin. Ang pamagat nito ay "*Ang buhay ni Hesus na siya mismo ang nagsabi*." Minsan, sinabi niya sa akin na ayon sa aklat na ito, si Hesus ay naglakbay sa mga pook na malayo sa Jerusalem, na nagbigay sa akin ng kaunting pag-asa tungkol sa aking paghahanap ng kasagutan sa aking katanungan hinggil sa kanyang pagkapako.

Pagkatapos ko sa mataas na paaralan, nabigyan ako ng libreng pag-aaral ng pagka-inhinyero sa Estados Unidos, na maligaya kong tinanggap. Subali't bago ako makapag-lakbay noong 1977, nagkaroon ako ng masamang karanasang nakaapekto sa aking paniniwala sa Kristiya-nismo. Nakakita ako ng dalawang Kristiyanong tumulong sa isang lalaking inatake ng epilepsya sa kalye. Nguni't pagkatapos nito, hinalughog nila ang kanyang pitaka at ninakaw ang ilang bahagi ng kanyang salapi.[2]

---

[2] May ilang talata sa Bibliyang malinaw na nagbabawal ng pagnanakaw at iba pang masasamang gawain, katulad ng nasa Sampung Utos: "*Binigkas ng Diyos ang lahat ng salitang ito, na sinasabi, Ako ang PANGINOON mong Diyos…Huwag kang magkakaroon ng ibang mga Diyos sa harap ko. Huwag kang gagawa para sa iyong sarili ng inukit na larawan o ng anumang*

Subalit batid natin na ang mga taong ganito ay hindi kumakatawan sa mga Kristyano na nakarapatdapat na pakatiwalaan dahil sa sila ay mga mapagkatiwalaan. [3]

Sa kabila ng katotohanang ang mga indibiduwal na kaganapang iyon, sa anumang kaparaanan, ay hindi maituturing bilang palatandaan o pagsasaad ng pagiging tama o di-tama ng isang relihiyon, ang pangyayaring ito'y lubhang nakaapekto sa akin. Marahil sa ibang tao'y walang gaanong katuturan ang pangyayaring ito, subali't nasaksihan ko ang aking kapatid na lalaki na matinding pinarusahan ng aking ama dahil sa pag-uwi niya ng hala-gang 25 sentimo at hindi makapagbigay ng kasiya-siyang paliwanag kung saan niya ito nakuha.

---

*kawangis ng anumang nasa langit sa itaas, o ng nasa lupa sa ibaba, o ng nasa tubig sa ilalim ng lupa. Huwag mo silang yuyukuran, o paglingkuran man sila; sapagkat akong PANGINOON mong Diyos ay Diyos na mapanibughuin...Huwag mong babanggitin ang pangalan ng PANGINOON mong Diyos sa walang kabuluhan...Igalang mo ang iyong ama at ang iyong ina...Huwag kang papatay. Huwag kang mangangalunya. Huwag kang magnanakaw. Huwag kang magiging sinungaling na saksi laban sa iyong kapwa. Huwag mong iimbutin ang bahay ng iyong kapwa; huwag mong iimbutin ang asawa ng iyong kapwa... o anumang bagay ng iyong kapwa."* (Ang Bagong ang Bibliya, Exodo 20:1-17). Ang mga talatang ito ay itinuturing na isang bahagi ng Bibliya na sinang-ayunan ng Qur'an, kaya nga lamang ang kanilang epekto sa buhay ng mga tao ay halos napawi na dahil sa paglitaw ng ibang mga talata sa Bibliyang nagpapahintulot ng kanilang paglabag. Samakatuwid, mula sa Kanyang Awa, inihayag ng Allah ang Qur'an bilang isang pamantayan sa mga nangunang Kasulatan.

[3] Itinangi ng Allah na Kanyang ipinahayag sa Al-Qur'an ang mabuting uri ng mga Nagtatangan ng Kasulatan (Hudyo & Kristyano) na mapagkatiwalaan ng Salapi at kanyang binanggit sa Surah Aal Emran. 3:75; "At mayroon sa mga Nagtatangan ng Kasulatan, na kapag pinagkatiwalaan mo ng kayamanan, ito ay kanilang ibabalik sa iyo ng walang pandaraya..."

## II. Ang Karanasan ko sa Estados Unidos ng Amerika

Noong 1977, dumating ako sa Estados Unidos upang simulan ang pag-aaral sa isa sa mga unibersidad doon. Una, kinailangan kong pumasok sa isang paaralan upang matuto ng wikang Ingles, at nakatagpo ako roon ng maraming taong may iba't ibang paniniwala mula sa iba't ibang panig ng mundo. Sa Seattle, Washington, sa paaralan ng wikang Ingles, nagkaroon ako ng kasama sa kuwarto mula sa Saudi Arabia na kumukuha ng kanyang *master's degree,* at ang pangalan niya ay Fouad. Isang araw, tinanong niya ako kung maaari siyang magdasal sa kuwarto. Sinabi ko sa kanyang wala akong problema roon. Namangha ako dahil iyon ang aking unang pagkakataong makakita ng isang Muslim na nagdarasal. Bago magdasal, siya ay naglinis o naghugas (*ablution*). Sa maliit na lababo sa aming silid, hinugasan niya ang kanyang mga kamay, nagmumog, at hinugasan ang kanyang mukha at mga braso[4]. Iyon ang unang

---

[4]Ang Islam ay nagtalaga ng malaking kahalagahan hinggil sa paksang kalinisan. Halimbawa, kalinisan ng damit, katawan at pook, bukod sa pag-uutos sa pagsagawa ng paghuhugas para magkabisa o matanggap ang isasagawang *Salaah* (itinakdang limang beses na pagdarasal sa Islam). Ang ablusyon o paghuhugas ay ipinapayo rin bago bumigkas ng Qur'an at bago matulog. Ang *ghusl* o pagpapaligo ng buong katawan ay isang obligasyon matapos makipagtalik bago dumalo sa bawat oras ng dasal sa kongregasyon at kapuri-puri tuwing Jum`ah o Biyernes. Ang iba pang gawain, katulad ng pagmumog, pagsipilyo ng ngipin (o paggamit ng *siwak*), pag-ahit ng buhok sa kili-kili at sa pribadong bahagi ng katawan, pagpantay ng bigote, paggamit ng pabango, paglilinis ng tirahan, pag-alis ng mga nakasasakit na bagay sa daanan, pag-iwas na makarumi sa mga pampubliko at pribadong pook na tulad ng inuman ng tubig o mga daanan o kalye, pagpapanatiling malinis ng mga tahanan o tinitigilan, at nagbabawal sa pagkain ng mga maruruming bagay o mga hayop na kumakain ng mga maruruming bagay, ay mga gawaing ipinapayo at ipinag-uutos ng Islam. Ang mga gawaing ito ay nakapagpapalapit sa Allah at nakapagbibigay-gantimpala para sa gumagawa nito. Walang ibang relihiyon ang maikukumpara nang malapit sa Islam kapag kalinisan ng katawan at kaluluwa ang pag-uusapan.

pagkakataong nakakita ako ng isang naghugas ng kanyang mga paa sa isang lababong laan para sa mga kamay. Pagkaraa'y pinagmasdan ko ang kanyang mga kilos sa kanyang pagdarasal. Siya ay tumindig, yumuko, lumuhod at nagpatirapa. Sa pagka-kataong iyon ay naalaala kong nagdarasal kami sa simbahan sa pamamagitan lamang ng pagluhod, at ang ginawa ni Fouad ay kakaiba. Pagkaraan ng maikling panahon lumipat siya sa ibang lugar, at sa maraming buwan na lumipas ay hindi na ako nakakita ng isa pang Muslim na nagdarasal.

Tuwing pahingang-oras ng klase sa paaralan sa Ingles, ang mga dayuhang mag-aaral mula sa iba't ibang bansa ay nagkikita-kita at nagtatalakayan ng maraming paksa. Tandang-tanda ko pa, minsan habang pinag-uusapan namin ang pinagmulan ng mga relihiyon at pagdarasal, sinabi ko sa kanila: "*Nagdarasal kayo sa paraang ginagawa ninyo dahil ganyan ang ginawa ng inyong mga ninuno*." At nagpatuloy akong nagsabi sa kanila: "*Ang inyong mga ninuno ay kinaugaliang sumamba sa araw, sa buwan at sa mga bituin, at mula noon, ang kaugaliang iyon ay nahatid sa lahat ng mga henerasyon hanggang sa kasalukuyan. Nagsimula pa nga akong magduda sa pinagmulan ng paniniwala sa Diyos. Subali't dahil sa taglay kong malalim na ugat ng Kristiyano, hindi ako naging ateista.*"

Isang araw, dumalaw ako sa isang Masjid at nagmasid sa maraming taong nagdarasal nang katulad ng unang nakita ko kay Fouad. Pagkatapos ng pagdarasal, nanatili silang nakaupo sa napakalamig na sahig upang makinig ng isang sermon. Sumama ako sa kanila at nakinig sa lahat ng sinabi ng Imam. Ang pangalan niya ay Jamil Abdul-Razzaq mula sa Iraq, at nagbigay siya ng panayam sa Ingles tungkol sa

"*Paninirang-puri.*" Natatandaan ko ang tinig niya ay mataas at madamdamin. Habang nagsasalita siya, tumitingin siya sa paligid ng kalipunan na tila nagpaparamdam na may isang nagsalita nang masama laban sa iba, nguni't hindi siya tumukoy ng tiyak na pangalan ninuman. Sa palagay ko'y ang layunin niya ay magparamdam ng pagkakasala roon sa mga nasasangkot sa paninirang-puri.

Nang araw ding iyon, may nagpadala sa akin ng sobreng may lamang mga babasahing naghahambing ng Islam at Kristiyanismo. Matagal bago ko nabasa ang mga iyon dahil sa naging abala ako sa pagsisimula bilang unang taong mag-aaral sa Oklahoma State University. Sa pama-magitan ng mga babasahing ito na tumatalakay hinggil sa paksang paghahambing ay natutuhan kong ang Islam at ang mensahe ni Hesus ay kapwa mga rebelasyon mula sa Diyos. Sinabi ni Hesus na ang mensaheng hatid niya ay hindi kanya kundi sa Diyos: "*…sapagkat hindi ako nagsalita nang ganang akin bagkus ang Ama na nagsugo sa akin, na Siya mismo ang nagbigay sa akin ng pag-uutos kung ano ang dapat kong sabihin, at kung ano ang dapat kong bigkasin.*" (Juan 12:49), Gayundin naman, ang rebelasyong inihatid ni Propeta Muhammad(ﷺ) sa sangkatauhan, ay ipinadala ng Diyos sa pamamagitan ni Anghel Gabriel: "*At katotohanan*, ito (*ang Qur'ân) ay isang kapahayagan mula sa Panginoon ng 'Alamin (lahat ng nilikha)*, *na ipinanaog sa pamamagitan ng Mapagkakatiwalaang Espiritu* (*Anghel Gabriel*) *sa iyong puso (O Muhammad) upang mabilang ka sa mga tagapagbabala.*" (Qur'an 26:192-194).

Samakatuwid, ang pagkatotoo ng bawa't relihiyon at ang patunay na makadiyos ang pinagmulan nito ay nababatay sa pinakapangunahing saligan ng pagiging walang kamalian

nito at ang pananatili nito sa orihinal na rebelasyon mula sa Diyos na nakarating sa sangkatauhan sa orihinal nitong wika.

Ang antas ng paglihis o kawalang katiyakan ay nababatay sa antas ng katumpakan na kung saan ang bawa't salitang ipinahayag sa mga Propeta ay naihatid sa ibang tao. Kung ang mga salitang ito ay hindi naihatid nang wasto at sa halip ay nagdanas ng pagbabago, malamang na ang buod ng orihinal na mensahe ay mawawala na magpakailanman. Bunga nito, upang makagawa ng makatwiran at walang kinikilingang paghahambing ng Kristiyanismo at Islam, kinakailangang matiyak ang saklaw ng pagiging ligtas ng mga orihinal na Ebanghelyo at ng Qur'an sa mga pagbabago, pagdaragdag o pagbabawas. Kaya't ang mga pahinang sumusunod ay isang maikling paghahambing sa pagitan ng Kristiyanismo at Islam, ang dalawang pinakamaimpluwensiyang relihiyon sa mundo na may pinakamataas na bilang ng mga tagasunod mula sa lahat ng mga lahi at mga bansa, at ang dalawang pinakamalapit na magkaugnay na pananampalataya. At aking itutuloy ang usapan pagkatapos nito tungkol sa mga bagay mula sa aking sariling karanasan. Inaasahan ko, sa kapahintulutan ng Allah, ang babasahing ito ay matulungan ang naghahanap ng katotohanan sa kanyang pananaliksik sa tunay na relihiyon.

## III. Ang mga Ebanghelyo

Matatagpuan ang apat na tanyag na Ebanghelyo nina Mateo, Marcos, Lucas at Juan sa bahaging Bagong Testa-mento ng Bibliya. Naisulat ang mga ito sa pagitan ng 70 at 115 ng *Christian Era* (Panahon ng Kristiyanismo), ilang dekada matapos lumisan si Hesus, at ipinapalagay na nababatay sa mga kasulatang nawala na noon pa man. Ang Ebanghelyo ayon kay Marcos ang unang nasulat sa wikang Griyego sa Roma, di-kukulangin sa 40 taon matapos lumisan ni Hesus. Ang Ebanghelyo ayon kay Lucas ay sinulat sa Griyego nang malapit sa taong 80 *CE.* Ang Ebanghelyo ayon kay Mateo naman ay sinulat sa Griyego nang malapit sa taong 90 *CE.* Ang tatlong Ebanghelyong ito ay tinatawag na Sinoptiko sapagka't ipinapalagay na pawang galing ang mga ito sa parehong nangawalang mga kasulatan. Ang Ebanghelyo ayon kay Juan[5], sa kabilang dako, ay lubhang kakaiba sa mga Ebanghelyong Sinoptiko. Sa Ebanghelyong ito nakapahayag ang pagkadiyos at naunang paglitaw ni Hesus, bagama't hindi kailanman pinatibayan ito ni Hesus sa mga pahayag na itinangi sa kanyang sarili. Ang ebanghelyong ito ay sinulat sa pagitan ng 110 at 115 *CE.*

Ang mga Ebanghelyo ay kinatha makaraang maghati-hati sa maraming sekta ang mga unang tagasunod ni Hesus. Mapapatotohanang isinulat ang mga ito upang ipakita ang pagkaunawa ng mga praktikal na pangangailangan ng pamayanan. Bagama't ginamit ang mga kinaugaliang (tradisyonal na) pinagkunan upang isulat ang mga ito, ang

---

[5]Ang Juan na tinutukoy dito ay hindi isa sa mga disipulo ni Hesus. Ayon sa Encyclopedia Britannica, na pinagsamang sulatin ng 500 mga iskolar (o pantas) na Kristiyano, "*ang Ebanghelyo ayon kay Juan ay katiyakan at walang alinlangang isang inimbento* (*panghuhuwad o pabrikasyon*)."

mga manunulat ay hindi gumawa ng masusing pag-iingat na mapanatili ang orihinal na nilalaman upang maging ligtas ito sa mga pagdaragdag, pagtanggal at iba pang anyo ng katiwalian, sa dahilang ang nilalaman ay sinadyang sundin ang personal na kapakanan. Ang bagay na ito ay pinatunayan ng mga awtoridad na Kristiyano[6] pagkaraang ipahayag ito ng Qur'an sa mahigit na 14 na siglo na ang nakalilipas.

Mahalagang banggitin na ang mga Ebanghelyong ito ay hindi lamang ang tanging mga dokumentong isinulat kasunod ng paglisan ni Hesus. Marami pang iba, katulad ng mga Ebanghelyo nina Jacob, Pedro, Tomas, Felipe at Barnabas. Kung halimbawang isasaalang-alang natin ang "*Ebanghelyo Ayon sa mga Hebreo*," ito ay isang dokumentong isinulat sa salitang Aramaik, ang mismong wikang ginamit ni Hesus. Ginamit ito ng mga Nazareno, na pinabulaanan ang pagkadiyos ni Hesus at itinuring siyang hindi hihigit pa sa pagiging isang dakilang Propeta.

Noong ikaapat na dantaon ng *Christian Era*, ang mga Ebanghelyo ayon kina Marcos, Mateo, Lucas at Juan ay isinama sa kabuuan ng pangunahing teksto ng Bibliya, at

---

[6]Ayon sa Encyclopedia Britannica, "*Mahahalagang sinadyang pagbabago, gaya ng pagsingit at pagdagdag ng buong mga saknong o parapo* (*paragraph*), *ang naganap . . .*" – Vol. 2, p. 519-521. Sa panimula ng Catholic Bible (pahina 13), sinasabing ang mga tagakopya ay malinaw na nagsingit sa loob ng mga dantaon ng mga bagay na hindi bahagi ng mga Kasulatan, at bunga niyan, ang tekstong nasa atin ngayon ay dumating sa atin nang puno o sagad sa lahat ng uri ng kamalian (korapsyon), na makikita sa lahat ng mga kopya. Gayundin, sa *Preface to the King James Version*, na ginawa ng 32 mga iskolar na Kristiyano at pinanindigan ng 50 mga grupong kasangguni (*consultative*), mababasa natin: "*...Yet the King James Version has grave defects...that these defects are so many and so serious...*" (The Bible, Revised Standard Version, Preface – iii)

ipinasiya ng Simbahan na ang mga nalalabi pang dokumento bukod sa mga ito ay eretiko (labag sa Sim-bahan). Bagama't naipahayag na ang mga ito (mga Ebanghelyo ayon kina Marcos, Mateo, Lucas at Juan) ay mga "*Salita ng Diyos*," nagpatuloy pa rin ang mga pagbabago sa mga Ebanghelyong ito. At sa paglipas ng mga taon, ang nasabing mga Ebanghelyo ay nagsilitaw na may mga nilalamang kakaiba sa mga naunang ipinalabas sa mga ito, na siyang walang alinlangang katibayan ng uri ng pagsirang ginawa sa mga aklat na ito.

Ang mga sumusunod ay kabilang sa maraming dahilan na dapat isaalang-alang kapag sinusuri ang katumpakan ng Apat na Ebanghelyong Kanoniko (ayon sa batas ng Simbahan) at kung gaano katotoo ang mga nilalaman ng mga mensaheng kalakip ng mga ito :

1. Hindi na umiiral sa ngayon[7] ang orihinal na Ebanghelyo ayon sa pagkapahayag kay Hesukristo at ito ay binanggit sa Qur'an,[8]at maging sa mga napapanahong mga Ebang-helyo.

2. Nangawala na ang mga unang talaan tungkol sa mga kasabihan ni Hesus na ginawa sa maikling panahon pagkatapos ng kanyang pag-akyat sa langit.

3. Ang mga Ebanghelyo ay isinulat sa pagitan ng 70 at 115 ng *Christian Era*, ilang dekada matapos lumisan si Hesus, at

---

[7] "*Katotohanang sinasabi ko sa inyo,kaninumang ipangaral ang ebanghelyo sa buong sanlibutan, gayundin dapat ipahayag ang ginawa niya(ang babae)bilang pag-alaala sa kanya*"(Marcos14/9 at Mateo 26/13).At sinumang magnais na matutuhan ang mga orihinal na konsepto ng mga katuruan ni Hesus ay nararapat na basahin ang Qur'an.

[8]Sinabi ng Diyos hinggil kay Hesus, batay sa pagkakasalin ng kahulugan: "*…at ipinahayag Namin sa kanya ang 'Injeel' (Ebanghelyo)… bilang isang patnubay at isang paalaala sa mga may takot (sa Allah).*" (Q 5:46)

nakabatay sa mga nangawalang kasulatan. Bunga nito, nagkaroon ng maluwag na manipulasyon (o pagbabago) ng nilalaman.

4. Walang sinuman sa mga may-akda ng mga Ebanghelyo ang nakakita kay Hesus o narinig siyang nagsalita. Kaya't hindi sila mga saksi.

5. Ang mga Ebanghelyo ay isinulat sa wikang Griyego, samantalang si Hesus ay nagsalita ng Aramaik.

6. Ang kasalukuyang mga Ebanghelyo at karamihan ng mga Epistola (Sulat) ay hindi itinangi at pinatotohanan hanggang sa pagsapit ng ikaapat na dantaon ng *Christian Era*, nang ipatupad noong 325 *CE* ang isang kapasiyahan (resolusyon) ng nakararami sa Konseho ng Nicea. Bago ang panahong ito, ang mga Ebanghelyo ay hindi nagkaroon ng anumang kapangyarihang kanoniko (batas ng Simbahan), at binago ng mga manunulat ng iba't ibang sekta upang tumugon sa kanilang mga sariling kapakanan at hangarin. Hanggang sa kasalukuyang panahon, ang kaugaliang panghihimasok (o pakikialam) sa nilalaman nito ay laganap pa rin.

7. Ang higit na nakararaming bahagi ng Bagong Tipan ay binubuo ng mga isinulat ni Pablo at ng kanyang mga estudyante. Sa simula si Pablo, na hindi kailanman nakita o narinig si Hesus na magsalita, ay kabilang sa mga lantad na kaaway sa ministeryo ni Hesus. Pinatay niya ang maraming tagasunod ng Mesiyas at ipinakulong ang iba (Mga Gawa 8:3, 9:1-2).Pagkatapos, kanyang pinilit silang manumpa ng kasinungalingan laban kay Hesus (Mga Gawa 26:11). Subali't nang si Saul (pagkaraa'y tinawag na Paul o Pablo) na ipinalagay na nagbagong-loob, "*tinangka niyang ibilang ang sarili sa mga disipulo, subali't lahat sila ay natakot sa kanya at hindi naniwalang siya ay isang disipulo. Nguni't kinuha siya ni Barnabas at dinala siya sa mga apostol.*"

(Mga Gawa 9:26-27). Naganap ang pangyayaring ito matapos ipahayag ni Saul na si Hesus ay nagpakita sa kanya at kinausap siya nang siya'y patungo sa Damascus. Nagbigay-saksi siya sa kanyang sarili[9] nang hindi man lamang nagbigay ng katibayang magpapatotoo sa kanyang pag-angkin (Mga Gawa 9:3-8). Nakapag-tatakang bigla siyang naging punong tagapagsalita sa ngalan ni Hesus sa pag-aangking hinirang siya ni Hesus na magpahayag sa mundo (Mga Gawa 9:3-6).[10]

Inakusahan din ni Saul (na pagkaraa'y tinawag siyang Pablo) yaong mga "*di-naniwalang siya ay isang disipulo*" ng kamalian hinggil sa pananampalataya (I Timoteo 6:20-21). Inilarawan niya si Barnabas, na naging mabuti sa kanya, na "*…natangay ng kanilang pagkukunwari*." (Mga Taga-Galacia 2:13). Binigyan pa man din ni Pablo ng karapatan ang kanyang sarili upang magpalaganap ng mga aral na

---

[9]Walang saksing nakakita upang panindigan ang pag-aangkin ni Pablo maliban sa kanyang sarili. Ang ganitong pagsaksi sa sarili ay **tinatanggihan** ayon sa Bibliya mismo, "*Kung ako'y nagpatotoo para sa aking sarili, ang patotoo ko ay hindi totoo*." (Juan 5:31). Dagdag pa rito ay ang katotohanang maraming ibang salungatan sa salaysay. Halimbawa, sa Mga Gawa 9:7, "*Ang mga taong naglalakbay na kasama niya ay hindi makapagsalita, sapagkat naririnig nila ang tinig ngunit walang nakikitang sinuman*." samantalang sa Mga Gawa 22:9, nababasa nating, "*…ngunit hindi nila narinig ang kanyang tinig na nakipag-usap sa akin*." Sa pag-aangking ito, nakamtan ni Pablo ang hindi niya nakamtan nang sapilitan.

[10]Ayon sa I Juan 4:1, "*Mga minamahal, huwag ninyong paniwalaan ang bawat espiritu, kundi inyong subukin ang mga espiritu, kung sila'y sa Diyos, sapagkat maraming lumitaw na mga bulaang propeta sa sanlibutan*." Si Pablo mismo ay inamin ang pagsisinungaling sa kanyang pangangaral, "*Subalit kung sa pamamagitan ng aking kasinungalingan ay sumagana ang katotohanan ng Diyos sa ikaluluwalhati niya, bakit hinahatulan pa rin akong tulad sa isang makasalanan?*"(Mga Taga-Roma 3:7).

sumasalungat sa mga itinuro ni Hesukristo at labag sa "*batas*" na ipinarito ni Hesus upang "*tuparin*"[11] (Mga Gawa 21:20 at Mga Romano7:6). Samakatwid, ating matatagpuan: "*Nais ni Pablo na pumunta sa mga tao ngunit hindi siya pinayagan ng mga alagad.*" (Mga Gawa 19:30). Inihayag niya rin: "*Ito'y nalalaman mo na humiwalay sa akin ang lahat ng nasa Asia, (kabilang sa kanila sina Figello at Hermogenes.*") (II Timoteo 1:15), at "…*walang sinumang kumampi sa akin, bagkus pinaba-yaan ako ng lahat*…" (II Timoteo 4:16).

---

[11]"*Huwag ninyong isiping pumarito ako upang sirain ang kautusan o ang mga propeta; pumarito ako hindi upang sirain, kundi upang tuparin ang mga ito. Sapagkat katotohanang sinasabi ko sa inyo, hanggang sa mawala ang langit at lupa, ang isang tuldok o isang kudlit ay hindi mawawala sa kautusan, hanggang sa matupad ang lahat ng mga bagay.*" (Mateo 5:17-18). Sinikap ni Pablong tipunin sa paligid niya ang pinakamaraming apostol hangga't maaari kahit na ang paraan upang gawin iyon ay salungatin ang mga turo ni Kristo o ang kanyang mga pamamaraan ng pagpapalaganap. Sa I Mga Taga-Corinto 9:19-23, inaamin ni Pablo ang mga kahindik-hindik na gawaing pandaraya, pagsisinungaling at panlilinlang upang makamtan ang kanyang mga layunin. Kanyang sinabi: "*19. Sapagkat bagaman malaya ako sa lahat ng mga tao, ay nagpaalipin ako sa lahat, upang higit na marami ang aking mahikayat. 20. Sa mga Judio, ako ay naging gaya ng isang Judio, upang mahikayat ko ang mga Judio. Sa mga nasa ilalim ng kautusan, ako ay naging gaya ng isang nasa ilalin ng kautusan, bagaman ako ay wala sa ilalim ng kautusan upang aking mahikayat ang mga nasa ilalim ng katutusan. 21. Sa mga nasa labas ng kautusan, ako ay naging tulad sa walang kautusan, bagama't hindi ako malaya mula sa kautusan sa Diyos kundi nasa ilalim ng kautusan ni Cristo, upang mahikayat ko ang mga nasa labas ng kautusan. 22. Sa mahihina, ako ay naging mahina, upang mahikayat ko ang mahihina. Sa lahat ng mga bagay ay nakibagay ako sa lahat ng mga tao, upang sa lahat ng mga paraan ay makapagligtas ako ng ilan. 23. Ginawa ko ang lahat ng mga bagay dahil sa ebanghelyo, upang ako'y magkaroon ng bahagi sa mga pagpapapala nito.*" (I Mga Taga-Corinto 9:19-23).

8. Ang pinakamatandang mga manuskrito ng Bibliya na maaaring panghawakan ay ang mga Codexes Vaticanus, Sinaiticus at Alexandrinus, na ang lahat ay petsang nasa pagitan ng ikaapat at ikalimang dantaon ng *Christian Era*. Ang lawak ng pagbabagong nangyari sa mga Ebanghelyo nang mas maaga pa sa mga petsang ito ay mahirap malaman, kung isasaalang-alang na ang wika ng mga Ebanghelyo ay Griyego samantalang si Hesus ay nagsalita ng Aramaik.

9. Maraming kamalian sa maraming bahagi ng mga kasulatan sa pagitan ng ikaapat at ikalimang mga siglo.[12]

10. Ang mga Ebanghelyo, tinitingnan bilang isang kabuuan, kabilang ang mga Epistola (Sulat), ay nagtataglay ng maraming kamalian at salungatan.[13] Mayroon ding malaking alinlangan ang mga pantas ng Bibliya sa kung sino talaga ang mga may-akda ng mga Ebanghelyo.

Binabanggit dito ang mga katotohanang ito bilang katibayan na ang Ebanghelyo ni Hesus sa pagkakapahayag ng Allah ay hindi nakarating sa atin sa orihinal nitong anyo. Sa ganitong kadahilanan, mapagtitibay na ang apat na Ebanghelyong kabilang sa nilalaman ng kasalukuyang Bibliya at ang kasama nitong mga Epistola (Sulat) ay hindi maituturing na katulad o katumbas ng Ebanghelyong inihayag kay Hesus.

---

[12]May ilang iskolar ng Bibliyang tumutukoy sa pagkakaroon ng libu-libong kasulatang nagmula sa mga Ebanghelyo, subali't ano ang tunay na kahalagahan ng mga kasulatang ito kung sa mga libu-libong ito'y hindi tayo makatagpo ng dalawang magkatulad? Ayon sa *International Translation of the New Testament* ..."*Lahat ng mga bersiyon* (*versions*) *ng New Testament na umabot sa atin ay hindi magkatulad*."

[13]Ang maraming kamaliang taglay ng Bibliya ay nagbunsod kay Robert Kehl Zeller na sabihin sa kanyang "*The Authenticity of the Holy Bible*" na walang ibang aklat ang dumanas ng kasindaming mga pagbabago, kamalian at pagkasira na katulad ng Banal na Bibliya. Ito ay may malinaw na kaibhan sa pahayag nina William Muir's at Laura Vaglieri's hinggil sa Qur'an (Tingnan ang Talababa o *Footnote 15, pahina 24 at Talababa 16, pahina 25*).

Bilang patunay sa paninindigang ito, inihaharap ang mga sumusunod na impormasyon:

Ang Bagong Tipan, na siyang batayan ng mga maka-bagong doktrina ng Kristiyanismo, ay nagtamo ng mga malawak na pagbabago at halos bawa't bagong edisyon ay di-katulad ng iba. Ang ilan sa mga pagbabagong ipina-tupad ay ang pinakapangunahing batayan na tumutukoy mismo sa pinakasaligan ng Kristiyanismo. Halimbawa, ang tanging dalawang sanggunian sa pag-akyat ni Hesus na natagpuan sa mga Ebanghelyo nina Marcos at Lucas ay tinanggal na ngayon sa *Revised Standard Version* (*RSV*), *1952.* Nagtataglay ang mga siping ito ng mga katibayang tumutukoy upang patunayan ang pag-akyat ni Hesus, katulad ng mga sumusunod:

"*Kaya't ang Panginoong Hesus nga, pagkatapos na siya'y magsalita sa kanila ay iniakyat sa langit at lumuklok sa kanang kamay ng Diyos.*" (Marcos 16:19);

"*At dumating ang kaganapang ito; habang kanyang binabasbasan sila, kanyang iniwan sila at dinala siya paitaas sa langit.*" (Lucas 24:51)

Ang naunang binanggit na talata mula sa Marcos 16:19 ay tinanggal na kasama ng ibang mga talatang nauna o sumunod dito. Ayon sa Lucas 24:51, ang mga salitang "*dinala siya paitaas sa langit*" ay tinanggal.

Sa Mateo 16:27-28, nababasa natin: "*Sapagkat darating ang Anak ng Tao na kasama ang kanyang mga anghel sa kaluwalhatian ng kanyang Ama; at kanyang gagantihan ang bawat tao ayon sa kanyang mga gawa. Katotohanang sinasabi ko sa inyo, may ilan sa nakatayo rito, na hindi makatitikim ng kamatayan, hanggang makita nila ang Anak ng Tao na dumarating sa kanyang kaharian.*" Sa dahilang hindi kailanman natupad ang propesiyang ito, mapagtitibay

na ito ay isang pagtatahi-tahing iniugnay kay Hesus – na isang tunay na Propeta na hindi magkakamali sa kanyang propesiya.

Ang Ebanghelyo ni Mateo ay sumasalungat mismo sa sarili nito sa pahina ring yaon nang pag-usapan si Pedro. Samantalang sinasabi ni Hesus tungkol sa kanya, "*Sumagot si Hesus at sinabi sa kanya,* "*Mapalad ka, Simon na anak ni Jonas! Sapagkat hindi laman at dugo ang nagpahayag nito sa iyo…na ikaw ay si Pedro…Ibibigay ko sa iyo ang mga susi ng kaharian ng langit, at anumang iyong talian sa lupa ay tatalian sa langit; at anumang iyong kalagan sa lupa ay kakalagan sa langit.*" (Mateo 16:17-19). Sinalungat ng Mateo 16:23 ay ang lahat ng ito sapagkat nasasaad dito: "*Ngunit lumingon siya at sinabi kay Pedro, Layuan mo ako, Satanas! Ikaw ay isang pagpapasama ng loob sa akin; sapagkat hindi mo nilalasap ang mga bagay na nasa Diyos, kundi ang mga bagay na nasa tao.*"

Noong di-umano'y mga pangyayari ng pagpapako sa krus, sinasabi ng Mateo 27:44, "*Sa gayunding paraan ay inalipusta siya ng mga tulisan na ipinako sa krus na kasama niya.*" Dito ang dalawang magnanakaw ay binabanggit na magkasamang gumaganap. Subalit isinasaad sa Lucas 23:39-41, "*Patuloy siyang pinagtawanan ng isa sa mga kriminal na ipinako, na nagsasabi,* "*Hindi ba ikaw ang Cristo? Iligtas mo ang iyong sarili at kami!*" *Subalit sinaway siya ng isa, at sa kanya'y sinabi,* "*Hindi ka pa ba natatakot sa Diyos, yamang ikaw ay nasa gayunding hatol ng kaparusahan? Tayo ay nahatulan nang matuwid, sapagkat tinanggap natin ang nararapat na kabayaran sa ating mga gawa. Subalit ang taong ito'y hindi gumawa ng anumang masama.*" Sa huling halimbawa, ang dalawang magnanakaw ay hindi magkasamang gumaganap, sa halip, sila ay magkasalungat sa isa't isa. Lubhang napakaraming iba pang mga pagsasalungatan upang itala dito.

Ang mga pagbabago, pagpapalit at pagsasalungatan ay matatagpuan hindi lamang sa Bagong Tipan kundi maging sa Lumang Tipan.[14] Halimbawa, sa II Mga Hari 8:26, sinasabi sa atin: "*Si Ahazias ay dalawampu't dalawang taong gulang nang siya'y nagsimulang maghari...*" Ito ay sumasalungat sa II Mga Cronica 22:2, na nagsasaad na "*Si Ahazias ay apatnapu't dalawang taong gulang nang nagsimulang maghari sa Jerusalem...*" Ang isa pang pagkakasalungatan ay natatagpuan sa II Mga Hari 24:8: "*Si Jehoiakin ay labingwalong taon nang siya'y nagsi-mulang maghari; at siya'y naghari sa Jerusalem sa loob ng tatlong buwan,*" kapag inihambing sa II Mga Taga-Cronica 36:9: "*Si Jehoiakin ay walong taong gulang nang siya'y nagsimulang maghari, at siya'y naghari ng tatlong buwan at sampung araw sa Jerusalaem...*"

II Samuel 6:23: "*At si Mical na anak ni Saul ay hindi nagkaanak hanggang sa araw ng kanyang kamatayan,*" ay sumasalungat sa II Samuel 21:8, na nagsasaad ng: "*Kinuha ng hari ang dalawang anak ni Rispa, na anak ni Aya, na*

---

[14]Ang *Vatican Ecumenical Council* (1962-65) ay umamin sa pagkakaroon ng mga kamalian sa Lumang Tipan, "*Ngayon ang mga aklat ng Lumang Tipan, ayon sa kalagayan ng sangkatauhan bago dumating ang panahon ng pagliligtas na itinatag ni Kristo, ay nagpapahayag sa lahat ng pagkakataon ng karunungan ng Diyos at ng tao at ang mga paraang ang Diyos, na makatarungan at mahabagin, ay nakikitungo sa mga tao. Ang mga aklat na ito, bagamat nagtataglay rin ng mga ilang* ***di-ganap at pansamantalang bagay****...*" Sa *Providentissimus Deus* tungkol sa pag-aaral ng Banal na Kasulatan, na ipinalabas ni Papa Leo XIII noong ika-18 ng Nobyembre 1893, nakasaad na "*Katotohanan, walang alinlangan, na ang mga eskribador (tagakopya) ay nakagawa ng mga pagkakamali sa teksto ng Bibliya . . .*"At ang pag-aming ito ang pinakapuno ng ebidensya.

*kanyang ipinanganak kay Saul, sina Armoni at Mefiboset at ang limang anak ni Mical na anak na babae ni Saul na kanyang ipinanganak kay Adriel na anak ni Barzilai, na Meholatita.*" Sa *New Standard American Version of 1973*, ang pangalang *Mical*, gaya ng binanggit sa II Samuel 21:8, na lumilitaw kapwa sa *King James Version* at sa *New World Translation of Jehovah's Witnesses*, ay pinalitan ng *Mirab* upang itago ang pagkakasalungatan. Ang pagtalakay sa paksa hinggil sa pagmalas sa Diyos na isinasaad kapwa sa Luma at Bagong Tipan, sinasabi sa Juan 1:18, "*Walang sinumang nakakita sa Diyos sa anumang oras…*"Pinatitibayan din ito ng I Juan 4:12. Datapwa't ang Genesis 32/30 ay nagsasabi ng kakaibang istorya, "*At tinawag ni Jacob ang pangalan ng lugar na iyon na Peniel na sinasabi, Sapagkat nakita ko ang Diyos nang harapan, at naligtas ang aking buhay.*" Sadyang kataka-takang pinatototohanan ito sa Exodo 33:11, "*At nakipag-usap ang PANGINOON kay Moises nang harapan, katulad ng pakikipag-usap ng isang tao sa kanyang kaibigan…*" At sa Exodo 24:9-11, sinasabi sa ating, "*Nang magkagayo'y umakyat sina Moises, Aaron…at nakita rin nila ang Diyos, at sila'y kumain at uminom.*"

Nakikita rin natin sa Juan 3:13, "*Wala pang umakyat sa langit, maliban sa kanya na bumabang galing sa langit, ang Anak ng Tao.*" Muli, sumasalungat ito sa Genesis 5:24, na nagsasabing "*Lumakad si Enoc na kasama ng Diyos; at hindi na siya natagpuan sapagkat siya'y kinuha ng Diyos,*" gayundin sa II Mga Hari 2:1, *"At dumating ang kaganapang ito, nang iakyat ng Panginoon si Elias sa langit...*" Kaya,

tanging si Cristo lamang ba ang iniakyat sa langit o sina Enoch at Elias din? Karagdagan pa nito, maraming iba pang magkakasalungat na bersiyon ng Lumang Tipan (Hebreo, Griyego, Samarian at iba pa) na ang mga may-akda ay kadalasang hindi kilala ng mga awtoridad ng Bibliya. Ang ganitong katayuan ay *"nauukol din sa karamihang mga may-akda at mga tagawasto ng mga aklat ng Bibliya na pinalalagay na mga kinatawan ng kanilang mamamayan at mga di-kilala rin,"* ayon sa bersiyong Pranses.

Ang paninindigan naman ng Islam tungkol sa Bibliya ay may kapasyahang pantay at walang pagkiling (*bias*). Malinaw na kinikilala ang Bibliya bilang isang aklat na nagtataglay ng ilang katotohanan; gayunpaman, ang ilang kasinungalingan ay nagbigay dungis at dumi sa kabuuan nito. Ang pamantayang Islamiko sa pagkilala ng katoto-hanan laban sa kasinungalingan ay ang Qur'an at mga aral ni Propeta Muhammad(ﷺ). Sa payak na (simpleng) pahayag, anumang nilalaman ng Bibliya na naaayon sa Qur'an at Sunnah ay katanggap-tanggap at anumang hindi sumasang-ayon dito ay tinatanggihan. Ang ibang salaysay dito ay hindi dapat paniwalaan ni hindi dapat pabulaanan. Ang mga orihinal na kasulatang ipinahayag ng Allah sa Kanyang mga propeta, katulad sina Abraham, Moises, David, Hesus at iba pa; ang matatag na paniniwala sa mga yaon ay isa sa mga haligi ng Islam – na kapag itinanggi kahit isa man sa mga ito, ang isang tao ay hindi maaaring maging isang Muslim.

## IV. Ang Pagkatotoo ng Qur'an

Ang huling Pahayag na ipinadala ng Diyos (*Allah*)[15] sa sangkatauhan – ang Qur'an, ay nananatili sa kadalisayan nito na hindi narumihan, ligtas sa mga pagbabago ng tao nang higit sa 1400 taon. Ang huling mensaheng ito ng Allah ay ipinahayag kay Propeta Muhammad(ﷺ) sa loob ng halos 23 taon. Ipinahayag ito nang baha-bahagi na may magkaiba-ibang haba. Sa sandaling makatanggap siya ng isang bahagi ng kapahayagan, binibigkas niya ito sa kanyang mga kasamahan, na nagsisulat nito at nagsisaulo nito. Bukod dito, itinuro ng Propeta(ﷺ) sa kanyang mga tagasulat kung saan dapat ilagay ang bawa't bahagi sa katawan (o kabuuan) ng teksto. Sa ganitong paraan, ang Qur'an sa ganap na kabuuan nito ay naisulat at naisaulo ng daan-daang tagasunod ni Propeta Muhammad(ﷺ) sa kanyang kapanahunan. Si Abu Bakr, ang unang Khalifah, ang nagtalaga kay Zaid bin Thabit sa tungkuling itala ang unang sipi ngQur'an sa iisang teksto pagkaraang mamatay si Propeta Muhammad(ﷺ). Pagkatapos, bilang pagtalima sa mga utos ng pangatlong Khalifah na si Uthman Ibn Affan, naghanda si Zaid ng pitong sipi na ipinadala sa iba't ibang lunduyan (sentro) ng sambayanang Islam.

Ang pananatili ng Qur'an sa orihinal na pagkapahayag nito sa wikang Arabik, ang pagkakaroon ng milyun-milyong Muslim na nakasaulo nito nang letra por letra (*verbatim*) mula sa iba't ibang panig ng mundo sa mga sunod-sunod na salinlahi, at

---

[15]Ang "*Allah*" ay siya ring salitang ginagamit para sa Diyos ng mga Kristiyano at Hudyong nagsasalita ng Arabik. Ito ay isang natatanging salitang gramatiko, yayamang hindi ito maaaring gawing pangmaramihan o bigyan ng kasarian (na tulad halimbawa ng panlalaki o pambabae), na nararapat lamang, samakatuwid, na gamitin ito ayon sa Islamikong konsepto ng Diyos.

ang ganap na pagkakatulad ng lahat ng mga kopya at manuskrito (orihinal na teksto)[16] ay sumasaksi sa pagkatotoo ng Qur'an – ang huli at pangwakas na pahayag na ipinadala ng Allah bilang isang gabay sa sangkatauhan.

Ang buong Qur'an ay ang literal na (letra por letra) Salita ng Diyos nang walang dagdag o bawas kahit kaunti man. Kapag sinasabi ng Diyos sa Qur'an, "***Qul hu-wal-lâ-hu a-had.***" [Salin-kahulugan: "***Sabihin*: '*Siya ang Allah*, (*ang*) *Isa.***'"]. Si Propeta Muhammad(ﷺ) na siyang tagahatid ng mensahe ay hindi nag-iwan o nagdagdag kahit isang titik o salita mula sa banal na pahayag na ito. Kailangan niyang sabihin letra-por-letra ang iniutos sa kanya, "***Qul hu-wal-lâ-hu a-had***," nang hindi inaalis ang pandiwang pautos (*imperative verb*) na "***Qul*** (Sabihin mo)."[17]

Gayundin, ang mga Propetikong salaysay (tinatawag na *Ahadith*), na siyang pangalawang batayan ng batas Islamiko ay ipinahayag din ng Allah sa kahulugan nito ngunit hindi letra por letra. Itinala ang mga ito at pina-natiling nakabukod sa tinaguriang mga aklat ng Hadith. Sa kabilang dako, ang Bibliya ay hindi makapag-aangkin ng ganitong walang-bahid na pananatili sa dahilang ito'y naglalaman ng pinaghalong mga salitang sinabi raw ng Diyos, ang iba'y iniuukol sa mga Propeta, samantalang ang iba'y sinabi ng tao.

---

[16]Sa kanyang aklat na sinulat: "*The Life of Prophet Muhammad*," sinabi ni William Muir ang hinggil sa Qur'an: "*Wala na marahil ibang aklat sa buong mundo ang nananatiling napakawagas ng nilalaman sa loob ng 12 (ngayon ay 14) na dantaon.*"

[17]Isinasaad ni Dr. Laura Veccia Vaglieri sa kanyang aklat, *Apologia dell Islamismo*," "*Nguni't may isang patunay sa pagkabanal ng Qur'an: ito'y ang katotohanang napangalagaan ito sa loob ng mga panahon mula sa pagkapahayag nito hanggang sa araw na ito. At mananatili ito, sa kapahintulutan ng Allah, hanggang nananatili ang sanlibutan.*"

Malinaw na mababatid ng sinumang bumabasa ng Qur'an na nakatuon ang aklat na ito sa kaisahan ng Diyos. Hindi nito inilalarawan ang buhay ng Propeta o ang kanyang kabayanihan katulad ng maaaring isipin ng nakararaming tao. Sinumang bumabasa ng Qur'an ay malinaw na maki-kitang ang layunin nito ay ipalaganap ang paniniwalang ang Diyos ay Bukod-Tanging Nag-iisa, luwalhatiin Siya, sundin ang Kanyang mga utos, at umiwas sa Kanyang ipinag-babawal. Ang Qur'an ay tumutukoy kay Muhammad(ﷺ) bilang isang Sugo ng Diyos, katulad ng lahat ng ibang Sugong nauna sa kanya. Ang talata 3:144 ay nagsasaad:

*"Hindi hihigit sa isang Sugo si Muhammad at tunay na maraming Sugo ang nangamatay nang nauna sa kanya. Kung mamatay man siya o mapatay, babalik ba kayo sa inyong kinagisnan (di-pananampalataya)? At sinumang bumalik sa kanyang kinagisnan (di-pananampalataya), hindi niya kailanman madudulutan ng anumang pinsala ang Allah. At gagantimpalaan ng Allah ang mga Shaaker (mapagpasalamat sa Allah)"*

Inilarawan din ang Propeta (ﷺ) na hindi siya makatutulong sa iba, pati sa kanyang sarili, nang walang pahintulot ang Allah. Sinasabi sa atin sa 7:188: "*Sabihin mo (O Muhammad)!: 'Hindi ko taglay ang anumang kapang-yarihan tungkol sa mabuti o pinsalang maaaring dumating sa aking sarili maliban sa naisin ng Allâh. Kung batid ko lamang ang Ghayb (hindi nakikita), kinuha ko na sana ang ukol sa aking sarili ang isang masaganang yaman at walang masamang dapat mangyari sa akin. Isa lamang akong tagapagbabala, at isang tagapagdala ng magagan-dang balita sa mga taong sumasampalataya'.*"

Sa katunayan, may mga talatang pinangaralan ang Propeta dahil sa isang kaganapan. May isang pangyayaring siya ay ginambala ng isang bulag na lalaki habang siya ay nag-aanyaya sa Islam sa isang grupong taga-Makkah na may sinasabi sa lipunan. Sumabat at nakiusap ang bulag sa Propeta na bigyan siya ng ilang kaalaman sa relihiyon. Sa kasabikan ng Propeta (ﷺ) na maghatid ng mensahe ng Islam sa mga taga-Makkah, nangunot-noo siya at wina-lang-bahala ang bulag sapagka't batid niyang matibay na pananampalataya nito, at walang mangyayaring anuman kung maghintay siya hanggang matapos ang kanyang pakikipagpulong. Datapwa't ang Propeta (ﷺ) ay pinangaralan ng Allah sa Qur'an 80:1-11, na kung saan ipinahayag Niya:

"*Nangunot-noo (ang Propeta) at tumalikod. Sapagka't may lumapit sa kanyang isang bulag (si Abdullah Bin Umm-Maktum na sumabad sa Propeta habang nangangaral siya sa ilang pinuno ng mga Quraish). At paano mo nga ba malalaman na maaari siyang maging dalisay (mula sa kanyang mga kasalanan)? O maaari siyang tumanggap ng paalaala at maging kapakinabangan ito sa kanya? At siya (taga-Makkah) na nag-aakalang may kasapatan (malaya sa anumang pangangailangan), Siya pa ang pinag-ukulan mo nang higit na pansin. Ano ba sa iyo kung hindi siya magiging dalisay (mula sa di-paniniwala – ikaw ay isang Sugo lamang, ang iyong tungkulin ay maghatid ng Mensahe ng Allah)? Subali't hinggil sa kanya (ang bulag) na dumating sa iyo nang humahangos, at may takot (sa Allah at sa kanyang parusa), sa kanya'y nagpabaya ka at itinuon mo ang iyong pansin sa iba. Hindi, (huwag mong gawin ang ganito). Katotohanan, ito (ang Qur'an) ay isang paalala.*"

Ang mambabasa ng Qur'an ay makakikita rin ng mga talatang nagbibigay babala sa Propeta sa mabibigat na salita at nagbabanta pa man din sa kanya ng kamatayan kung kumatha siya ng anumang pahayag sa Ngalan ng Allah. Ang mga talatang 69:44-47 ay nagsasaad:

"*At kung (sakaling) siya man (si Muhammad) ay maglubid ng kasinungalingan hinggil sa Amin. Katiyakang, siya ay Aming susunggaban sa kanyang kanang kamay (o nang buong lakas at kapangyarihan). At pagkaraa'y tiyak Naming puputulin ang punong ugat ng kanyang buhay. At walang isa man sa inyo ang makapipigil sa amin (sa pagparusa) sa kanya.*"

Ang mga paganong Arabo sa panahon ng Propeta (ﷺ) ay nagbintang sa kanya ng panghuhuwad sa Qur'an. Sa puntong ito, nagpahayag ang Allah sa kanya ng maraming talatang humahamon sa mga Arabo na gumawa ng isang aklat na katulad ng Qur'an. Ang talata 17:88 ay nagsa-saad:

"*Sabihin: 'Kung magsama man ang sangkatauhan at ang Jinn upang bumuo ng katulad nitong Qur'an, hindi sila makagagawa katulad nito, kahit na magtulungan sila sa isa't isa.'*"

At mababasa rin sa mga talata 52:33-34 ang ganito :

"*O sinasabi nila: 'Siya (si Muhammad) ay hinuwad ito (Qur'an).' Hindi! Sila'y di-mananampalataya! Magka-gayo'y hayaan silang gumawa ng salaysay katulad nito (Qur'an), kung sila'y matapat.*"

Subali't nabigo silang gawin ito. Ang hamon ay binawa-san sa sampung kabanata katulad ng malinaw na ipina-hayag sa talata 11:13, na nagsasaad :

"*O sinasabi ba nila: 'Hinuwad niya ito (Qur'ân).' Sabihin: 'Magdala magkagayon ng sampung hinuwad na Sûrah (kabanata) na katulad nito (Qur'ân), at tawagin kahit sinuman ang inyong nais maliban sa Allâh, kung nagsasabi nga kayo ng totoo!'*"

Nguni't nabigo pa rin silang gawin ito. Sa bandang huli'y binawasan pa ito sa iisang kabanata. Ipinababatid sa atin ng talata 2:23-24:

"*At kung kayo (mga paganong Arabo, Hudyo at Kristiyano) ay nag-aalinlangan tungkol sa Aming ipinahayag (ang Qur'an) sa Aming alipin (na si Muhammad), kung gayo'y gumawa kayo ng isang Surah (kabanata) na katulad nito at tawagin ninyo ang inyong mga saksi maliban sa Allah kung kayo ay nagsasabi ng totoo. Subali't kung hindi ninyo ito magagawa at kailanma'y hindi ninyo ito magagawa; inyong katakutan ang Apoy (Impiyerno) na ang panggatong nito ay mga tao at mga bato, na siyang inihanda sa mga hindi sumasampalataya.*"

Ang talata 10:38 ay nagsasabi: "*O sinasabi ba nila: 'Siya (Muhammad) ay hinuwad lamang niya ito (Ang Qur'an)?' Sabihin: 'Magkagayo'y magdala ng isang Surah (kabanata) na katulad nito at tawagin ninyo kung sinuman ang inyong kayang tawagin bukod sa Allah, kung kayo ay nagsasabi ng totoo!'*"

Nabigo pa rin silang gawin ito. Pinatotohanan lamang nito na ang mga kaaway ng Islam, bagama't mga batikang mananalumpati, mga mahuhusay magsalita at napakahusay sa Arabik, ay nabigong kumatha ng isa man lamang kabanatang katulad ng nasa Qur'an. Kung sakaling nagkaroon lamang sila ng kakayahan na tapatan ang paghamon na ito, hindi na sana nasayang ang marami nilang oras na ginugol at pagod sa pagtatangkang wakasan ang Islam nang sapilitan. Di-tulad ng Bibliya, ang Qur'an ay malaya sa lahat ng uri ng kamalian, pagkakaiba-iba, pagsasalungatan o paglaban sa katwiran at agham.

Mababasa natin sa Qur'an, talata **4:82**: *Magkagayon ba'y hindi nila binibigyan ng masusing pagsaalang-alang ang Qur'an? Kung ito'y nagmula sa iba bukod sa Allah, katiyakang natagpuan na nila rito ang napakaraming pagkakasalungatan.*

Ang Qur'an, na ipinahayag 14 na dantaon na ang nakalilipas, ay nagsasaad ng mga katotohanang kamakailan lamang natuklasan o napatunayan ng mga siyentipiko sa tulong ng mga moderno o makabagong kasangkapan at mauunlad na siyentipikong pananaliksik. Halimbawa, ang Allah ay malinaw na nagpahayag ng mga yugtu-yugto ng pagbuo o paglaki ng punla o bilig (*embryo*) ng tao sa sinapupunan:

*"At katotohanan, nilikha Namin ang tao (Adam) mula sa isang luwad (alabok at tubig). Pagkaraan nito'y ginawa Namin siya (mga lahi ni Adam) bilang isang Nutfah (magkahalong semilya ng lalake at babae) sa isang ligtas na lagakan (sinapupunan ng ina). Pagkaraa'y ginawa Namin ang Nutfah sa isang namumuong dugo, pagkaraa'y ginawa*

*Namin ang namumuong dugo sa isang pirasong laman, at ginawa Namin mula sa isang pirasong laman ang mga buto, pagkaraa'y binihisan Namin ang mga buto ng laman, at pagkatapos pinangyari Naming iluwal ito bilang ibang nilikha. Kaya, kaluwalhatian sa Allah, ang Mahusay sa Paglikha."* **(Q 23:12-14)**

Ang Qur'an ay tumutukoy din sa paglikha ng sanlibutan. Ang talata **21:30** ay nagsasaad: *"Hindi ba batid ng mga di-sumasampalataya na magkasamang magkadugtong ang mga kalangitan at ang mundo bilang isang magkaisang bahagi, pagkaraa'y pinaghiwalay Namin ang mga ito? At ginawa Namin ang lahat ng nabubuhay na bagay mula sa tubig. Sumakatwid ba'y hindi sila maniniwala?"*

Ang paksa ng talatang ito ay siyang paksa ng Nobel Prize ng 1973. Ang makabagong agham ay nagpatunay ding 80% ng *cytoplasm* ng buhay na selula ay tubig. Para makarating ang gayong ganap na kaalaman sa Sugo ng Allah na si Propeta Muhammad (ﷺ), isang taong hindi nakapag-aral na hindi marunong bumasa't sumulat,[18] sa mahigit na 14 na dantaon ang nakalilipas, ito ay isang malinaw na patibay na ang Qur'an ay Salita ng Allah, at si Muhammad (ﷺ) ay Kanyang Sugo.

---

[18]Sa Qur'an, talata 29:48, sinasabi ng Diyos, *"Hindi ka (O Muhammad) nakabasa ng anumang aklat bago ito (ang Qur'an), ni hindi ka nakasulat ng anumang uri ng aklat sa iyong kanang kamay. Katotohanan, (kung marunong kang bumasa at sumulat bago ipinahayag ang Qu'ran sa iyo), ang mga tagasunod ng kasinungalinangan ay maaaring mag-alinlangan, at kanilang sasabihin: 'Napag-aralan niya ito mula sa mga naunang aklat o di kaya'y kinopya niya ito mula roon.'"*

## V. Ang Buhay at Misyon ni Hesus

Sadyang kaunti ang kaalaman tungkol sa mga unang taon ng buhay ni Hesus. Si Birheng Maria ay nagsilang sa kanya sa Palestine. Lahat ng mga Muslim ay pinanini-walaan at iginagalang si Hesus dahil sa mga pagbanggit sa kanya sa Qur'an at sa mga Hadith (Propetikong salaysay) bilang isa sa mga pinakadakilang Propeta ng Allah.

Ang buod ng kanyang mga turo ay batay sa paniniwala sa Natatanging Diyos at ang pag-iwas sa pagsamba kaninuman bukod pa sa Kanya. Nangaral din siya ng pag-ibig at kapayapaan. Nagsagawa siya ng maraming himala nang di-kailanman iniugnay ang mga iyon sa kanyang sarili, kundi ipinamumulat lagi niya na ang mga iyon ay sa kalooban ng Diyos.[19]

Sa Juan 5:30, si Hesus ay binanggit na nagsabing: "*Hindi ako makagagawa ng anuman mula sa aking sarili...*" Ang Lucas 11:20 ay nagsasaad: *"Subalit, kung sa pamama-gitan ng daliri ng Diyos, ay nagpapalayas ako ng mga demonyo..."*

---

[19]Sa kabila nito, nakikita natin ang mga Kristiyanong tagapangaral ay iginigiit ang pagsalungat sa mga turo ni Hesus at ang pagturing sa kanyang mga himala bilang sariling pagnanais ni Hesus bilang dahilan ng kanyang pagkadiyos. Maaari, kung gayon, na itanong sa kanila, "Bakit hindi ninyo itinuturing na Diyos si Moises yayamang hinampas niya ang dagat ng kanyang tungkod at hinati ito?" (Exodo 14:16-29). Ang kanyang tungkod ay nagpalit-anyo rin bilang ahas (Exodo 4:2-5). "Bakit hindi ninyo itinuring na Diyos si Josue bagama't inutusan niyang tumigil ang araw at ang buwan, at sila ay tumalima sa kanyang utos?" (Josue 10:12-13). "Bakit hindi itinuring na Diyos si Elias gayong pinadali niya ang kamatayan?"(I Mga Hari 17:20-22).At paano si Elisha na nagpabalik din ng buhay sa namatay (II Mga Hari 4:32-35). Maging ang mga buto ni Elisha pagkatapos niyang mamatay ay nagpabangon sa patay (II Mga Hari 13:20-21). Sa ganang kay Ezekiel (37:7-10), ibinalik niya ang buhay ng buong hukbo ng libu-libong tao. Gayunpaman, walang sinuman sa kanila ang kinilalang Diyos o kaya'y isang diyos.

Si Hesus ay nakaugaliang magsumamo sa Diyos – ang Lumikha ng mga kalangitan at kalupaan. Pagkaraang ibalik ang buhay si Lazaro, isinasaad ng Juan 11:41-42,

"...*Tumingin si Hesus sa itaas at sinabi, Ama, nagpapasalamat ako sa iyo na ako'y iyong pinakinggan. At alam kong ako'y lagi mong pinakikinggan. Ngunit ito'y sinabi ko alang-alang sa maraming taong nasa palibot, upang sila'y sumampalataya na ako ay isinugo mo.*"

Si Simon (Pedro), isang pangunahing disipulo, ay nagsabi: "*Kayong mga Israelita, pakinggan ninyo ang mga salitang ito: Si Hesus na taga-Nazaret, isang lalaking pinatunayan ng Diyos sa inyo sa pamamagitan ng mga gawang makapangyarihan, mga kababalaghan at mga tanda na ginawa ng Diyos sa pamamagitan niya sa gitna ninyo, gaya ng nalalaman ninyo.*" (Mga Gawa 2:22)

Maging ang mga taong nakasaksi sa mga himalang iyon ay nababatid na ang mga ito ay pinagtibay ng Diyos bilang patotoo na si Hesus ay isang propeta ng Diyos. Hinggil sa anak na lalaki ng balong babae, na ang buhay ay ibinalik muli ni Hesus, ang mga naroroon ay nagsabi:

"...*Lumitaw sa gitna natin ang isang dakilang propeta at dinalaw ng Diyos ang kanyang sambayanan.*"(Lucas 7:16).

Sa Qur'an, ang dakilang Propetang ito ng Diyos ay tinutukoy na "*Hesus, anak ni Maria* nang 25 ulit, saman-talang ang pangalan ni Propeta Muhammad (ﷺ) mismo ay limang beses lamang.

Sa Kabanata 3 ng Qur'an, tinatawag na *Âle `Imrân* (Ang Pamilya ni `Imrân), talata 42 hanggang 62, *nababasa natin: (Salin ng kahulugan):*

*42: At (tandaan) nang sabihin ng mga anghel: 'O Maryam (Maria)![20] Katotohanan, pinili ka ng Allah, pinadalisay ka [mula sa Shirk (pagbibigay katambal sa Allah)] at pinili ka nang higit sa mga kababaihan ng Alamin (lahat na nilikha).'*

*43: O Maryam (Maria)! "Gawing wagas ang iyong pagsamba sa iyong Rabb (Panginoon). At magpatirapa at yumuko kasama ng mga yumuyuko (sa Salah [pagdarasal])."*

*44: Bahagi yaon ng mga ulat tungkol sa Al-Ghaib (mga di-nakikita) na Aming inihahayag sa iyo (O Muhammad). At hindi ka nila kasama noong nagsihagis sila ng kanilang mga panulat (upang mapagpasiyahan) kung sino sa kanila ang mag-aaruga kay Maryam (Maria). Ni hindi ka (rin nila) kasama noong magtalo-talo sila.*

*45: (Tandaan!) Nang sabihin ng mga anghel: "O Maryam (Maria)! Katotohanan nagbibigay sa iyo ang Allah ng magandang balita ng isang Salita ("Maging! at nagka-gayon") mula sa Kanya. Ang kanyang pangalan ay Messiah 'Isa (Hesus), ang anak ni Maryam (Maria). At (siya ay) may marangal na antas sa daigdig na ito at sa Kabilang Buhay. At (siya'y) mabibilang sa mga malalapit (sa Allah).*

---

[20]Si Maryam (Maria), ang ina ni Propeta `Isâ (Hesus) ang tanging babaeng binanggit ang pangalan sa Qur'an. Ang pangalan niya ay lumitaw nang 34 na beses. Bukod dito, walang isa mang kabanata sa Bibliya na nagtataglay ng kanyang pangalan, samantalang isang buong kabanata sa Qur'an ang nakapangalan sa kanya. Sa katotohanan, walang kabanata sa Qur'an ang bumabanggit sa pangalan ng ina ni Muhammad(ﷺ),o mga anak na babae o mga asawa.At dahil sa reputasyon o katayuan ni Maryam (Maria) sa Islam at ng malaking pagmamahal ng mga Muslim para sa kanya, ipinapangalan nila ang kanilang mga anak na babae katulad ng kanyang pangalan– Maryam (Maria)

46: *At magsasalita siya sa tao (sa panahon ng kanyang pagkasanggol) mula sa duyan at sa (panahong siya ay nasa) tamang gulang, at (siya'y) mabibilang sa mga matutuwid.*

47: *Siya (si Maryam [Maria]) ay nagsabi: "O aking Rabb! Paano ako magkakaroon ng anak gayong walang taong sumaling sa akin." Siya'y nagsabi: "Ganoon ang Allah, nililikha Niya ang anumang Kanyang naisin. Kapag itinakda Niya ang isang bagay, Kanya lamang sasabihin: Kun (Maging!) Fayakun (at nangyari na).*

*48: At ituturo (ng Allah) sa kanya ('Isa [Hesus]) ang Aklat at ang Hikmah (ang ganap na kaalaman bilang isang Propeta), ang Tawrah (Batas) at ang Injeel (Ebanghelyo).*

49: *At (gagawin siyang) isang Sugo sa mga angkan ni Israel (na nagsasabi): "Katotohanan! Dumating ako sa inyo na may dalang Ayah (Tanda) mula sa inyong Panginoon. Huhubog ako para sa inyo mula sa luwad (putik) ng animo'y hugis ibon, at hihipan ko ito, at magiging ibon ito sa kapahintulutan ng Allah. At pagagalingin ko ang ipinanganak na bulag, at ang may ketong, at bubuhayin ko ang patay sa kapahintulutan ng Allah. At ipababatid ko sa inyo kung ano ang inyong kinakain at kung ano ang itinatabi ninyo sa inyong mga bahay. Katotohanan! Naririto ang Ayah (Tanda) sa inyo kung tunay nga kayong mananampalataya."*

*50: "At (ako'y pumarito upang) magpatunay sa Tawrah (Batas) na nauna sa akin, at upang ipahintulot ang ilang ipinagbawal sa inyo. At dumating ako sa inyo nang may dalang Ayah (Tanda) mula sa inyong Panginoon. Samakatuwid matakot sa Allah at sumunod (sa akin)."*

*51: "Katotohanan! Ang Allah ang aking Panginoon at inyong Panginoon, samakatuwid Siya lamang ang sambahin. Ito ang matuwid na landas."*

*52: At nang maramdaman ni 'Isa (Hesus) sa kanila ang kawalang-paniniwala, siya ay nagsabi: "Sino ang aking mga*

*tagatulong sa (pagpapalaganap sa Salita ng) Allah?" Al-Hawariyyun (Ang mga tagasunod niya) ay nagsabi: "Kami ang mga tagatulong (sa pagpapalaganap sa Salita) ng Allah; naniwala kami sa Allah, at magbigay-saksi na kami'y mga Muslim (sumusunod sa kalooban ng Allah)."*

*53: O aming Panginoon! Naniniwala kami sa anumang Iyong ipinababa, at sumusunod kami sa Sugo ('Isa [Hesus]); kaya itala Mo kami (O Allah) na kasama ng mga As-Shaheedin (Sumasaksi).*

*54: At nagbalak sila (mga Hudyo na patayin si 'Isa [Hesus]) at nagbalak din ang Allah (laban sa kanila). At higit na mahusay ang Allah (sa lahat) ng mga nagbabalak.*

*55: (At tandaan!) Nang sabihin ng Allah: "O 'Isa (Hesus!) Katotohanan, Ako ang kukuha sa iyo at magtataas sa iyo[21] sa Akin at magpapadalisay sa iyo sa mga hindi nananampalataya. At (Aking) gagawin ang mga sumusunod sa iyo nang may kahigtan sa mga hindi nananampalataya hanggang sa Araw ng Pagbabangong-Muli. Pagkatapos sa Akin ang inyong pagbabalik, at maghahatol Ako sa pagitan ninyo sa anumang dati ninyong pinagtatalunan."*

*56: Kaya yaong mga hindi nananampalataya, paruru-sahan Ko sila nang may matinding parusa sa daigdig na ito at sa Kabilang Buhay, at wala silang magiging mga tagatulong (na pipigil sa parusang ipapataw sa kanila).*

57: *At tungkol naman sa mga naniwala (sa kaisahan ng Allah) at gumawa ng mga kabutihan, ipagkakaloob sa kanila (ng Allah) ang kanilang mga gantimpala. At hindi minamahal ng Allah ang mga Zalimun (ang mga hindi makatarungan).*

---

[21] Iniligtas ng Allah si Hesus at itinaas siya sa langit nang buhay, sa katawan at kaluluwa nang walang pinsala at hapdi.

*58: Itong isinasalaysay Namin sa iyo (O Muhammad) ay kabilang sa Ayaat (mga Tanda) at Ganap na Paalaala (Banal na Qur'an).*

*59: Katotohanan! Ang katulad ni 'Isa (Hesus) sa (pananaw ng) Allah ay katulad ni Adam. Nilikha siya mula sa alabok. Kapag-daka'y sinabi (ng Allah ) sa kanya: Kun (Maging!) Fayakun (at naroon na siya).*

*60: (Ito) Ang katotohanan mula sa iyong Panginoon, kaya huwag mabilang sa mga nag-aalinlangan.*

*61: Kaya sinumang makipagtalo sa iyo tungkol sa kanya ('Isa [Hesus]) pagkatapos dumating sa iyo ang kaalaman, sabihin mo (O Muhammad): "Halina kayo, tawagin natin ang aming mga anak at inyong mga anak, ang aming kababaihan at inyong kababaihan, ang aming mga sarili at inyong mga sarili, at pagkatapos marubdob nating hilingin ang Sumpa ng Allah na (ito'y) ipataw sa mga nagsisinungaling."*

*62: Katotohanan! Ito ang tunay na kasaysayan (tungkol kay 'Isa [Hesus], at walang diyos (na dapat sambahin) maliban sa Allah. At katotohanan, ang Allah ay Al 'Aziz (Ang May Lubos na Kapangyarihan), Al-Hakim (Ang Nagtataglay ng Walang-hanggang Karunungan).*

At sa Kabanata 19, na may pamagat na *Maryam (*Maria), mga talata 16 hanggang 36, ipinahayag ng Allah:

*16: At banggitin (mo O Muhammad) ang hinggil kay Maryam (Maria) na nakasaad sa Aklat, nang siya'y lumisan sa pamilya tungo sa pag-iisa sa isang pook na nakaharap sa silangan.*

*17. At naglagay siya ng tabing sa pagitan nila; pagkaraa'y ipinadala Namin sa kanya ang Aming Ruh (Anghel Gabriel),*

*at lumitaw sa kanya sa isang ganap na lalaking anyo sa lahat ng bagay.*

*18: Siya (si Maria) ay nagsabi: "Katotohanan, nagpa-pakupkop ako sa Al-Râhmân (Allâh) laban sa iyo, kung may takot ka sa Allâh."*

*19: (Ang anghel ay) Nagsabi: "Ako'y isang sugo lamang mula sa iyong Panginoon, (upang ipahayag) sa iyo ang handog – isang makadiyos na anak na lalaki."*

*20: Siya (si Maria) ay nagsabi: "Paano ako magkakaroon ng anak samantalang walang lalaking sumaling sa akin, ni hindi ako mahalay na babae?"*

*21: Siya(ang anghel)ay nagsabi: "Sa ganito nagsasabi ang iyong Panginoon: 'Iyon ay madali para sa Akin. At upang italaga siya bilang isang tanda sa sangkatauhan at isang habag mula sa Amin, at isang bagay na itinakda (ng Allâh)'."*

*22: Kaya kanyang ipinaglihi siya, at siya'y lumayong kasama niya sa isang malayong pook.*

*23: At ang sakit ng panganganak ang nagdala sa kanya sa isang puno ng palmerang datiles. Kanyang sinabi: "Sana'y namatay na ako bago pa (dumating) ito, at nabaon na ako sa limot at wala na sa paningin!"*

*24: At may tumawag sa kanya mula sa kanyang ibaba na nagsasabi: "Huwag malungkot, nagkaloob ang iyong Panginoon ng isang batis sa ibaba mo."*

*25: "At yugyugin ang puno ng palmerang datiles patungo sa iyo,ilalaglag nito ang sariwang hinog na datilies sa iyo."*

*26: "Kaya kumain at uminom at magdiwang. At kung makakita ka ng tao, sabihin sa pagsenyas: 'Katotohanan, sumumpa ako ng isang pag-aayuno para sa Al-Râhmân (Allâh) kaya hindi ako makikipag-usap sa kaninuman sa araw na ito'."*

*27: Pangko niya ang bata at kanyang dinala siya sa kanyang angkan. Sila'y nagsabi: "O Maria! Katotoha-nang nagdala ka ng isang (kagimbal-gimbal at) napaka-lubhang bagay."*
*28: "O kapatid ni Hârun! Ang iyong ama ay isang taong hindi gumawa ng pangangalunya, ni hindi mahalay ang iyong ina."*
*29: Pagkaraa'y kanyang itinuro siya (si Hesus). Sinabi nila: "Paano kami makikipag-usap sa isang sanggol na nasa aluyan?"*
*30: Tumugon ang sanggol: "Katotohanan, ako ay alipin ng Allâh, at ako'y Kanyang binigyan ng kasulatan (Ebang-helyo), at ginawa Niya akong isang Propeta."*
*31: "At pinagpala Niya ako saan man ako naroroon, at ipinag-utos sa akin ang Salâh at Zakâh,[22] habang ako'y nabubuhay."*
*32: "At maging masunurin sa aking ina, at hindi ako ginawang palalo, o pinagkaitan ng pagpapala."*
*33: "At Salâm (kapayapaan) sa akin sa araw na ako'y isinilang, at sa araw na ako'y mamatay, at sa araw ng ako'y bubuhaying muli!"*
*34: Ganito si 'Isa (Hesus), ang anak ni Maria. Ito ay isang pahayag ng katotohanang pinag-aalinlangan nila (o pinagtatalunan).*
35: *Hindi marapat sa (Kamaharlikaan ng) Allah ang magkaroon Siya ng anak. Kaluwalhatian sa Kanya. Kapag ipinasiya Niya ang isang bagay, sasabihin lamang Niya dito: "Maging!" At mangyayari na.*

---

[22] Ang *Zakah* ay isa sa mga haligi ng Islam. Ito ay isang takdang bahagdan o porsiyento (*fixed percentage*) na 2.5 mula sa kabuuan ng kayamanan ng isang mariwasang Muslim na kanyang dapat ipamahagi minsan sa isang taon sa mga maralita at nangangailangang Muslim.

*36: (Sinabi ni Hesus):"At katotohanan, ang Allah ay aking Panginoon at ang inyong Panginoon. Kaya sambahin Siya. Ito ang matuwid na landas."*

Dagdag pa rito, ang mga salita ni Propeta Muhammad(ﷺ) ay nagsasaad din ng mga pagbanggit kay Hesus. Sinabi niya sa isang salaysay:

"*Ako ang pinakamalapit kay Hesus, anak ni Maria dito sa daigdig at sa Kabilang-Buhay. Ang mga Propeta ay magkakapatid sa ama; iba-iba ang kanilang mga ina nguni't iisa ang kanilang relihiyon.*" (Al-Bukhari 3370)

Sa isa pang hadith, sinabi ni Propeta Muhammad(ﷺ):

"*Kapag isinilang ang sinumang tao, kakantiin siya ni Satanas sa bawa't tagiliran niya ng kanyang dalawang daliri maliban kay Hesus, ang anak ni Maria." Sinubukan ni Satanas na kantiin subalit nabigo siya, kaya'y sa halip kinanti niya ang placenta nito.* *(Naitala ni Imam Bukhari 3216).*

Ito ang katugunan sa panalangin ng kanyang lola, "*ang maybahay ni `Imrân*," na ayon sa salaysay sa Qur'an na siya ay nagsabi:*"O aking Panginoon! Nagsilang ako ng isang batang babae."... at pinangalanan ko siyang Maryam (Maria). At katotohanan, pinakupkop ko siya sa Iyo (O Allah) at ang magiging supling niya laban kay Satanas, ang isinumpa"* (Pagkakasalin ng kahulugan, Qur'an, 3:36).[23]

Itinuturing ng Qur'an ang pagkatao nina Hesus at Muhammad (ﷺ) na magkatulad na dalisay, walang dungis at marangal, dahil kapwa sila mga Sugo mula sa iisang Makapangyarihang Allah.

---

[23]Ang Qur'an at si Propeta Muhammad(ﷺ) ay kapwa nagparangal kay Hesus sa pagsasabing siya ay pinangalagaan ng Allah laban sa kasamaan ni Shaytan. Katotohanan, ito ay pagsalungat o pagpapabulaan sa pag-aangkin ng Bibliya sa Lucas 4:2 na si Hesus ay ***tinukso ng demonyo.***"

## VI. Si Propeta Muhammad(ﷺ)

Sinabi ni Hesus sa mga Hudyo na wala ng propetang lilitaw pa mula sa kanilang lahi pagkatapos niya, at ang Kaharian ng Diyos ay aalisin sa kanila at ibibigay sa isang bansang higit na karapat-dapat (**Mateo 21:43**). Ang bansang ito ay ang lahing mula kay Ishmael na itinatwa (tinanggihan) ng mga Hudyo.[24]

Ang Qur'an (61:6) ay nagsasaad: "*At (alalahanin) nang si Hesus, anak ni Maria ay nagsabi*: "*O angkan ni Israel! Ako ay Sugo ng Allâh sa inyo na nagpapatunay sa Taurat na unang dumating sa akin, at nagbibigay ng magandang balita sa isang Sugo na darating pagkatapos ko, na ang kanyang pangalan ay Ahmad. Subali' t nang siya'y dumating sa kanila nang may malinaw na mga katibayan, sila ay nagsabi*: "*Ito ay isang malinaw na salamangka*."

Sa Bagong Tipan, si Hesus ay nagbigay hula sa pagdating ni Muhammad (ﷺ) sa mga salitang ito: "*Gayunma'y sinasabi*

---

[24]Sa kabila ng pagtatatwang ito ng mga Hudyo sa mga Arabo at ang kanilang maliwanag na pagtanggi sa Propeta ng Islam, makikita ng mambabasa ng Qur'an na binukod-tangi ng Allah ang Angkan ni Isrâ`il nang ilang panahon (Qur'an 2:47). Maraming salaysay sa Qur'an ang nagsasaysay tungkol sa kanila at sa kanilang mga Propeta, lalung-lalo na ni Moises, na binanggit ang pangalan nang 136 beses sa Qur'an. Hindi lamang iyon, hinimok ni Propeta Muhammad(ﷺ) ang mga Muslim na mag-ayuno sa ika-9 at ika-10 ng Muharram (ang unang buwan ng kalendaryong Islamiko) sa bawa't taon bilang pasasalamat sa Allah sa pagliligtas kay Moises at sa mga Angkan ni Isrâel laban sa hukbo ng Pharaoh sa pamamagitan ng paghati sa Pulang Dagat (Red Sea). Ang mga Muslim ay patuloy na nagsisipag-ayuno bilang paggunita sa kaganapang ito sa nakaraang mahigit 14 na dantaon. Nagtatangan din ang mga Muslim ng dakilang paggalang at pagmamahal sa lahat ng mga Propeta ng Angkan ni Isrâel. Kaya naman, maraming pamilyang Muslim ang nagpapangalan sa kanilang mga anak hango sa mga pangalan ng mga Propetang yaon.

*ko sa inyo ang katotohanan. Makabubuti sa inyo na ako'y umalis, sapagkat kung hindi ako aalis, ang Mang-aaliw ay hindi darating sa inyo. Ngunit kung ako'y umalis, siya'y susuguin ko sa inyo. At pagdating niya, kanyang susumbatan ang sanlibutan tungkol sa kasalanan, sa katuwiran, at sa kahatulan...mayroon pa akong maraming bagay na sasabihin sa inyo, ngunit hindi ninyo kayang dalhin sa ngayon. Subalit kapag dumating na ang Espiritu ng katotohanan, papatnubayan niya kayo sa buong katotohanan. Sapagkat hindi siya magsasalita nang mula sa kanyang sarili, kundi ang anumang bagay na kanyang marinig, iyon ang kanyang sasabihin at kanyang ipahahayag sa inyo ang mga bagay na darating. Luluwalhatiin niya ako...*" (**Juan 16:7-14**). Mula noon, sino ang nakapagluwalhati kay Hesus na katulad ng ginawa ni Muhammad(ﷺ)?[25]

Sa Ebanghelyo ni Barnabas, isa sa mga Ebanghelyong di-kinikilala ng Simbahan, sinabi ni Hesus: "*Yayamang ang tao'y tinawag akong 'Diyos' at 'Anak ng Diyos', niloob ng Diyos, upang hindi ako kutyain ng mga demonyo sa Araw ng Paghuhukom, na ako ay kutyain ng tao sa mundong ito sa pamamagitan ng pagkamatay ni Hudas,*[26] *sa pagpa-paniwala*

---

[25]Maraming tao ang nagmalabis tungkol sa pagkatao ni Hesukristo. Ang ilan ay itinatwa siya at hindi siya binigyan ng halaga, habang ang iba'y pinabulaanan ang kanyang paglitaw sa pamamagitan ng pagturing sa kanya bilang isang taong likhang-isip, at iba naman sa kanila ay sumalungat sa tunay niyang katuruan na pagsamba sa Iisang Tunay na Diyos, ang kanyang di-umano'y mga tagasunod ay nagsitungo sa ibang direksyon. Tanging ang Islam lamang ang nagpatotoo ng kanyang pagka-Propeta at nagtanggol sa kanyang pagkatao at ipinahayag ang kanyang aral hinggil sa pagsamba sa nag-iisang Diyos lamang.

[26]Ayon sa mga Ebanghelyo, si Hesus ay ipinagkanulo (pinagtaksilan) sa pamamagitan ng 30 pirasong pilak ng kanyang ingat-yaman (tesorero). Subali't si Ibn Kathir, sa kanyang pakahulugan sa Qur'an (**4:157**) at ang iba pa ay nagsasabing ang disipulong di-umano'y nagkanulo kay Kristo ay hindi tunay na ginawa iyon; sa halip ay isinakripisyo niya ang kanyang

*sa mga taong ako ay namatay sa krus. At ang pangungutyang ito ay magpapatuloy hanggang sa pagda-ting ni Muhammad, ang Sugo ng Diyos, na kapag siya ay dumating ay ihahayag niya ang panlilinlang na ito sa mga naniniwala sa batas ng Diyos.*" **(Barnabas 220)**.

Binanggit din ang hinggil kay Propeta Muhammad(ﷺ) nang maraming beses sa maraming bahagi ng Lumang Tipan na nananatili hanggang sa mga araw na ito sa kabila ng pagbabago na dinanas nito. Halimbawa, sa **Deutero-nomio 18:18-19**, nababasa natin:

"*Ako'y hihirang para sa kanila ng isang propeta na katulad mo mula sa kanilang mga kapatid at Aking ilalagay ang aking mga salita sa bibig niya at kanyang sasabihin sa kanila ang lahat ng Aking iuutos sa kanya. At sinumang hindi makikinig sa Aking mga salita na kanyang bibigkasin sa Aking pangalan ay ipananagot Ko ito sa kanya.*"

Ang Makkah (**Bakkah**), kung saan unang tinanggap ni Propeta Muhammad(ﷺ) ang mga pahayag ng Diyos sa kanya, ay binanggit sa **Mga Awit 84:6**: "*Sa kanilang pagdaan sa* ***libis*** *ng* ***Baca****, ay ginawaan nila ito (dako ng mga) bukal; pinuno din ito ng mga (pagpapala ng) ulan.*"

---

sarili para kay Kristo. Pagkatapos niyang marinig na sinabi ni Kristo, "*Sa araw ng panganib, sino ang magnanais na makamukha ko, at siya ay makakasama ko sa Paraiso?*" ang disipulong iyon ay nagpahayag ng kanyang kagustuhang maging kamukha niya, at ito nga ay nangyari. Ang gayong gawaing di-makasarili ay karapat-dapat sa mga disipulo ni Hesukristo. Sa kabilang dako, ang pagkakanulo ni Hudas, ayon sa mga Ebanghelyo, ay salungat sa ibang mga salaysay ng ebanghelyo gaya ng **Mateo 19:28**, "*…kapag uupo na ang Anak ng Tao sa kanyang maluwalhating trono, kayong mga sumunod sa akin ay uupo rin sa labindalawang trono na naghuhukom sa labindalawang lipi ng Israel.*" Kaya't kung si Hudas ay isang traydor, sinabi sana ni Hesus na "*labing-isang trono*" at hindi *"labindalawang trono."*

Ang Qur'an ay nagsasaad sa **3:96**, "*Katotohanan, ang pinakaunang Bahay (Dalanginan) na itinalaga para sa sangkatauhan ay yaong sa Bakkah (Makkah), na puno ng pagpapala at isang patnubay sa Alamin (sangkatauhan, jinn at lahat ng nilikha).*" Si Abraham ay binanggit din sa gayunding lugar kung saan doon niya itinatag ang pundasyon ng Banal na Tahanan ng Allah (ang Ka'bah), nagpapahiwatig na ito'y nasa tuyong lambak. Ating mababasa sa **Qur'an 14:37**:

"O aming *Panginoon*! Ginawa kong manahanan ang ilan sa aking mga supling sa tigang na lambak na malapit sa Iyong Banal na Bahay (*ang Ka`bah sa Makkah*)…"

Karagdagan pa, mababasa sa Bibliya: "*Ang pahayag mula sa Arabia…*" **Isaias 21:13**

Sa katunayan na si Propeta Muhammad(ﷺ) na hindi makabasa't makasulat ay binanggit sa **Isaias 29:12**, *"At nang ibinibigay nila ang aklat sa isang hindi marunong bumasa, na nagsasabi, "Basahin mo ito," kanyang sina-sabi, "Hindi ako marunong bumasa."*

Sa **Hadith Blg. 3 ng Sahih Al-Bukhari**, makikita natin ang hinggil sa unang Rebelasyon sa Propeta ng Islam, ang sumusunod:

"…*Siya* (*Muhammad*) *ay pumupunta sa yungib ng Hira (sa Makkah) hanggang sa dumating sa kanya sa yungib ang katotohanan nang biglang dumating sa kanya ang Anghel (Gabriel). Ang Anghel ay nagsabi sa kanya,* '***Iqra!*** (*Basahin mo!*) *Tugon niya,* '***Hindi ako makabasa***.' *Isinasalaysay niya* (*Muhammad*), '*Kaya't niyapos niya ako nang napakahigpit na nakapagpahina sa akin, at pagkatapos ay binitiwan niya ako at nagsabi,* '***Iqra***!' *Sinabi kong muli,* '***Hindi ako makabasa***.' *Niyapos niya akong muli nang napakahigpit at ako ay nanghina, pagkatapos ay binitiwan niya ako at sinabing muli,* '***Iqra!***' *Sinabi ko,* '***Hindi ako makabasa***.'

*Kaya't niyapos niya ako sa ikatlong pagkakataon nang napakahigpit, at pagkatapos ay binitiwan ako at sinabi*: '***Iq-râ bis-mi-rab-bi-kal la-dhee kha-laq*** (*Basahin mo sa Ngalan ng iyong Panginoon na Tagapaglikha.*) ***Kha-la-qal in-sâ-na min `a-laq*** (*lumikha sa tao mula sa namuong dugo.*). ***Iq-râ wa rab-bu-kal ak-ram*** (*Basahin mo at ang iyong 'Rabb' na Tagapaglikha ay Lubos na Mapagkaloob*).

Sa **kabanata 7, talata bilang 157**, "*…at yaong sumu-sunod sa Sugo, ang Propetang hindi marunong bumasa't sumulat na kanilang matatagpuang nakasulat sa Torah at Ebanghelyo.*"

Noong taong 571 *CE*, sa Arabia, ang hula ni Hesus at ng kanyang mga sinundan (naunang mga Propeta) ay natupad. Ang "Mang-aaliw" ay isinilang sa lipon ng mga Anak ni Ishmael[27] na naging mga politiyesta at sumasamba sa mga rebulto. Si Muhammad (ﷺ) ay mabunyi at kilala sa kanyang sambayanan dahil sa kawagasan ng kanyang pagkatao, sa kanyang pagmamahal sa katotohanan at sa kanyang pagkahabag sa mga dukha at mahihina. Nakilala siya bilang "***As-Sadiq Al-Ameen***" (Ang matapat na Mapagkatiwalaan) sa kanyang sambayanan. Sa ika-40 taong gulang nang siya ay hinirang ng Allah na maging Kanyang huling Sugo at Propeta sa sangkatauhan. Ipinangaral niya ang kaisahan ng Allah – ang Lumikha, ang Bukod-Tanging may karapatan sa

---

[27]Sa kabila ng katotohanang si Ishmael ang panganay na anak na lalaki ni Propeta Abraham na malinaw sa **Genesis 16:16**: "*Si Abraham ay walumpu't anim na taon nang ipanganak ni Hagar si Ismael sa kanya,*" at sa **Genesis 21:5**, "*Si Abraham ay isandaang taong gulang nang ipanganak si Isaac na kanyang anak,*" ang Bibliya ay sinasalungat ang sarili sa pag-aangkin ng kabaligtaran sa **Genesis 22:2**, "*At kanyang sinabi, Kunin mo ngayon ang iyong anak, ang iyong kaisa-isang anak na si Isaac...*"

pagsamba ng lahat ng nilalang, at ang Bukod- Tanging Makapangyarihan at ang Sandigan ng lahat.

Itinaguyod ng Allah si Propeta Muhammad(ﷺ) sa pamamagitan ng maraming himalang pinatotohanan ng mga saksing nakakita mismo bilang patotoo sa kanyang pagiging Propeta katulad ng pagkahati ng buwan (**Q. 54:1**), at ng matinding unos na ipinadala Niya upang hadlangan ang isang malawakang pagsalakay ng kaaway sa Madinah (**Q. 33:9**) at marami pang iba. Ang gayong mga himala ay binanggit sa Qur'an pagkatapos maganap ang mga ito, at ang mga di-sumasampalataya nang panahong iyon, na nananabik makakita ng isang kamalian sa Qur'an ay hindi nakakita ng anumang salungatan sa salaysay nito at sa aktuwal na mga pangyayari. Bunga nito, marami ang yumakap sa Islam nang buong puso. Sa ganang mga mananampalataya, ang mga himalang iyon ay nagpatibay ng kanilang pananampalataya at paniniwala sa Allah at sa Kanyang Sugo. Marami pang ibang himala ang binanggit din sa mga *hadith*, katulad ng pagdaloy ng tubig sa pagitan ng mga daliri ni Propeta Muhammad (ﷺ), ang pagdami ng pagkain, ang pagsasabi ng mga bagay na magaganap, at pagsasabi ng mga bagay na hindi pa nababatid na inihayag ng Allah sa kanya. Gayunpaman, ang buhay at nananatiling himalang iginawad ng Allah sa Propeta (ﷺ) ay ang Qur'an. Matatagpuan dito ang mga mahimalang lihim na pangwika, pang-agham, at pambatas na kalagayan.

Namuhay si Propeta Muhammad(ﷺ) sa piling ng kanyang mga kasamahan, pamilya at asawa. Walang anumang tungkol sa kanya ang hindi batid. Ang buhay niya ay isang bukas na aklat. Ang pinakadetalye tungkol sa kanyang buong buhay ay batid ng lahat ng mga naniwala sa kanya na siya ang Sugo ng Allah. Isinakripisyo nila ang kanilang sariling buhay dahil sa kanilang marubdob na paniniwala at pagsamba sa nag-iisang

Allah – ang pangunahing turo na ipinangaral ni Propeta Muhammad (ﷺ) sa sangka-tauhan. Walang maipagkaloob ang Propeta maliban sa mga pahayag na nagmula sa Panginoon ng lahat ng nilalang.

Ipinangaral niya ang mensahe ng pagkakapatiran sa ilalim ng bandila ng Islam, kung saan ay walang pagtatangi-tangi batay sa lahi, kulay, wika, yaman o kasarian. Ito ay pinatutunayan ng mga salita ng Diyos sa Qur'an (**49:13**):

"*O sangkatauhan! Nilikha Namin kayo mula sa lalaki at babae, at ginawa kayong sa maraming bansa (pama-yanan) at mga tribo upang makilala ninyo ang isa't isa. Kototohanan, ang pinakamarangal sa inyo sa paningin ng Allah ay yaong may takot sa Allah. Katotohanan, ang Allah ay Ganap na Maalam at Lubos na Nakakabatid ng lahat ng bagay.*"

Binigyang-diin ng Propeta na ang lahi ay walang halaga sa harap ng Allah.[28]

Sinabi niya: "*Ang inyong Panginoon ay Iisa, at ang inyong ama (si Adan) ay iisa. Ang isang Arabo ay hindi nakahihigit sa isang di-Arabo, at ang isang di-Arabo ay di-nakahihigit sa isang Arabo, at ang isang taong pula ay hindi nakahihigit sa isang taong itim at ang isang taong itim ay hindi nakahihigit sa isang taong pula, maliban sa pagiging maka-Diyos at pagkamatuwid.*"(Imam Ahmad 23105).

---

[28]Si Abu Lahab, ang tiyuhin ni Propeta Muhammad(ﷺ), ay tumanggi sa mensahe ng Allah, kinalaban niya ang Sugo ng Allah at pinagmalupitan ang mga mananampalataya. Bunga nito, inihayag sa kabanata 111 ng Qur'an na ang Impiyernong Apoy ang kanyang magiging hantungan sa kabilang buhay. Ang kanyang relasyon sa Propeta ay hindi nagdulot ng proteksyon sa kanya laban sa walang-hanggang kaparusahan.

Ito ay nangangahulugan na ang kabanalan at pagkama-tuwid ang siyang pamantayan ng Allah sa paghatol sa tao, anuman ang kulay o lahi.

Ang pang-aalipin ay laganap sa buong daigdig at pinahintulutan ng mga relihiyong likhang-tao nang kapanahunang iyon at ng Bibliya mismo, katulad ng nakasulat sa **Genesis 9:25-27**, **Exodo 21:2-12** at **Mga Efeso 6:5**.

Nang ipinadala ng Allah si Muhammad (ﷺ) na dala ang pinakahuli sa Kanyang mga mensahe, ang pagpapalaya ng mga alipin ay naging isa sa pinakadakilang mga gawain ng kabutihang makapagpapalapit sa isang tao sa Allah. Gayundin, ito ay naging kapuri-puring paraan ng pagkakamit ng Kanyang pagsang-ayon, kaluguran at pagpawi ng mga kasalanan at kamalian. Ipinahayag ng Allah:

"*Datapuwa't siya (ang tao) ay hindi nagsikap dumaan sa matarik na landas (tungo sa kabutihan at tagumpay)? At ano ang pagkakaalam mo sa matarik na landas? (Ito ang) Pagpapalaya sa isang leeg (alipin).*" (**Q 90:11-13**)

Si Propeta Muhammad(ﷺ) ay ipinadala bilang "…***isang habag sa lahat ng mga nilikha***."(**Q 21:107**). Sinabi ni Propeta Muhammad(ﷺ): "*Ang mga maawain ay kinaawaan sila ng Allah na Ganap na Maawain. Kung kayo'y magbigay ng habag sa mga nandito sa lupa, Siya na nasa langit ay magbibigay ng habag sa inyo.*" (At-Tirmidhi 1928).

Isinasaad ng isang Hadith: "*Sinumang hindi mahabag sa mga tao ay hindi magkakamit ng habag mula sa Allah.*"(Muslim 5983)

Si Propeta Mohammad(ﷺ) ay isang buhay na halimbawa ng awa. Ating mababasa sa kabanata 3:159:

"*At dahil sa Habag mula sa Allah, naging mahinahon ka (O Muhammad) sa (pakikitungo sa) kanila. At kung naging mabagsik ka at naging matigas ang puso, katiyakang*

*humiwalay (at nagsipaglisan) sila sa iyong paligid. Kaya magpaumanhin sa kanila at hingin ang kapatawaran (ng Allah) para sa kanila, at sumangguni sa kanila sa mga kaganapan..."*

Ang Propeta(ﷺ) ay mahabagin maging sa kanyang mga kaaway. Ang isang malinaw na halimbawa ng kanyang pagkamahahabagin ay naihayag nang masakop niya ang Makkah. Ang mga paganong taga-Makkah ay nagsipag-akala na maghihiganti siya laban sa kanila. Subali't nang tumindig siya sa pintuan ng Ka`bah at sinabi sa kanila:

"*Ano sa palagay ninyo ang gagawin ko sa inyo?*" "Nang m*ay kabaitan, mapagpala at maawaing kapatid,*" tugon nila ng tatlong beses. "*Magkagayon nga,*" pahayag ng Propeta. "*Sasabihin ko sa inyo ang katulad ng sinabi ni Propeta Yusuf sa kanyang mga kapatid: "Walang anumang ganti ang mapapasainyo sa araw na ito; nawa'y patawarin kayo ng Allâh, at Siya ang Pinakamahahabagin sa lahat ng nagpapakita ng habag."* (Qur'an 12:92) At pagkatapos ay sinabi niya sa kanila: "*Humayo na kayo, sapagka't kayo ay malaya na.*" (Al-Bayhaqi 18647-18648)

Kung ninais lamang niya, madali sa kanya ang maghiganti sa lahat ng pahirap at dinanas niya at ng kanyang mga tagasunod sa kanilang mga kamay na naging sanhi ng kamatayan ng ilan, subali't pinatawad niya silang lahat. Ito ay malinaw na nagpapatunay na siya ay tunay na isang awa sa sangkatauhan. Sa pagsagawa nito, sinusunod niya ang tagubilin sa Qur'an: *"...yaong nagpipigil ng galit, at nagpapatawad sa tao; tunay, kinalulugdan ng Allah ang mga Al-Muhsinun (gumagawa ng kabutihan)."* (**3:134**).

Ipinahayag din ng Allah: "*At hindi magkatulad ang mabuting gawa at masamang gawa. Itaboy ang masama sa*

*pamamagitan ng higit na mahusay (maging matiisin kapag galit) pagkaraa'y siya, na kung kanino ka nagkaroon ng hidwaan, ay magiging tila dati na siyang malapit na kaibigan. Subali't walang ginawaran ng ganito (katangian) maliban sa mga matiisin (mapagtimpi) – at walang ginawaran nito maliban sa pinagkalooban ng dakilang bahagi (ng ligaya sa Kabilang-Buhay – ang Paraiso).*" (**41:34-35**).

Nang ang kanyang mga kasamahan ay nagsumamo sa kanya upang hilinging pababain ng Allah ang galit sa kanyang mga kaaway pagkatapos nilang sirain ang kanyang ngipin at sugatan ang kanyang ulo, tumanggi siya at sinabi: "*O Allah, ang Panginoon na Tagapaglikha, kaawaan mo ang aking sambayanan sapagka't hindi nila nalalaman ang kanilang ginagawa.*" (Ibn Hibban 949)

Kailanma'y hindi siya nagalit para sa kanyang sariling kapakanan. Ang lahat ng kanyang galit ay alang-alang sa Allah. Kinaugalian niyang sabihin: "*Ang taong tunay na malakas ay hindi yaong lumalaban sa iba at tumatalo sa kanila, kundi yaong pinipigil ang sarili kapag nagagalit.*" (Muslim 6595)

Siya ay isang huwaran ng kababaang-loob. Minsan, isang lalaki ang lumapit sa kanya na nanginginig sa takot, sa pag-aakalang ang makakaharap niya ay isang hari. Nilapitan siya ng Propeta nang buong kapakumbabaan at sinabi sa kanya: "*Pumanatag ka, hindi ako isang hari. Ako'y anak ng isang babae na kumakain ng binilad na karne.*" (Ibn Majah 3391)

Sa isang Hadith, sinabi ng Propeta (ﷺ): "*Hindi maka-papasok sa Paraiso ang sinumang mayroong pagma-mataas sa kanyang puso kahit ang sukat ay katiting na katiting.*" (Muslim 225)

Nang maganap ang isang eklipse ng araw sa oras ng pagkamatay ni Ibrahim, ang anak ng Propeta(ﷺ), ang mga tao ay nagsimulang magsabing ang eklipse ay sanhi ng pagkamatay ng kanyang anak. Subali't tinawag niya sila at nagsabi, "*Ang araw at ang buwan ay dalawa sa mga tanda ng Allah. Hindi nag-eeklipse ang mga ito dahil sa pagsilang o pagpanaw ng sinuman.*" (Al-Bukhari 1044)

Sa isang Hadith, tinagubilinan ng Propeta(ﷺ) ang kanyang mga tagasunod: "*Huwag ninyo akong purihin nang labis na katulad ng ginawang pagpuri ng mga Kristiyano sa anak ni Maria (na si Hesus). Ako ay isang alipin lamang ng Allah. Kaya't tawagin ninyo akong alipin ng Allah at Kanyang Sugo.*" (Al-Bukhari 3372)

Isang kasamahan niya ang minsa'y nagsabi sa kanya: "*Ikaw ay aming Panginoon* (*Master*) *at may higit na kapangyarihan kaysa sa aming lahat.*" Ang Propeta ay tumugon, "*Tanging ang Allah lamang ang Panginoon! Hindi Ako panginoon ninuman. Huwag ninyong hayaang linlangin kayo ng demonyo. Ako ay isa lamang alipin ng Allah at Kanyang Sugo. Hindi ko gustong itaas ninyo ako nang higit sa pinaglagyan sa akin ng Allah.*" (Ahmad 12295)

Ang *Shari`ah* (batas ng Allah) na dinala ni Propeta Muhammad (ﷺ), ay ginawang pangunahing bahagi ng Islam ang pangangalaga sa mga mahihina, maralita, nagigipit at ulila.

Ipinahayag ng Allah sa kabanata **107:1-3:**, "*Nakita mo ba ang nagtatakwil sa Pagbabayad (Pagkabuhay na Mag-uli)? Na siya ay matinding nagtataboy sa mga ulila. At hindi siya naghihimok sa pagpapakain ng mahihirap?*"

Ang pagpapabaya sa mga nangangailangan ay maaaring maghatid din sa isang tao sa Impiyernong-apoy. Ipina-hayag

ng Allah: "*Katotohanan, hindi siya naniniwala sa Allâh – ang Dakila, at hindi siya nanghihikayat na pakainin ang mga mahihirap.*" **(69:33-34)**

Isinusumpa ng Islam ang lahat ng uri ng kawalang-katarungan, pananalakay at panliligalig laban sa mga walang kasalanan. Sinasabi ng Allah: "*...at huwag labagin ang mga hangganan. Katiyakan, hindi naiibigan ng Allâh ang mga lumalabag.*" **(2:190)**

Mababasa rin sa Qur'an: "*...ipinag-utos Namin sa Angkan ni Israel na sinuman ang pumatay (ng tao) hindi bilang ganti (o kabayaran) sa salang pamamaslang (ng tao), o di kaya ay maghasik ng kasamaan sa kalupaan – ay para na rin niyang pinatay ang buong sangkatauhan. At sinuman ang magligtas ng isang buhay, ay para na rin niyang iniligtas ang buhay ng buong sangkatauhan...*" (5:32)

Sa Islam, sadyang napakasama ang gawaing pagpatay ng tao. bukod pa rito, pinapayuhan ang mga Muslim na maging mabait sa mga hayop at pinagbabawalang saktan ang mga ito. Sa isang pangyayari, sinabi ng Propeta (ﷺ):

"*Ang isang babae ay pinarusahan sapagka't ikinulong niya ang isang pusa hanggang sa mamatay ito. Dahil dito'y itinalaga siya sa Impiyernong-Apoy. Ikinulong niya ito, nang hindi pinakain o pinainom, ni hindi niya pinakawalan upang kumain ng mga gumagapang sa lupa.*" (Muslim 5804)

Isinalaysay din niya ang nangyari sa isang mahalay na babae (*prostitute*) na nagpainom sa isang asong halos mamatay sa uhaw, na dahil doo'y pinatawad ng Allah ang kanyang mga kasalanan. (Al-Bukhari 3392)

Minsa'y tinanong ang Propeta(ﷺ): "*O Sugo ng Allah, tayo ba'y gagantimpalaan dahil sa kabaitan sa mga hayop?*" *Sumagot siya*: "*May gantimpala para sa kabaitang ipinakikita sa bawa't may buhay.*"(Al-Bukhari 2323)

Ang mensahe ng Islam ay nagpapalaganap ng pagpapaubaya at paggalang sa mga karapatan ng lahat ng tao – Muslim man o hindi. Sa isang hadith, sinabi ni Propeta Muhammad(ﷺ): "*Sinumang gumawa ng kawa-lang-katarungan sa mga di-Muslim na mayroon silang sinumpaang kasunduan ng pangangalaga, o magkulang sa pagkakaloob sa karapatan nila, o magpapasan nang higit sa makakayanan nito, o kumuha ng anumang bagay nang labag sa kagustuhan nila, ako ay kanyang magiging kalaban sa Araw ng Paghuhukom.*" (Abu Dawood 3054)

Ang mensahe ng Islam ay nananawagan sa pagtupad sa mga tiwala at pag-iwas sa lahat ng mga gawaing pag-tataksil. Isinasaad ng isang Hadith: "*Isauli ninyo ang anumang ipinagkatiwala sa inyo sa mga nagmamay-ari nito na nagtiwala niyon sa inyo, at huwag pagtaksilan ang sinumang nagtaksil sa inyo.*" (At-Tirmidhi 1261)

Ang Islam ay mahigpit ding tinututulan ang karamutan o ang pagiging makasarili at nananawagan sa taong naisin para sa kapwa ang anumang ninanais para sa sarili. Sinabi ng Propeta (ﷺ), "*Hindi maituturing na tunay na mananampalataya ang sinuman sa inyo hanggang hindi niya naisin sa kanyang kapatid ang kung ano ang naiibigan niya para sa kanyang sarili.*" (Al-Bukhari 13)

Ang mabuting asal at paggalang sa kababaihan ay bahagi rin ng mensahe ng Islam. Sinabi ng Propeta: "*Ang mana-nampalatayang may ganap na pananalig ay yaong may pinakamabuting asal. At ang pinakamabuti sa mga mana-nampalataya ay yaong pinakamabuting makitungo sa kanilang kababaihan.*" (Ahmad 7374)

Gayundin, may lalaking lumapit sa Propeta (ﷺ) at nagsabi, "*O Sugo ng Allah, sino ang nakahihigit sa lahat na karapat-dapat kong pakitunguhan nang mabuti?*" *Sinabi ng Propeta,*

"*Ang iyong ina.*" *Itinanong ng lalaki*, "*Sino ang susunod?*" *Tumugon ang Propeta*, "*Ang iyong ina.*" *Muling nagtanong ang lalaki*, "*Sino ang susunod?*" *Muling tumugon ang Propeta*, "*Ang iyong ina.*" *Nang magtanong ang lalaki sa pang-apat na pagkakataon, sumagot ang Propeta*, "*Ang iyong ama.*" (Muslim 6452)

Ayon sa mga turo ng Islam, ang gantimpala sa paglilingkod at pangangalaga ng isang tao sa kanyang ina ay Paraiso. Tinagubilinan ng Propeta (ﷺ) ang isang lala-king sumangguni sa kanya tungkol sa pagnanais niyang sumama sa digmaan samantalang mayroon siyang maiiwa-nang ina na nasa kanyang pangangalaga. Ang Propeta(ﷺ) ay nagsabi: "*Manatili ka sa kanya sapagka't ang Paraiso ay nasa kanyang paanan.*" (An-Nasa`i 3106)

Sinabi rin ng Propeta (ﷺ): "*Sinuman ang may anak na babae at hindi niya ito ikinahihiya o hindi siya nagbibigay ng pagkiling sa mga anak niyang lalaki kaysa kanya, ipapasok siya ng Allah sa Paraiso dahil dito.*"(Ahmad 1966)

Sinabi rin ng Propeta (ﷺ): "*Sinuman ang may dalawang anak o kapatid na babae at pinakikitunguhan silang mabuti, ako at siya ay katulad ng dalawang ito.* (at pinagdikit niya ang kanyang hintuturo at gitnang daliri)" (Ibn Abi Shaibah 21179)

Samakatwid, malinaw na ang kabaitan sa kababaihan ay mahigpit na binibigyang-diin sa mga turo ng Islam at isang pangunahing mabuting gawa na magdadala sa isang tao sa Paraiso. Ayon sa Shari`ah, ang mga kalalakihan ay may pananagutan sa kalagayan ng kababaihan, siya man ay isang ama, anak, kapatid asawa o maging isang pinuno. Ang babae ay may karapatan sa kanyang bahagi ng pamana, sa dote sa oras ng kasal, sa pagpili ng kanyang pakakasalan, at mayroon siyang karapatang mag-asawang muli pagkatapos ng

diborsyo at iba pang katulad nito na sadyang taliwas sa sinasabi ng Bibliya.[29] Sa kabilang dako, mababasa sa Qur'an:

---

[29]Sa **Levitico 15:19-30**, ating mababasa: "*Kapag ang isang babae ay nilalabasan ng dugo na kanyang buwanang pagdurugo mula sa kanyang katawan, siya ay marumi sa loob ng pitong araw; at sinumang humipo sa kanya ay magiging marumi hanggang sa paglubog ng araw. Anumang kanyang mahigaan sa panahon ng kanyang karumihan ay magiging marumi; at anumang maupuan niya ay magiging marumi. Sinumang humipo ng kanyang higaan ay maglalaba ng kanyang mga damit, at maliligo sa tubig, at magiging marumi hanggang sa paglubog ng araw. At ang sinumang humipo ng alinmang bagay na kanyang maupuan ay maglalaba ng kanyang mga damit, at maliligo siya sa tubig, at magiging marumi hanggang sa paglubog ng araw. Maging ito ay nasa ibabaw ng higaan o nasa anumang bagay na inupuan niya, kapag kanyang hinipo, siya ay magiging marumi hanggang sa paglubog ng araw. Kung ang sinumang lalaki ay sumiping sa kanya, at mapasa lalaki ang karumihan niya, ang lalaki ay magiging marumi sa loob ng pitong araw; at bawat higaan na kanyang higaan ay magiging marumi. Kung ang isang babae ay labasan ng dugo sa loob ng maraming araw sa hindi kapanahunan ng kanyang karumihan, o kung labasan ng dugo sa lampas sa panahon ng kanyang karumihan; siya ay marumi sa buong panahon ng kanyang karumihan. Bawat higaan na kanyang hinihigan sa buong panahon ng kanyang pagdurugo, ay magiging sa kanya'y gaya ng higaan ng kanyang karumihan; at bawat bagay na kanyang maupuan ay magiging marumi, na gaya ng pagiging marumi ng kanyang karumihan. Sinumang humipo ng mga bagay na iyon ay magiging marumi, at maglalaba ng kanyang mga damit, at maliligo siya sa tubig, at magiging marumi hanggang sa paglubog ng araw. Subalit kapag siya'y gumaling sa kanyang pagdurugo, bibilang siya ng pitong araw, at pagkatapos niyon ay magiging malinis siya. Sa ikawalong araw ay kukuha siya ng dalawang batu-bato o ng dalawang batang kalapati, at dadalhin niya sa pari sa pintuan ng toldang tipanan. Ihahandog ng pari ang isa bilang handog pangkasalanan, at ang isa'y handog na sinusunog; at itutubos sa kanya ng pari sa harap ng PANGINOON, dahil sa kanyang maruming pagdurugo.*" Hindi lamang isinusumpa ng Bibliya ang babae sa habambuhay na karumihan at itinuturing siyang pinagmumulan ng karumihan; itinuturing din siyang isang makasalanang nakagawa ng isang krimeng nangangailangan ng pagsisisi na para bang iyon ay kanyang pinili. Inilalarawan ng Bibliya ang babae sa isang pinakaaba at pinakadustang kaparaanan. Sa **I Timoteo 5:10**, itinuturing na "*isang mabuting gawa*" para sa isang biyudang hugasan ang

"*...At sila (mga kababihan) ay may karapatan (sa kanilang mga asawa) katulad din ng mga karapatan ng kanilang mga asawa sa kanila, kung ano ang makatwiran...*" (2:228)

Ipinapayo rin ng Islam ang kabaitan sa mga magulang at pagkikitungo sa kanila nang may pagkahabag kahit nagkataong sila ay tutol sa Islam. Ipinahayag ng Allah:

"*At ipinag-utos Namin sa tao na maging mabuti sa kanyang mga magulang. Dinala siya sa sinapupunan ng kanyang ina nang may panghihina at paghihirap, at ang pag-awat sa kanya sa pagpapasuso ay pagkaraan ng dalawang taon. Magpasalamat ka sa Allâh at sa iyong mga magulang dahil sa Akin ang iyong huling hantungan. Subali' t kapag pinipilit ka nilang magtambal ng iba sa pagsamba sa Akin na hinggil dito'y wala kang kaalaman, huwag mo silang sundin*; *magkagayunma'y pakitunguhan mo pa rin sila nang may kabutihan dito sa daigdig*" (**31:14-15**).

Ang Islam ay nananawagan din na maging maamo at mahabagin sa pakikitungo sa kapwa. Nasasaad sa isang Hadith:

"*Ang Apoy (Impiyerno) ay ipinagbabawal sa sinumang nakikitungo sa tao nang may kabaitan, pang-unawa at habag, at siya ay malapit sa tao.*" (Imam Ahmad 3937)

Hinggil naman sa mga mabalasik, mapagmataas at walang pakundangan, ibinilang sila ng Propeta (ﷺ) sa mga manana-hanan sa Impiyernong-Apoy. (Muslim, bilang 7136)

---

mga paa ng isang banal. Siya ay masama (**Zacarias 5:8**) at marapat piliting ipakasal sa kapatid ng kanyang namatay na asawa (**Deuteronomio 25:5**). Hindi siya karapat-dapat sa manahan kung may mga kamag-anak na lalaki (**Deuteronomio 21:15-17 at Mga Bilang 27:1-11**), at ang isang lalaki ay may angking karapatang ipagbili ang kanyang anak na babae (**Exodo 21:7**). Bukod dito, ang babaeng diniborsyo ay pinagbabawalang mag-asawang muli (**Mateo 5:32**).

Ang Islam ay nagbibigay-dangal at gumagalang sa mga karapatang pantao, at kung ilalapat lang ng tao ang mga batas ng Shari'ah, tiyak na sila ay mamumuhay sa kapayapaan, pagkakasundo at kasiyahan. Sinabi ni Propeta Muhammad (ﷺ): "*Ang nalugi mula sa aking sambayanan ay siya na darating sa Araw ng Muling Pagkabuhay na may mga pagdarasal at pag-aayuno at pagbibigay ng kawanggawa. Subali't dala-dala rin niya ang mga (masasamang gawa) dahil siya ay nanghamak, nagsamantala o nang-abuso, nagnakaw, nanakit, o pumatay ng kapwa. Kaya't lahat ng kanyang pininsala o biktima ay kukunin sa kanya ang mga kabutihang ginawa niya upang ipambayad sa kasalanan kanyang ginawa sa kanila. Kapag naubos na ang kanyang mabuting gawa at may pagkakautang pa siya, ang kanilang mga masasamang gawa ay idaragdag pa sa kanya hanggang sa siya ay itapon sa Apoy ng Impiyerno.*" (Muslim 6531)

Ang Islam ay nananawagan para sa katarungan at pagpapaubaya maging sa kaaway. Ipinahayag ng Allah:

*"O kayong mga mananampalataya! Maging matatag para sa Allâh bilang mga makatarungang saksi; at huwag hayaan na ang poot at galit sa iba ang maging sanhi ng paghadlang ninyo sa katarungan. Maging makatarungan, ito ang higit na malapit sa Taqwâ (takot); at magkaroon ng Taqwâ sa Allâh. Katotohanan, Ang Allâh ang Lubos na Nakababatid sa inyong mga ginagawa."* (Qur'an **5:8**)

Ang Islam ay isang malawakang relihiyong tumutugon sa mga pangangailangan ng isip, katawan at kaluluwa, at naaangkop sa lahat ng tao sa lahat ng panahon at lugar. Ito ay

nagtatagubilin sa lahat ng mabubuting gawa at nag-uutos ng pag-iwas sa lahat ng masasamang gawa.[30]

Bago siya hinirang na maging isang Propeta, siya ay ikinasal kay Khadijah, isang mayaman at kagalang-galang na babae

---

[30]Kabilang sa maraming patunay sa pagka-Propeta ni Muhammad(ﷺ) ay ang katotohanang siya ay isang taong di-nag-aral, di-makabasa at di-makasulat na naninirahan sa isang kapaligirang kulang sa edukasyon. Sa kabila nito, nagdala siya ng isang kompletong batas na tumatalakay sa bawat aspeto ng buhay ng tao sa lahat ng panahon tungkol sa paniniwala, mga gawaing pagsamba, pakikisalamuha, mga kabutihang-asal, at iba pa. At atin siyang makikita na dala-dala niya ang mga batas na hindi kailanman kayang tapatan o higitan ng lahat ng mga batas sa mundo katulad ng ganap na pamamaraan sa pag-aasawa, paghihiwalay (diborsyo), pagdadalantao, pagpapamilya, pagtustos sa diniborsyo, pamana, ugnayang pamilya at kapitbahay, parusa sa krimen, mga karapatang pantao, pulitika, kabuhayan, buhay panlipunan, tuntuning kabutihang-asal at paano ang pagkilos sa pagkain, pag-inom, pagbibihis, paglalakbay, pagtulog, paggising, paghikab, pagbahin, paghingi ng pahintulot, pagdalaw sa maysakit, personal na kalinisan, at iba pa. Hindi niya dinala ang lahat ng ito mula sa kanyang sarili at kailanma'y hindi niya inangkin ang mga kaalamang ito. Kung ang naging layunin lamang ni Muhammad(ﷺ) ay pansariling pakinabang o pagdakila, magiging laban sa kanya ang pag-utos sa kanyang mga tagasunod na magsagawa ng ilang mga gawaing tulad ng paghuhugas (ablusyon) at pagdarasal nang makalimang ulit isang araw, paliligo matapos ang pagtatalik, pag-aayuno – nang hindi man lamang umiinom ng tubig – sa buong isang buwan mula sa pagsikat hanggang sa paglubog ng araw taun-taon, lalo na sa Arabia, na ang kapaligiran ay disyertong may di-mapaglabanang init; lalo na ang pagbabawal sa kanila ng mga gawaing nais ng nakararami tulad ng pag-inom ng alak, pakikiapid, pagpapatubo sa utang, pagsusugal, at iba pa. Isinasaad sa **Deuteronomio 18:20** at **Jeremias 14:15** na isinusumpa ng Diyos ang sinumang nag-aangkin ng pagka-Propeta katulad ng paghatol Niya kay Hananiah na namatay nang wala pa sa isang taon (Jeremias 15:17). Ang misyon ni Propeta Muhammad(ﷺ), sa kabilang dako, ay nagtagal nang 23 taon, at ang relihiyon na kanyang dinala, ngayon ay pinakamabilis lumaganap na relihiyon sa buong daigdig. Sa buong buhay niya, itinaguyod siya ng Allah sa lahat ng pagkakataon, na walang ipinahihiwatig ito kundi isang patunay na siya ay tunay na Propetang mula sa Allah.

mula sa Makkah, na pinaglingkuran niya bilang isang komersyante. Nang ang balita ng kanyang pagka-propeta ay maging hayag, ang kanyang bayan ay nag-alok sa kanya ng malaking kayamanan at pati pagputong sa kanya ng korona bilang hari kung itatakwil niya ang kanyang panawagan sa landas ng Allah. Tumanggi siya at ipinagpatuloy ang landas na pinili para sa kanya ng Allah, isang landas na nasangkot sa lahat ng uri ng paghihirap alang-alang sa pagpapalaganap ng Salita ng Allah. Sa kabila ng lahat ng lakas at kapangyarihang nasa dulo ng kanyang mga daliri pagkatapos ipalaganap ang mensahe, namuhay pa rin siya nang simple, malaya sa mga karangyaan, na maaari niya sanang angkinin. Sa halip, natulog siya sa maligasgas na banig ng dayami at nani-rahan sa isang bahay na luwad (pinatigas na putik). Katulad ng salaysay ng kanyang maybahay: "*Maraming pagkakataong ang Propeta at ang kanyang pamilya ay nagpalipas ng sunud-sunod na gabi nang walang anu-mang pagkain. Karamihan sa tinapay na pinagkasya nila sa kanilang sarili ay gawa sa barley.*"(At-Tirmidhi 2400)

Sa oras ng kanyang kamatayan, ang kanyang kalasag ay naisanla sa isang Hudyo bilang kapalit ng sebada para gawing tinapay para sa kanyang pamilya.

Inialay niya ang buo niyang buhay at mga pagsisikap upang tupdin ng sangkatauhan ang dahilan kung bakit sila nilikha at iyon ay ang sambahin ang nag-iisang tunay na Diyos – ang Allah nang walang pagtatambal. Kanyang ipinahayag:

"*At hindi Ko nilikha ang 'Jinn' at ang tao maliban sambahin lamang Ako.*" (**51:56**) Ito ang bukod- tanging paraan upang mailigtas ang tao sa kapahamakan tungo sa tunay na kaligayan dito sa daigdig at sa Kabilang-Buhay.

Si Propeta Muhammad(ﷺ), ang kahuli-hulihan sa mga Propeta at Sugo ng Allah ay namatay noong taong 632 *CE.* Nag-iwan siya sa atin ng Qur'an, ang panghuling mensahe ng Allah, at ng kanyang mga pangaral upang gabayan ang lahat ng sangkatauhan hanggang sa Araw ng Muling Pagkabuhay.

Isang manunulat na Amerikano, si **Michael Hart**, ay nag-ulat sa kanyang aklat na "***The 100: A Ranking of the Most Influential Persons in History***," na si Muhammad (ﷺ)– ang siyang nanguna sa talaan:

"***Siya lamang ang tanging tao sa kasaysayan na sukdulang matagumpay sa antas ng sekular at pan-relihiyong pamumuhay***." Ang namumukod-tanging kombinasyong ito ay nagbigay-karapatan sa kanya upang ituring siyang pinakamaimpluwensiyang tao sa buong kasaysayan ng sangkatauhan. Si **William Muir**, ang mananalaysay na Scottish, sa kanyang aklat na "Ang Buhay ni Muhammad", ay pumuri sa mga salita ni Propeta Muhammad (ﷺ) dahil sa pagiging malinaw ng mga ito, at ang pagiging payak at magaan ng kanyang relihiyon. Sinabi rin niyang naisagawa ng Propeta(ﷺ) ang mga kahanga-hangang gawain, na walang ibang tao sa kasay-sayan ang nagtagumpay, na pukawin ang mga kaluluwang lublob sa kasamaan upang buhaying muli sa kanila ang kabutihang asal at pagiging marangal na kanyang ginawa sa isang maikling panahon.

Ang bantog na mananalaysay, si **George Bernard Shaw**, sa kanyang aklat na "***The Genuine Islam***," *Vol. 1, No. 8, 1936*, ay nagsabing ang mundo ay nasa matinding panga-ngailangan ng isang taong nagtataglay ng talino ni Muhammad (ﷺ). Siya ang Propetang laging inilalagay ang kanyang relihiyon sa isang kalagayan ng paggalang at karangalan. Dagdag pa niya, na ang Islam ay ang pinakamalakas na relihiyon sa lahat ng sibilisasyon sa lahat

ng panahon, na siyang magpapakita ng paglaganap at katatagan sa Europa, sa kabila ng katotohanang ang mga klero (pari, saserdote, ministro, atbp.) noong mga kalagitnaang panahon (*medieval times*) ay nagbigay ng madilim na larawan sa relihiyon ni Muhammad(ﷺ) at itinuring siyang kaaway ng Kristiyanismo dahil sa taglay nilang kamangmangan o pagkapanatiko. Idinagdag pa ni Shaw: "***Napag-aralan ko na siya – ang kamangha-manghang lalaki – at sa aking palagay, malayo sa pagiging anti-Kristo, karapat-dapat siyang tawaging Tagapagligtas ng Sangkatauhan.*** Patuloy pa niya: "***Naniniwala akong kung ang isang taong katulad niya ay maging isang diktador ng makabagong daigdig, magtatagumpay siyang lutasin ang mga suliranin nito sa isang kaparaanang magdudulot ng labis na kapayapaan at kaligayahan na siyang kailangang-kailangan…***"

Si **Alphonse de Lamartine**, ang tanyag na makatang Pranses ay nagsabi sa kanyang aklat na *Histoire de la Turquie*, (*1854*): "*Hindi kailanman naitatag ng isang tao, kusang-loob man o sapilitan, ang isang higit na dakilang layunin, sapagka't ang layuning ito ay hindi saklaw ng kakayahan ng tao: ang iwaksi ang mga pamahiing nagsisilbing harang sa pagitan ng nilikha at Taga-paglikha… Hindi kailanman naisakatuparan ng isang tao sa gayong kaikling panahon ang gayong kalawak at pangmatagalang ganap na pagbabago sa daigdig… Kung ang kadakilaan ng layunin, ang katipiran ng mga kaparaanan, at ang kalakhan ng bunga ay ang tatlong batayan ng pagiging henyo (genius) ng isang tao, sino ang maglalakas-loob na ihambing kay Muhammad ang mga dakilang tao sa kasaysayan?*

*Pinakilos ni Muhammad ang mga kaluluwa. Ibinatay niya sa isang aklat ang kanyang panuntunan, na ang bawa't titik niyon ay naging isang batas, isang pinagkaisang ispiritwal na pamamaraan na kusang nagpasailalim ang mga taong may iba't ibang wika, lahi at kulay... at katotohanan ang kanyang kasaysayan at ang kanyang kamangha-manghang katatagan sa oras ng suliranin at ang kanyang kahinahunan kapag siya ang natatalo, at ang kanyang pagsunod sa kabanalan at ang kanyang kawalan ng paghahangad sa paghahari sa tao, dapat pa nga ba nating itanong: "**Mayroon pa bang sinumang taong higit na dakila sa kanya?**"*

Isinulat ni **Dr. Vaglieri** sa "*Apologia dell` Islamismo*:" "*Si Muhammad, bilang isang mamamahayag ng relihiyon ng Diyos, ay maginoo at maawain maging sa kanyang mga kaaway. Sa kanya ay naghalo ang katarungan at awa, dalawa sa pinakadakilang katangiang maaaring buuin ng kaisipang pantao. Hindi mahirap na itaguyod ito sa pamamagitan ng maraming halimbawang matatagpuan sa kanyang mga talambuhay.*"

Si **Dr. Gottlieb Wilhelm Leitner**, isang kilalang orientalista (bihasa sa kulturang Asya o Silangan) ay nagsabi: "*Hindi ko mawawakasan ang talumpating ito nang higit na mainam kundi sa pamamagitan ng pagpapahayag ng pag-asa na darating na panahon, pararangalan ng mga Kristiyano si Kristo nang higit, sa gayundin ang pagpaparangal kay Muhammad. May iisang batayan sa pagitan ng Islam at Kristiyanismo, at ang isang tao ay isang higit na mabuting Kristiyano sa kanyang pagbibigay-galang sa mga katotohanang ipinahayag sa pamamagitan ni Propeta Muhammad.*"(*The Islamic Review,*" May 1961, p 6-10)

## VII. Mga Aral ng Kristiyanismo at Islam

Maraming sekta ng Kristiyanismo ang naniniwala sa sumusunod na limang doktrina: (1.) Ang Trinidad [Tatlong Persona]; (2.) Ang Pagkadiyos ni Hesus; (3.) Ang Pagi-ging Anak ng Diyos ni Hesus; (4.) ang Orihinal na Kasa-lanan; (5.) Ang Pagtubos ni Hesus.

Sa Islam, ang pagiging Diyos ng Allah, na Iisa, na Bukod-Tanging Diyos na Siya lamang ang karapat-dapat sambahin at hingan ng tulong ay siyang pangunahing paniniwala ng bawa't Muslim. Ito ay taliwas sa tatlong persona sa iisang Diyos ng maraming sekta ng Kristiyanismo. Ang pananaw ng Islam hinggil sa pagka-Diyos ni Hesus ay pagbabalik ng tao sa paganismo.[31]

Nasusulat sa Qur'an na si Hesus ay hindi diyos na nagka-tawang-tao kundi isang kagalang-galang na Propeta at Sugo, na nananawagan sa pagsamba sa nag-iisang Allah. Ang kanyang panawagan ay katulad ng itinuro ng iba pang mga Propeta. Tinatanggihan ng Islam ang pagiging Diyos Anak ni Hesus at hindi rin nito tinatanggap ang katuruan ng Kristiyanismo na ang kasalanan ay namamana. Gayundin naman, itinatakwil ng Islam na si Hesus ay nagsilbing pantubos sa kasalanan ng tao.

Ang pangunahing doktrina ng pananampalataya sa Islam ay anim:

(1.) Paniniwala sa Kaisahan ng Diyos.
(2.) Paniniwala sa mga Anghel.
(3.) Paniniwala sa mga Ipinahayag na Kasulatan.
(4.) Paniniwala sa mga Sugo ng Diyos.
(5.) Paniniwala sa Araw ng Paghuhukom.
(6.) Paniniwala sa *Qadar* (ang pagkakatakda ng lahat ng bagay), sa kapwa mabuti o masamang aspeto nito.

---

[31]Sa aklat na *History of Civilization*, *Vol. 11*, *page 276*, sinabi ni **Will Durant**: na hindi winakasan ng Kristiyanismo ang paganismo, sa halip ay tinanggap ito. Ito ay tumutukoy sa Kristiyanismo ni Paulo (Saul o Pablo) na hindi batay sa tunay at wagas na itinuro ni Hesucristo – ang pagsamba sa Iisang Diyos na nagsugo sa kanya.

## Ang Trinidad

Ang doktrinang ito na pinaniniwalaan ng maraming Kristiyano sa buong mundo, na siyang tumutukoy sa pagkakaroon ng tatlong pagkadiyos, magkakaiba at magkakahiwalay na persona ng Diyos: *Diyos Ama, Diyos Anak at Diyos Espiritu Santo.* Ang doktrinang ito ay kamangha-mangha, dahil kahit noong una pa man hindi nabanggit ni Hesus ang Trinidad. Wala siyang anumang sinabi tungkol sa Tatlong Persona ng Diyos na Trinidad. Sa katotohanan, ang salitang "persona" mismo ay hindi matatagpuan saan mang pahina ng Bibliya.

Ang pagkakilala ni Hesus hinggil sa Allah ay walang ipinag-iba sa pagkakilala ng lahat ng naunang mga Propeta. Lahat sila ay nagturo ng kaisahan ng Diyos, hindi kailanman ng Trinidad.[32]

---

[32] Ayon kay **Isaias 44:24**: "*…Ako ang PANGINOON na gumagawa ng lahat na bagay na mag-isang nagladlad ng mga langit, na naglatag ng lupa…;*" gayundin sa **Isaias 45:5**: "*Ako ang PANGINOON, at walang iba; liban sa akin ay walang Diyos…;*" at maging sa **Isaias 45:18**: "*Sapagkat ganito ang sabi ng PANGINOON na lumikha ng langit (siya ay Diyos!), na nag-anyo ng lupa at gumawa niyon, (na kanyang itinatag; hindi niya ito nilikha na sira, ito ay kanyang inanyuan upang tirhan!): Ako ang PANGINOON, at wala nang iba,*" ayon sa **I Timoteo 6:16**: "*Siya lamang ang walang kamatayan…;*" sa **Isaias 46:9**: "*…Sapagkat ako'y Diyos, at walang iba; ako'y Diyos, at walang gaya ko.*" Ang Qur'an sa kabilang dako ay nagsasabi, "*Ang Allâh* (I), *Siya ang 'Rabb' na Tagapaglikha ng lahat ng bagay, Tagapagmay-ari at Tagapangasiwa, at lahat ng bagay ay nasa ilalim ng Kanyang pangangasiwa at pamamahala, at lahat ng bagay ay Siya ang Tagapangalaga.*" (**39:62**); "*Ganito ang Allâh* (I) *na inyong 'Rabb' (Panginoon) na Tagapaglikha na Kataas-taasan, walang sinumang 'ilâh' (diyos na sinasamba)* o *bukod-tanging may karapatan lamang at karapat-dapat na sambahin kundi Siya, nilikha Niya ang lahat ng bagay. Kung gayon, magpakumbaba kayo sa Kanya bilang pagsunod at pagsamba. Siya ang '**Wakeel**' – Tagapangalaga ng lahat ng bagay na Nangangasiwa sa Kanyang mga nilikha.*" (**6:102**); "*At ipaubaya mo ang iyong sarili sa Allâh* (I) *na Tunay at Walang-Hanggang Buhay na hindi namamatay…*" (**25:58**); "*Walang anupamang bagay ang makatutulad sa Kanya, at siya ang Ganap na nakaririnig, ang Lubos na Nakamamasid.*" (**42:11**)

Si Hesus ay nagpatibay sa katuruang inihayag sa mga propetang nauna sa kanya. "*Lumapit ang isa sa mga eskriba, at narinig niya ang kanilang pagtatalo, at palibhasa'y nalalaman niya na mabuti ang pagkasagot niya sa kanila ay tinanong siya, "Alin ang pangunahing utos sa lahat?*" Sumagot si Hesus, "*Ang pangunahin kautusan ay, '<u>Pakinggan mo O Israel! Ang Panginoon nating Diyos, ang Panginoon ay iisa</u>. Ibigin mo ang Panginoon mong Diyos nang buong puso mo, nang buong kaluluwa mo, nang buong pag-iisip mo, at nang buong lakas mo.*'"" **(Marcos 12:28-30)**

Ang ibang katibayan sa Bibliya ay nagpapakitang si Hesus ay naniwala sa iisang Diyos na walang kaparis, hindi sa tatlong persona sa iisang Diyos, gaya ng pahayag na ito: "*…Sambahin mo ang Panginoon mong Diyos, at siya lamang ang iyong paglilingkuran.*" **(Mateo 4:10)**

Sa katotohanan, ang doktrina ng Trinidad ay inihalo sa mga turo ni Hesus mga 300 taon makaraang lumisan siya. Gayong ang apat na Ebanghelyong Kanonikado ay walang anumang tinutukoy hinggil sa Trinidad. Bagkus hindi nagturo si Hesus ng doktrinang ito, ni ang kanyang mga disipulo, ni ang mga naunang dakilang pantas, ni ang mga sinaunang tagasunod ni Hesus.

Ang doktrinang ito ay itinatag ng Konseho ng Nicea pagkatapos ng malaking kontrobersyo at pagsasalungatan (turo) mga mahigit na 300 taon pagkaraang lumisan si Hesus.

Tinanggap ng Konseho ang opinyon ng kakaunti kaysa sa nakararaming naniniwala sa Kaisahan ng Diyos.[33]

Gayunpaman, kung pag-iisipan ito nang malalim, mahina ang batayan ng konsepto ng Trinidad. Ito ay nanganga-hulugan ng paniniwala sa tatlong persona ng Diyos sa dalawang uri: may-hangganan (finite) o walang-hanggan (infinite). Kung ituturing silang walang hanggan, sama-katwid may tatlong magkakaibang walang hanggan, tatlong magkakaibang makapangyarihan sa lahat na bagay, kaya naman, ito'y nangangahulugan may tatlong mag-kakaibang Diyos. Kung

---

[33]Ang mga konseho ekumeniko (*ecumenical councils*) ay nagbigay sa kanilang sarili ng pagpapahintulot na lumampas sa kanilang autoridad o karapatan – sa Unang Konseho, si Hesus ay ipinahayag bilang Diyos; sa Pangalawang Konseho, ang Espiritu Santo ay ipinahayag ding Diyos. Sa Pangatlong Konseho, ginawang ina ng Diyos si Maria. Sa Pang-12 Konseho, binigyan ang Simbahan ng karapatang magpatawad ng mga kasalanan, samantalang sa Pang-20 Konseho, ang Papa ay ginawang *infallible* (banal o di-nagkakasala).

Ayon sa **Encyclopedia Americana**, nagsimula ang monoteismo bilang isang kilusang teolohiko (panrelihiyon) sa unang yugto ng kasaysayan, at saka lamang nagkaroon ng paniniwala tungkol sa Trinidad pagkaraan ng mga dekada. Sinasabi rin nito ang Kristiyanismo ay produkto ng Judaismo, na lubhang mahigpit kapag monoteismo ang tinatalakay. Ang paniniwala sa Trinidad ay tinanggap lamang noong pang-apat na dantaon AD at hindi ganap na umaayon sa orihinal na paniniwalang Kristiyano hinggil sa tunay na katangian ng Diyos. Sa halip, ang Trinidad ay isang paglihis sa orihinal na paniniwalang yaon (ihambing sa volume [tomo] 27, pahina 294). Ayon sa **New Catholic Encyclopedia**: "*Ang konsepto ng isang Diyos sa tatlong persona ay hindi naging bahagi ng buhay Kristiyano at gawaing panrelihiyon kundi noong patapos na ang pang-apat na dantaon. Ito ang konseptong noong una'y pinangalanang Prinsipyo ng Trinidad. Wala kaming makita sa anumang kaparaanan mula sa mga disipulo ng anumang hinagap o idea na nahahawig dito.*"

ituturing silang may hangganan, samakatuwid hindi maaaring maging Diyos ang alinman: ang Ama, ni ang Anak, ni ang Espiritu Santo. Sa katotohanan, ang konsepto ng Trinidad ay lumitaw bilang bunga ng maling pagturing ng pagka-Diyos ng dalawang "*nilikha'* na si Hesus at ang Banal na Espiritu (si anghel Gabriel). Bunga ng hindi makatwirang doktrina ng Trinidad, ang kinaugaliang naging tugon ng mga namamahala ng Simbahan ay isa itong "misteryo" na di-maaabot ng pang-unawa ng tao, at hindi na ito kailangan pang unawain sapagka't sapat nang tanggapin ito bilang isang bagay na dapat paniwalaan.

Ang Islam ay nagtuturo nang malinaw at payak na paniniwala sa Kaisahan ng Diyos. Pinaninindigan nito ang pagiging Bukod-tangi ng Allah at ipinahayag na Siya ay walang katambal. Siya ang Ganap at Walang Panga-ngailangan, at malaya sa anumang di-kaganapan. Siya ay Sandigan o inaasahan ng lahat ng mga nilikha. Hindi Siya kailanman nagsilang o isinilang at Siya ay walang katulad.

Ayon sa Bibliya, Juan 8:38-40, "*Sinasabi ko ang mga bagay na aking nakita sa aking Ama, at kayo, ginagawa naman ninyo ang mga bagay na narinig ninyo mula sa inyong ama. Sila'y sumagot sa kanya, "Si Abraham ang aming ama." Sa kanila'y sinabi ni Hesus, "Kung kayo'y mga anak ni Abraham ay gagawin ninyo ang mga gawa ni Abraham. Subalit ngayo'y pinagsisikapan ninyo akong patayin, isang*

*taong*[34] *nagsasabi sa inyo ng katotohanan na aking narinig sa Diyos. Ito'y hindi ginawa ni Abraham.*"

"*At ito ang buhay na walang hanggan, na ikaw ay makilala nila na iisang Diyos na tunay, at si Jesu-Cristo na iyong sinugo. Niluluwalhati kita sa lupa, sa pagtatapos ko ng gawaing ibinigay mo sa akin.*" (**Juan 17:3-4**)

Ang Qur'an ay nagpapatibay sa Kaisahan ng Diyos sa Kabanata 112:

"*Sabihin* (mo O Muhammad!): "*Siya ang Allâh*, ang *Nag-iisa. Allâh, ang Sandigan ng lahat ng nilikha. Hindi Siya ipinanganak, ni hindi Siya nagkaanak. At Siya ay walang katulad.*

At matutunghayan din sa Qur'an 4:171: *"O Angkan ng Kasulatan! Huwag lumampas sa hangganan ng inyong pananampalataya, at huwag magsabi ng anuman tungkol sa Allah maliban sa katotohanan. Ang Messiah Isa (Hesus), ang anak ni Maryam (Maria), ay (hindi hihigit sa) isang Sugo ng Allah at ang Kanyang Salita (Mangyari, at nangyari nga!) na Kanyang ipinagkaloob kay Maryam (Maria) at ang kaluluwang nilikha Niya. Kaya maniwala sa Allah at sa Kanyang mga Sugo. Huwag sabihin ang: "Tatlo (Trinidad)!" Magtigil (kayo)! Higit na mainam ito para sa inyo. Dahil ang Allah ay (ang tanging) Isang Ilah (Diyos), sadyang napakalayo sa Kanyang Kabanalan (at*

---

34 "…***sapagka't** Ako'**y Diyos**, **at hindi tao***;" (**Hoseas 11:9**); "***Ang Diyos ay hindi tao***…***ni anak ng tao***…" (Mga **Bilang 23:19**) "***Ang aking Espiritu ay hindi laging mananatili sa tao**, sapagka't sila'**y laman***…" (**Genesis 6:3**)

*Kaluwalhatian) ang pagkakaroon ng anak. (Dapat tan-daan) Sa Kanya ang pagmamay-ari ng lahat ng nasa mga kalangitan at lahat ng nasa kalupaan. At ang Allah ay Sapat bilang Tagapamahala ng lahat ng mga pangyayari."*

*At binabanggit din Qur'an: Katiyakan, naging di-mana-nampalataya ang sinumang nagsasabing: "Ang Allâh ay ikatlo sa tatlo." Sa katunayan, walang tunay na Diyos na dapat sambahin maliban sa Isang Ilah (Allâh). At kung hindi sila titigil sa kanilang sinasabi, katotohanan, isang napakasakit na parusa ang malalasap ng mga di nananampalataya sa kanila. Hindi ba sila magsisisi sa Allâh at humingi ng Kanyang Kapatawaran? Sapagka't ang Allâh ay Lagi nang Mapagpatawad, ang Mahahabagin.* (**5:73-74**)

Ang bukod-tanging talata sa buong Bibliya na nagta-taguyod sa doktrina ng Santisima Trinidad ay nasa Unang Sulat [Efeso o Epistola] ni **Juan, 5:7**): *"Sapagka't may tatlong nagpapatotoo sa langit, ang Ama, ang Salita at ang Espiritu Santo at ang mga ito'y iisa."* Subali't, ito ay tinanggal na sa **New Revised Standard Version** ng Bibliya at sa iba pa[35] pagkaraang matuklasan ng mga pantas na Kristiyano na ang mga ito ay mga idinagdag (interpolasyon) sa **King James Version** at iba pang edisyon.

---

[35]Halimbawa, sa *The Bible in Basic English, The Darby Translation, Weymouth`s New Testament, Holy Bible: Easy-to-Read Version, Contemporary English Version, The American Standard Version, GOD`S WORD Translation, The New Living Translation, The New American Standard Bible, The Revised Standard Version, International Standard Version, and Hebrew Names Version of World English Bible.*

## Ang Pagkadiyos ni Hesus

Ang ilang Kristiyano ay naniniwalang si Hesus ay Diyos na walang hanggan, ang pangalawang persona ng San-tisima Trinidad, na noong mahigit sa dalawang libong taon na ang nakararaan, siya ay piniling lumitaw sa isang katawang-tao at isinilang ni Birheng Maria, ayon sa pagkakatala sa mga Ebanghelyo. Ang doktrinang ito, katulad ng naunang tinalakay, ay tumataliwas sa mga salitang inaakibat kay Hesus. Hindi kailanman inangkin ni Hesus ang pagka-Diyos, na kanyang sinabi sa mga nakapaligid sa kanya, "*...Bakit tinatawag mo akong mabuti? Walang mabuti kundi ang Diyos lamang.*" (**Marcos 10:18**). Samakatwid, kung tumanggi si Hesukristong matawag na "***mabuti***," tatanggapin ba niyang tawagin siyang "***Diyos****?*"

Nang nagsalita si Hesus tungkol sa Diyos, Siya ay tinutukoy niya bilang, "*...sa aking Ama at inyong Ama, sa aking Diyos at inyong Diyos.*" (**Juan 20:17**)

Tinanggihan din ni Hesus ang kaisipang magagawa niya ang anuman nang ayon sa kanyang sarili. Nilinaw niyang ang lahat ng bagay ay ayon sa kalooban ng Diyos na nagsugo sa kanya. Nakasulat na siya ay nagsabing, "*Hindi ako makagagawa ng anuman mula sa aking sarili;*[36] *Humahatol ako ayon sa aking naririnig, at ang paghatol ko'y matuwid,*

---

[36]Ito ang sinabi ni Hesus tungkol sa kanyang sarili (na wala siyang magagawa ng anuman mula sa kanya). Samantala, ito ang sinabi niya tungkol sa Diyos, "*...sapagkat sa Diyos ang lahat ng mga bagay ay maaaring mangyari.*" (**Marcos 10:27**).

*sapagkat hindi ko hinahanap ang aking sariling kalooban kundi ang kalooban ng nagsugo sa akin.*" (**Juan 5:30**)

Sinabing muli ni Hesus na ang mga salitang kanyang binibigkas ay hindi kanya, kundi inihayag sa kanya bilang isang Propetang ipinadala ng Diyos: "*Sapagkat ako'y hindi nagsasalita mula sa aking sarili kundi ang Ama na nagsugo sa akin ang siyang nagbigay sa akin ng utos, kung ano ang dapat kong sabihin, at kung ano ang dapat kong bigkasin.*" (**Juan 12:49**).

Gayundin, sa Juan 7:17-18, sinasabi ni Hesus: "*Kung ang sinuman ay nagnanais gumawa ng kalooban ng Diyos ay makikilala niya kung ang turo ay mula sa Diyos, o kung ako'y nagsasalita mula sa aking sarili. Ang nagsasalita nang mula sa kanyang sarili ay humahanap ng kanyang sariling kaluwalhatian; subalit ang humahanap ng kaluwalahatian ng nagsugo sa kanya ay siyang totoo, at sa kanya'y walang kasinungalingan.*"

Ipinahayag din ni Hesus na ang Panginoong (Diyos) ay higit na dakila kaysa kanya, ayon sa **Juan 14:28**: "…*Ako'y pupunta sa Ama; sapagkat ang Ama ay higit na dakila kaysa akin.*"

Gumawa ng mga bagay si Hesus para sa kaluguran ng Diyos, na nagsugo sa kanya. Ayon sa **Juan 8:28-29**: "…*At wala akong ginagawa mula sa aking sarili kundi sinasabi ko ang mga bagay ayon sa itinuro sa akin ng Ama. At siya na nagsugo sa akin ay kasama ko, hindi niya ako pinabayaang nag-iisa; sapagkat lagi kong ginagawa ang mga bagay na nakalulugod sa kanya.*" Habang sinasabi niya ang mga bagay na ito, marami ang naniwala sa kanya.

Gayundin, ayon sa **Lucas 4:43**, si Hesus ay dumating upang ipangaral ang Kaharian ng Diyos: "*Subalit sinabi niya sa kanila*, "*Kailangan ko ring ipangaral sa ibang bayan ang magandang balita ng kaharian ng Diyos, sapagkat ako ay sinugo para sa layuning ito*."

Gayundin, sinabi ni Hesus na ang pagpasok sa Kaharian ng Langit ay nakasalalay sa pagtalima sa kalooban ng Diyos, sa **Mateo 7:21**: "*Hindi lahat ng nagsasabi sa akin `Panginoon, Panginoon,` ay papasok sa kaharian ng langit, kundi ang gumaganap ng kalooban ng aking Ama na nasa langit*."[37]

Muli, sinasabi niya sa **Marcos 3:35**: "*Sapagkat sinumang gumaganap ng kalooban ng Diyos, ay siyang aking kapatid na lalaki, kapatid na babae, at ina*."[38]

Ayon sa **Marcos 13:32**, si Hesus ay iniulat ding nagpasinungaling na siya'y may kaalaman sa huling oras ng mundong ito, na nagsabi: "*Ngunit tungkol sa araw o oras na iyon ay walang nakakaalam, kahit ang mga anghel sa langit, kahit ang Anak, kundi ang Ama*."

---

[37] Ang salitang **"***Rabi***,"** isinaling **"*Panginoon*,"** sa tamang pakahulugan ay **"*Guro*."** Sinasabi sa **Juan 1:38:** "*Paglingon ni Hesus at nakita silang sumusunod ay sinabi niya sa kanila*, '*Ano ang inyong hinahanap?*' *At sinabi nila sa kanya*, "*Rabi*" (*na kung isasalin ang kahulugan ay Guro*), *saan ka nakatira*."

[38] Sa **Mateo 12:50**, mababasa natin**:** "*Sapagkat sinumang gumagawa ng kalooban ng* <u>*aking Ama*</u> *na nasa langit, ay siyang aking mga kapatid na lalaki at babae, at ina*." Dito ay pinalitan ni Marcos ang Salitang "***Diyos***" ng "<u>***aking Ama***</u>" para sa layuning panrelihiyon. Sinabi ni **Kinsman** na ang Lucas at Mateo ay kapwa sinadyang binago ang mga katitikan sa Marcos nang may 100 beses para sa layuning panrelihiyon.

Sa **Lucas 13:33-34**, tinutukoy ni Hesus ang kanyang sarili bilang isa sa mga Propeta at mga Sugo. At nang kanyang maramdaman ang mga pagbabalak na humihikayat sa pagpatay sa kanya, kanyang sinabi: "*Gayunma'y kaila-ngang ako'y magpatuloy sa aking lakad ngayon at bukas at sa makalawa, sapagkat hindi maaari na ang isang Propeta ay mamatay sa labas ng Jerusalem. O Jerusalem, Jerusalem, na pumapatay sa mga propeta at bumabato sa mga sinugo sa iyo*…!"

Ang mga salitang ito ni Hesus na iniulat sa Bibliya ay nagpapakitang siya, sa relasyon niya sa Diyos, ay namuhay nang tulad ng ibang tao. Hindi siya ang Maylikha kundi isang nilikhang tulad ni Adam. Nanalangin siya sa Diyos (**Marcos 1:35**, **Marcos 14:35** at **Lucas 5:16**), na malinaw na nangangahulugang siya ay isang Propeta at hindi Diyos, sapagka't ang Diyos ay hindi nananalangin kaninuman. Si Hesus ay nagpupuri sa Diyos, na malinaw na makikita sa **Mateo 11:25:** "*Nang oras na iyon ay sinabi ni Hesus, 'Pinasasalamatan kita, Ama, Panginoon ng langit at lupa*…"

Ang doktrina ng pagka-Diyos ay hindi kinakatigan ng mga salita ni Hesus ayon sa nakasulat sa mga Ebanghelyo. Katulad ng doktrina ng Trinidad, ang doktrina ng pagkakatawang-tao ay nabuo pagkatapos ng paglisan ni Hesus. Isinama ito sa Kristiyanismo mula sa paganismo. Sa alamat (mythology) ng mga relihiyong nauna sa Kristiyanismo, makikita kung paanong ang ilang bayani ay itinuring na mga diyos. Karamihan ng mga nasabi kay Krishna ng mga Hindu, Buddha ng mga Buddhista, Mithra ng mga Persiyano, Osiris ng mga sinaunang Ehipsiyo,

Bacchus ng mga Griyego, Baal ng mga Babilonio, at Adonis ng mga Siryano, ay nasabi tungkol kay Hesus ng mga Kristiyano. Samantala, ang Islam ay pinalaya ang mga tagasunod nito mula sa gayong mga pamahiin sa pamamagitan ng pagtakwil sa doktrina ng pagkakatawang-tao at ng pagsanib o pag-iisa ng Diyos sa kaninumang nilikha Niya.

Mariing inihahayag ng Islam na si Hesus o ang sinumang ibang tao ay hindi maaaring maging Diyos. Itinatatwa rin ng Islam ang haka-haka na ang Diyos ay maaaring magka-tawang-tao o sumanib sa alinman sa Kanyang nilikha. Sa kabanata **5**, talata **75**, sinasabi sa atin ng Qur'an na si Hesus ay isang Sugo ng Diyos katulad ng ibang nauna sa kanya, at siya at ang kanyang butihing ina "***ay kapuwa sila kumakain***." Sinumang kumakain, hindi siya magiging Diyos kailanman; maging siya man ay si Hesus, si Muhammad (ﷺ), o ibang Propeta at Sugo, sapagka't ang pag-kain ay nangangahulugan ng pangangailangan at pagsan-dig sa materyal na bagay. Hindi nangangailangan o sumasandig ang Diyos kaninuman. Gayundin, ang pagkain ay kailangang tunawin sa tiyan at sa kaakibat nitong pangangailangan ng paglabas ng dumi nito. Ang gayong mga gawain ay hindi angkop sa Karangalan at Kadalisayan ng Diyos.

Maraming sambayanan, kahit noon pa mang mga naunang panahon, hindi nila pinaniniwalaan ang kanilang mga propeta sa kadahilanang hindi (raw) karapat-dapat sa mga propetang isinugo ng Diyos na magmumula sa tao na "***kumakain at umiinom***." Kaya naman, maraming propeta ang pinawalang-halaga ng kanilang sambayanan sa ilalim ng ganitong pangangatwiran. Isinasalaysay ng Qur'an na ang bayan ni Noah

ay nagsabi tungkol sa kanya: "*...Hindi siya hihigit pa sa isang taong katulad ninyo, kumakain siya kung ano ang inyong kinakain at umiinom siya kung ano inyong iniinom.*" (**23:33**).

Binabanggit din ng Qur'an (25:7) ang pahayag ng mga Arabo hinggil sa pagka-Propeta ni Muhammad(ﷺ) na katulad ng sumusunod: "*At sila (mga di-nananampa-lataya) ay nagsasabi:* "*Bakit ang Sugong ito (Muhammad) ay kumakain ng pagkain at naglalakad sa pamilihang katulad natin?*" (**25:7**)

Hinggil sa mga nag-uukol ng pagkadiyos kay Propeta Hesus, nakikita nating tumahak sila sa ganap na pagka-ligaw tungo sa isang buong bagong antas ng pagpapababa sa Makapangyarihang Diyos, sa pagturing sa Kanya bilang isang taong kumakain.

Ang pagkadiyos ni Hesus ay tinatanggihan sa Qur'an. Ipinahayag ng Allah: *"Katiyakan, naging di-mananam-palataya ang sinumang nagsasabing: 'Ang Allâh ay ang Messiah [Eisa (Hesus)] na anak ni Maryam (Maria).' Sa katunayan, ang Messiah [Eisa (Hesus)] ay nagsabi: 'O Angkan ng Israel! Sambahin ang Allâh, ang aking Panginoon at inyong Panginoon.' Katotohanan, sinumang magtayo ng katambal (sa pagsamba) sa Allâh, magka-gayo'y ipinagbawal sa kanya ng Allâh ang Paraiso, at ang Apoy (Impiyerno) ang kanyang magiging tahanan. At walang mga tagatulong para sa mga mapaggawa ng masama."* (**5:72**)

Ipinahayag din ng Allah*: Katotohanan! Ang katulad ni 'Isa (Hesus) sa (pananaw ng) Allah ay katulad ni Adam. Nilikha siya mula sa alabok. Kapag-daka'y sinabi (ng Allah) sa*

*kanya: Kun (Maging!) Fayakun (at naroon na siya).*[39]

Sa Qur'an, inilalarawan ng Allah si Hesus bilang Kanyang Propeta, dalisay at makadiyos katulad ng iba pa Niyang mga Propeta, subalit lagi nang bilang isang tao. Ipinahayag ng Allah saQur'an, na sinabi ni Hesus, "…***K****atotohanan, ako ay alipin ng Allâh, ibinigay Niya sa akin ang Kasulatan, at ginawa akong isang Propeta.*" (**19:30**)

Mababasa sa Bibliya, **Mga Gawa 3:13**: "*Ang Diyos ni Abraham, at ni Isaac, at ni Jacob, at ang Diyos ng ating mga ninuno, ay nagpuri sa kanyang lingkod na si Hesus...*" (***New Testament*, *Catholic Edition***).

Mula sa mga katotohanang iniharap sa mambabasa sa itaas, malinaw na ang Islam ay hindi ang tanging relihi-yong nagpapasinungaling sa pagkadiyos ni Hesus, maging ang mga talata na rin ng Bibliya.

Sa isang pagboto na isinagawa sa isang programang British sa telebisyong tinawag na *Credo,* ang labinsiyam sa tatlumpu't isang mga obispo ng Iglesia Anglikano ang nagpahayag na ang mga Kristiyano ay hindi kinakai-langang maniwala na si Hesus ay Diyos. (*Daily News 25 June 1984*)

---

[39] Kahit si Melchisedec, nagsabi ang Bibliya ng tungkol sa kanya: "walang ama, walang ina, walang pinagmulan, ni wala siyang sinimulang araw, ni kawakasan ng buhay…" (Hebrew 7:3) Magkagayunman, walang sinumang nag-angkin na siya ay may pagka-diyos.

## Ang Pagiging Anak ng Diyos

Ang doktrinang ito, katulad ng mga naunang tinalakay ay hindi naaayon sa mga turo ni Hesus. Sa Biblia, ang katawagang "*anak ng Diyos*" ay ginamit din upang tukuyin si Adam (Lucas 3:38) at marami pang Propetang nauna kay Hesus. Si Israel, halimbawa, ay tinawag na "*Anak ng Diyos*" sa isa sa mga aklat ni Moises. "…*at iyong sasabihin kay Paraon. `Ganito ang sabi ng Panginoon, si Israel ay aking anak, panganay pa man din.`*" (**Exodo 4:22**).

Gayundin, sa mga Awit, ang gayong titulo ay ibinigay kay David. "*Ipahahayag ko ang kautusan; sinabi sa akin ng Panginoon: `Ikaw ang aking anak, sa araw na ito'y naging anak kita.`*"(**Mga Awit 2:7**)

Gayundin sa **I Mga Cronica 22:10**, si Solomon ay tinawag na Anak ng Diyos: "*Siya ay magtatayo ng bahay para sa aking pangalan. Siya'y magiging aking anak, at ako'y magiging kanyang ama; at itatatag ko ang trono ng kanyang kaharian sa Israel magpakailanman.*"

Sa mga pahayag na nabanggit sa itaas at maraming iba pang mga talata sa Bibliya, napagtibayan na ang salitang anak ay hindi literal na kahulugan kundi nangangahulugan ito ng pagiging malapit sa pagmamahal sa Allah. Tung-hayan natin ang sinabi ni Hesus:

"…*Ibigin ninyo ang inyong mga kaaway…upang kayo'y maging mga anak ng inyong Ama na nasa langit…*" (**Mateo 5:44-45**)

"*Mapapalad ang mga mapagpayapa sapagkat sila'y tatawaging mga anak ng Diyos.*" (**Mateo 5:9**)

Ang pagsusuri sa lahat ng naturang mga talata, walang pag-aalinlangan na ang kahulugan ng salitang "***anak***" ay isang talinghaga ng pagkamalapit sa Diyos. Samakatwid, wala sa katuwiran na ituring si Hesus bilang Anak ng Diyos sa isang pantanging kahulugan katulad ng pananaw ngayon ng kalakhang Kristiyano. Nang iakibat kay Hesus ang pariralang "***Anak ng Diyos***," ganap na kasingka-hulugan din ito nang iukol ang salitang ito kina Adam, Israel, David, at Solomon. Si Hesus ay tinukoy na "***Anak ng Diyos***" sa Bibliya nang 13 beses samantalang siya ay tinukoy na "***Anak ng Tao***" nang 83 ulit.

Mariin at walang pasubaling itinatakwil ng Qur'an ang doktrina ng pagiging "***Anak ng Diyos***" sa 2:116: "*At sila (mga Hudyo, mga Kristiyano at mga pagano)ay nagsasabi*: "*Ang Allâh ay nagkaroon ng anak.*" *Luwal-hatiin Siya (Sadyang Dakila Siya sa anumang inaakibat nila sa Kanya). Hindi lamang iyon, Sa Kanya ang pagmamay-ari ng lahat ng nasa mga kalangitan at nasa kalupaan, at ang lahat ay sumusuko nang may pagtalima (sa pagsamba sa) Kanya.*"

Bukod dito, ang pag-uugnay ng isang anak sa Diyos ay nangangahulugan ng pagtatwa at ipagkaila ang mga katangian ng Diyos hinggil sa pagiging Ganap at Perpekto, ang May-Kasapatan at ang Isang walang pangangailangan.

## Ang Orihinal na Kasalanan

Ayon sa paliwanag sa dokrinang ito, nagkasala si Adam nang sumuway siya sa Allah hinggil sa pagkain niya mula sa ipinagbawal na puno (ang puno ng pagkilala sa kabutihan laban sa kasamaan) ayon sa **Genesis 2:17**.[40]

Bunga nito, at ayon sa teolohiyang Kristiyano, lahat ng angkan ni Adam ay nagsipagmana ng kasalanang nagawa niya, na nangangahulugan na ang lahat ng tao ay isinilang na may orihinal na kasalanang ito. At ayon sa Kristiya-nismo, upang maisakatuparan ang katarungan ng Diyos, isang kabayaran ang dapat bayaran sa bawa't kasalanang nagawa.

Sa madaling salita, hindi hahayaan ng Diyos na di-pagbayaran ang anumang kasalanan at hindi Niya mapapatawad kahit ang isang maliit na kasalanan! Kaya naman, ang makapaglilinis ng kasalanan ay sa pamama-gitan lamang ng pagdanak ng dugo. Ayon kay Pablo, "*...walang kapatawaran kung walang pagdanak ng dugo*." (Mga Hebreo 9:22)[41]

Subali't ang dugong ito ay dapat na maging perpekto (o ganap), walang sala at dalisay. Samakatwid, si Hesus, na di-umano'y anak ng Diyos, ay nagbuhos ng kanyang walang dungis na dugo, nagdusa ng di-mailarawang paghihirap at namatay upang bayaran ang gawad na parusa para sa mga kasalanan ng tao. Sa dahilang siya ay pinaniniwalaan nilang

---

[40]Maaaring angkop na itanong: Paanong maparurusahan si Adam sa kanyang ginawa kung hindi niya alam ang tama mula sa mali?3

[41]Ang talatang ito mismo ay salungat sa ibang mga talata ng Bibliya na nagsasaad na ang pagbabayad ay maaaring gawin sa pamamagitan ng pagg-aalay ng ***harina*** ayon sa **Levitico 5:11**, o salapi ayon sa **Exodo 30:16**, o "***mga hiyas na ginto***, ***mga panali sa braso***, ***at mga pulseras***, ***mga singsing na pantatak***, ***mga hikaw***, ***at mga kuwintas sa leeg***..." ayon sa **Mga Bilang 31:50**.

walang hanggang Diyos, siya lamang ang makapagbabayad ng katumbas na halaga sa walang hanggang kasalanan. Samakatwid, sa ganitong pananaw, walang sinumang maliligtas hangga't hindi niya tanggapin si Hesus bilang kanyang personal na taga-pagligtas.[42]

Bukod dito, ang bawa't isa'y hinatulang magdusa nang walang hanggan sa Impiyernong-Apoy dahil sa kanyang likas na namanang kasalanan maliban na lamang kung tanggapin niya ang pagbabayad sa kanyang kasalanan na ginawa ni Hesus sa pamamagitan ng kanyang dugo.

Ang doktrinang ito ay maaaring hatiin sa tatlong mali-liwanag na bahagi: (1) ang orihinal na kasalanan; (2) ang paniniwala na ang katarungan ng Diyos ay nanganga-ilangan ng pagpaparusa ng kasalanan sa pamamagitan ng pagdanak ng dugo; at (3) ang paniniwalang si Hesus ang tumubos sa mga kasalanan ng tao sa pamamagitan ng kanyang pagkamatay sa krus at ang kaligtasan ay para lamang doon sa mga naniniwala sa kanyang banal na pagpapakasakit.[43]

**Hinggil sa unang bahagi,** isinulat ni Rev. De Groot (*Catholic Teaching, pahina 140*): "*Itinuturo sa atin ng Kasulatan na ang kasalanan ni Adam ay nasalin sa lahat ng tao* (*hindi kabilang ang ating Mahal na Birhen*). *Sapagka't sa pahayag ni San Pablo sa* ***(Mga Taga-Roma 5:18-19)***:

---

[42]Ito ay salungat sa mababasa sa Isaias 43:11 na ang Diyos na lumikha ay nagsabi, "*Ako, Ako ang Panginoon, at liban sa akin ay walang tagapagligtas.*" Ang talatang ito ay malinaw na nagsasaad na ang Diyos lamang ang tanging tagapagligtas.

[43]Kung ang paniniwala sa pagkapako ni Hesus sa krus ang tanging paraan ng kaligtasan sa mga nabuhay noong kanyang kapanahunan at sa mga naniwala sa kanya pagkatapos niyang lumisan, ano ang kinahinatnan ng mga naunang mga makasalanang namatay bago ang pagkakasugo kay Hesus, nat kailanma'y di-nagkaroon ng pagkakataong makilala siya o maniwala sa kanyang pagkapako sa krus?

"…***Sapagkat kung paanong sa pamamagitan ng pagsuway ng isang tao* (*Adam*) *ang marami ay naging mga makasalanan*, *gayundin sa pamamagitan ng pag-sunod ng isa* (*Kristo*) *ang marami ay magiging mga matuwid*.**" Ayon sa mga pahayag na ito, ipinakikita na ang lahat ng tao ay nagmana sa kasalanan ni Adam. Katulad ng marami pang ibang paniniwalang Kristiyano, ang doktrina ng '***Manang Kasalanan***' ay hindi nakatatagpo ng katibayan sa mga salita ni Hesus o sa mga Propetang nauna sa kanya. Itinuro nila na ang bawa't tao ay mananagot sa kanyang sariling mga gawa; ang mga bata ay hindi parurusahan sa mga kasalanan ng kanilang mga magulang.

Walang taong isinisilang na makasalanan. Si Hesus mismo ay nagturing sa mga bata bilang walang malay at dalisay, at hindi isinilang na makasalanan. Malinaw mula sa kanyang sinabi: "…*Hayaan ninyong lumapit sa akin ang maliliit na bata. Huwag ninyo silang pagbawalan, sapagkat sa mga ganito nauukol ang kaharian ng Diyos. Tunay na sinasabi ko sa inyo, ang sinumang hindi tumanggap sa kaharian ng Diyos katulad ng isang batang maliit, hindi siya makapapasok doon.*" (**Marcos 10:14-15**)

Kung isasaalang-alang nang makatuwiran ang pagkaka-roon ng "Manang Kasalanan", magiging kawalan ng katarungan sa pinakamataas na antas ang isumpa ang lahat ng lahi ng sangkatauhan dahil lamang sa pagkakasalang ginawa ng ating unang magulang (sina Adam at Eva) mga libu-libong taon na ang nakaraan. Ang kasalanan ay ang kusang paglabag sa Batas hinggil sa tama at mali, kaya't ang pananagutan o paninisi para rito ay marapat lamang sa taong gumawa nito at hindi sa kanyang mga supling. Isang napakabigat na kawalang-katarungan ang ituring na makasalanan ang isang

tao sa pagkasilang pa lamang niya. Isang sukdulang kawalan ng katwiran at kawalan ng habag ang paniniwala sa doktrinang ito katulad ng pasiyang panrelihiyon ni San Agustin na ang lahat ng mga sanggol na hindi binyagan ay nakatakdang masunog sa Impiyernong Apoy nang walang hanggan! Hanggang kamakailan, ang mga namatay na sanggol na hindi nabinyagan ay hindi maaaring ilibing sa mga inihandog na lupain sa Kakristiyanuhan dahil sa paniniwalang pumanaw sila nang may "***orihinal na kasalanan***."

Itinatakwil ng Islam ang doktrinang "Orihinal na Kasalanan". Sa Islam, itinuturing ang mga bata bilang dalisay at walang bahid kasalanan sa kanilang pagkasilang, dahil ang kasalanan ay hindi namamana, kundi isang bagay na matatamo ng isang tao sa pamamagitan ng pagsagawa niya mismo ng mga bagay na hindi dapat gawin, at di-pagganap sa mga bagay na dapat niyang gawin.

**Ang ikalawang bahagi** ng doktrinang Kristiyano tungkol sa pagbabayad, na ang katarungan ng Diyos ay nanganga-ilangan ng kabayaran para sa orihinal at iba pang mga kasalanan ng tao. Kung sakali mang magpatawad ang Diyos sa isang makasalanan nang walang kaparusahan, magiging pagsalungat ito sa Kanyang pagkamakatarungan. Hingil dito'y isinulat ni **Rev. W. Goldsack** (***The Atone-ment***, *pahina 5*): "*Dapat maging kasinlinaw ng sikat ng araw kaninuman na hindi maaaring labagin ng Diyos ang Kanyang sariling batas*: ***'Hindi niya mapatatawad ang isang makasalanan nang hindi muna siya bibigyan ng angkop na parusa.'*** *Sapagka't kung ginawa Niya ito (ang pagpaparusa), sino ang tatawag sa Kanya ng 'Makatarungan' at Makatwiran?*"

Sa sinumang may ganitong pananaw, nagpapakita lamang siyang may ganap na kamangmangan sa pagiging makatarungan ng Diyos. Hindi lamang hukom at hari ang Diyos. Alinsunod sa paglalarawan sa Kanya ng Qur'an, Siya ***ang Mahabagin***, ***ang Maawain, ang Mapagmahal***, ***ang Bukod-Tanging Nagmamay-ari ng lahat, at ang Tagapangasiwa sa Araw ng Paghuhukom***." Hindi lamang Siya Ganap na Makatarungan kundi Ganap na Maawain din Siya at Ganap na Mapagpatawad, "*...Siya ang Ganap na Maawain sa lahat ng nagpapakita ng habag* **(12:92**)

Kung batid ng Diyos na ang tao ay taimtim na nagsisisi, may tunay na hangaring labanan at talunin ang kasamaan sa kanyang sarili, lubusang mapatatawad ng Makapang-yarihang Diyos ang kanyang mga kamalian at kasalanan, yamang ang tanging angkop na dahilan para sa pagpaparusa ay upang pigilin ang kasamaan at sa pagbabago ng nagkasala. Ang pagpaparusa sa isang tao sa kanyang nakaraang mga kasalanan, maging pagkatapos niyang magsisi at baguhin ang kanyang sarili, ay isang palatandaan ng paghihiganti, hindi katarungan.

Gayundin, ang pagpapatawad sa isang tao pagkatapos siyang parusahan, o pagkatapos igawad ang parusa sa ibang tao sa halip na parusahan siya mismo ay hindi maituturing na kapatawaran sa sinumang may malawak na pananaw.

Ang sinasamba nating Diyos ay isang Diyos ng habag at awa. Kung nagtakda Siya ng batas at nag-utos ng karapat-dapat na pagsunod, iyon ay hindi para sa Kanyang Sariling kapakinabangan kundi para lamang sa kapakinabangan ng sangkatauhan. At kung nagpaparusa Siya sa isang tao dahil sa kanyang mga kamalian at kasalanan, iyon ay hindi para sa Kanyang kaluguran o kabayaran, katulad ng ipinaha-hayag ng dokrina ng Kristiyanismo, kundi para sugpiin ang

kasamaan at linisin ang makasalanan. Pinatatawad ng Diyos ang mga kamalian at kasalanan ng mga nagwaksi ng kanilang mga sala at binago ang kanilang mga sarili nang hindi sila pinaparusahan. Ito ay hindi salungat sa katarungan ng Diyos. Kaya'y ipinahayag Niya saQur'an:

"*...itinakda ng inyong Panginoon sa Kanyang Sarili ang Habag, upang sa gayon kung sinuman sa inyo ang gumawa ng kasamaan dahil sa kamangmangan, at pagkaraa'y nagsisi at gumawa ng kabutihan, magka-gayo'y tunay na Siya ang Mapagpatawad, ang Maha-bagin.*"(**6:54**).

**Ang ikatlong bahagi** ng doktrinang Kristiyano ng pagtubos ay nagsasabing si Hesus ang nagbayad o tumubos sa orihinal na kasalanan at iba pang mga kasalanan ng tao sa pamamagitan ng pagkamatay niya sa krus ng Kalbaryo, at ang kaligtasan ay hindi makakamtan nang walang paniniwala sa kapangyarihan ng pagliligtas ng kanyang dugo.

Isinulat ni **J. F. de Groot** (***Catholic Teaching***, *pahina 162*): "*Yayamang si Kristo, Diyos na Nagkatawang-Tao, ay inako niya sa kanyang sarili ang ating mga sala upang tubusin ang mga iyon sa pamamagitan ng pagtugon sa pag-aatas ng Diyos para sa katarungan, siya ang tagapamagitan sa Diyos at tao.*" Ang doktinang ito ay hindi lamang pagtatatwa sa pagkamaawain ng Diyos kundi maging sa Kanyang pagkamakatarungan.[44]

---

[44]Sa bahaging ito, maaaring itanong: Ang pagdurusa ba ni Adam at pagsisisi niya sa Diyos, ang pagpapalayas sa kanya sa Paraiso, ang pagbaha at maraming mga sakripisyong ginawa para sa Diyos ay hindi pa ba sapat na kabayaran para sa kanyang kaligtasan? Paano ang mga kasalanang higit na karumal-dumal kaysa sa kay Adam? At papaanong ang hiwaga (misteryo) ng kaligtasan ay nanatiling di batid ng lahat ng mga Propeta na sa dakong huli'y simbahan lamang ang nakatuklas nito?

Ang pangangailangan ng pantubos o kabayaran ng dugo upang patawarin ang mga kasalanan ng tao ay pagpapakita ng ganap na kawalan ng awa, at ang pagpaparusa sa isang taong walang kinalaman sa mga sala ng iba, maging siya man ang may nais o hindi, ay isang napakasidhing kawalan ng katarungan.

May mga pagsalungat na nagpapatotoo sa kamalian ng paniniwala sa pagtubos at pagkamatay sa krus. Ang sumusunod ay ilan lamang sa mga ito:

**Una**: Ang doktrina ng pagkapako sa krus ni Hesukristo bilang pagtubos sa orihinal na kasalanan ay nakabatay sa tiwaling pundasyon. At anumang nakatayo sa tiwaling pundasyon, ito mismo ay tiwali. Ang ipinangangaral ng simbahan na ipinamana ni Adam ang kanyang kasalanan sa kanyang lahi ay salungat sa mga talata ng Torah na ayon sa Bibliya, si Hesus ay hindi dumating upang sirain ang kautusan o ang mga Propeta, kundi upang tuparin (**Mateo 5:17-18**).

Gayundin mababasa natin sa **Deuteronomio 24:16**: "*Ang mga ama ay hindi papatayin dahil sa mga anak, ni ang mga anak ay papatayin dahil sa mga ama*; *bawat tao'y papatayin dahil sa kanyang sariling kasalanan*."

Sa **Ezekiel 18:20**, nababasa rin natin: "*Ang taong nagkasala ay mamamatay. Ang anak ay hindi magdurusa dahil sa kasalanan ng ama, ni ang ama ay magdurusa dahil sa kasalanan ng anak*."

Si Hesus na rin ang nagsabi, ayon sa **Mateo 16:27**:"*…at kanyang gagantihan ang bawa't tao ayon sa kanyang mga gawa*."

Ito ay sumasang-ayon sa Qur'an: "*Na walang taong may pasanin ang babalikat pa sa pasanin ng iba. Na ang taong iyon ay walang makakamtan maliban sa kanyang ginagawa*

*(mabuti man o masama) at ang kanyang mga gawa ay makikita.*" (**53:38-40**)

**Ikalawa**: Ayon sa **Genesis 5:5**, ang ating ama, si Adam, ay namuhay na kasama ng kanyang asawa sa loob ng 930 taon pagkatapos nilang kumain mula sa bawal na puno. Ito ay nagpapatunay sa kamalian ng **Genesis 2:17**, na nagsa-saad:

"*Subalit mula sa punungkahoy ng pagkakilala ng mabuti sa masama ay huwag kang kakain; sapagkat sa araw na ikaw ay kumain niyon ay tiyak na mamamatay ka.*"

Ngunit hindi naganap ito. Ito ay nangangahulugan din na si Adam ay nagsisi at humingi ng tawad at siya ay pinatawad ng Diyos. Ang **Ezekiel 18:21-22** ay nagsasaad:

"*Ngunit kung ang masamang tao ay lumayo sa lahat niyang kasalanan na kanyang nagawa, at ingatan ang lahat ng aking mga tuntunin, at gumawa ng ayon sa batas at matuwid, siya'y tiyak na mabubuhay, siya'y hindi mamamatay. Alinman sa kanyang mga paglabag na nagawa niya ay di na aalalahanin pa laban sa kanya; sapagkat sa matuwid na gawa na kanyang ginawa ay mabubuhay siya.*"[45]

Kaya't sina Adam at ang kanyang asawa ay "***namuhay***," at nangyaring "***tumalikod sa lahat ng kanilang mga kasalanang ginawa.***" Nangangahulugan lamang na ang kasalanan ay hindi namamana, at sa gayon ay walang dahilang si Hesus ay mamatay para sa mga kasalanan ninuman. Ito ay may ganap na pagsang-ayon sa Qur'an, na nagsasaad:

---

[45]Kung ang nakagawa nito ay isang taong "***masama***," paano naman kung ang nagkasala ay nagkataong isang matuwid na taong katulad ni Adam? Katiyakan, siya ay pagkakalooban na kapatawaran sapagka't siya ay humingi ng kapatawaran at nagsisi. [Mangyari lamang tingnan din sa Mga Hebreo 5:7, kung paanong dininig ang kanyang panalangin na iniligtas si Hesus sa kamatayan.)]

*"Sa ganoon sumuway si Adam sa kanyang Panginoon, kaya siya'y naligaw. Pagkaraa'y hinirang siya ng kanyang Panginoon, at binalingan siya nang may pagpapatawad, at binigyan siya ng patnubay."* (**20:121-122**).

**Ikatlo**: Hindi tumpak ayon sa Bibliya na sabihing si Hesus ay dumating upang magnais na mamatay para sa mga sala ng tao. Nababasa natin sa Bibliya na hindi niya ninais mamatay sa krus. Sapagkat nang kanyang malaman na ang kanyang mga kaaway ay nagbabalak laban sa kanyang buhay, sinabi niya na ang kanyang kaluluwa ay "*...lubhang malungkot hanggang sa kamatayan...*" (**King James Version**, **St. Mark 14:34**). Pagkatapos niyon ay nanalangin siya sa Diyos, na nagsasabing: "*Abba, Ama, ang lahat ng bagay ay maaaring mong mapangyari. Ilayo mo sa akin ang sarong ito, gayunma'y hindi sa nais ko, kundi sa nais mo.*" (**Marcos 14:36**). Sinabihan din niya ang kanyang mga disipulo (tagasunod) na bumili ng mga tabak (espada) (**Lucas 22:36**) at magbantay sa kanya sa gabi at ipagtanggol siya sa kanyang mga kaaway.

**Ikaapat**: Sinasabi sa atin ng Bibliya sa **Marcos 15:34** na ang taong nakapako sa krus ay sumigaw nang may malakas na tinig, "***Eloi, Eloi, lama sabacthani?***" na nangangahulugang, "***Diyos ko, Diyos ko, bakit Mo ako pinabayaan?***" Ang gayong mga panaghoy (pagdaing o pagtangis) ng kawalan ng pag-asa – kung tatanggapin nating totoo ang naganap alang-alang sa pagtatalakayan – ay nagpapatotoong ang taong nakapako sa krus ay di-ginustong mamatay sa krus. Higit na mahalaga, ang talata ay nagtataglay ng malinaw na katibayang ang nakapako sa krus ay hindi maaaring maging si Hesukristo, sapagkat ang gayong walang pag-asang panaghoy at sindak ay hindi naaangkop sa isang Propeta ng Diyos, lalo pa't isang ipinamamalitang isa siyang Diyos.

**Ikalima**: Alinsunod sa **Marcos 14:50**, ang pagkamatay sa krus ay hindi nasaksihan ninuman ng mga disipulo ni Hesus sapagka't,"***Iniwan siya ng lahat at tumakas sila***."[46]

Gayundin, walang sinuman sa mga sumulat ng Ebanghelyo at mga Epistola (Sulat) ang nakasaksi ng pagkamatay sa krus; magkagayo'y walang mga kapani-paniwalang saksi. Kaya, ang mga pinagkunan ng kuwento ay kaduda-duda lalo na kung tutuusing ang mga Ebanghelyong Kanoniko mismo ay nagkakaiba-iba tungkol sa mga eksaktong detalye ng kamatayan sa krus mula sa simula hanggang sa huli.

**Ikaanim**, Ang kaisipang pagbuhos ng dugo ay kailangan upang pawiin ang galit ng Diyos ay dumating sa Kristiyanismo mula sa isang sinaunang paglalarawan sa Diyos bilang isang makapangyarihang demonyo. Walang makatwirang ugnayan sa pagitan ng kasalanan at dugo. Ang pumapawi ng mga kasalanan ay hindi dugo, kundi pagkalungkot sa nagawa, taimtim na pagsisisi, masigasig na pagpigil sa mga masasamang hilig at patuloy na pagsusumikap na isakatuparan ang kalooban ng Diyos ayon sa pahayag sa atin ng mga Propeta. Karagdagan pa rito, nang si Hesus ay tanungin tungkol sa landas tungo sa buhay na walang hanggan, ang tugon niya ay hindi ang paniniwala sa kanya bilang tagapagligtas sa pamamagitan ng pagbubuhos ng kanyang dugo. Sa halip, ito ang tinuran: "…***ngunit kung ibig mong pumasok sa buhay***, ***ingatan mo ang mga utos***." (**Mateo 19:17**).

---

[46]Sa kadahilanang dapat tayong mag-isip ng kabutihan hinggil sa mga disipulo ni Hesus, na kung kaya, maaari nating ipakahulugan ang isa sa dalawang bagay: na ang talatang ito ay isa pang pagdaragdag at hindi bahagi ng orihinal, o kaya (kung ito ay totoo), ang mga disipulo ay nangyaring umalis sapagkat batid nilang ang nakapako ay hindi si Hesus mismo.Alinman sa dalawang ito, magkatulad pa rin ang kalalabasan.

Ang pamamaraang Kristiyano tungkol sa kaligtasan ay hindi lamang mali ayon sa moralidad (mabuting asal) at katuwiran kundi sumasalungat din sa mga salita ni Hesus. Siya ay dumating upang iligtas ang tao sa kasalanan sa pamamagitan ng kanyang mga turo at sa mga halimbawa ng kanyang makadiyos na pamumuhay, na sadyang taliwas sa itinuturo ng simbahan sa kusang pagkamatay niya sa krus para sa tao at pag-aalay ng dugo para sa kanilang mga kasalanan. Ang kanyang misyon ay tawagin din ang mga makasalanan na magsisi katulad ng paanyaya ng lahat ng mga Propetang nauna sa kanya. Kailanman ay hindi niya sinabing siya ay dumating para sa pagtubos sa kasalanan ng tao. Ito ay binibigyang-diin sa **Mateo 4:17**, katulad ng sinasabi sa atin tungkol kay Hesus:

"***Mula noon ay nagpasimulang mangaral si Hesus at nagsabi***, "***Mangagsisi kayo***, ***sapagkat malapit na ang kaharian ng langit.***"

Sadyang di-maintindihan na ang Bibliya ay tumungo sa sukdulang pagmamalabis at paghamak kay Hesus sa pamamagitan ng pagturing sa kanya bilang isang isinumpa. Sinasabi ni Pablo:

"*Tinubos tayo ni Cristo mula sa sumpa ng kautusan sa pagiging isang sumpa sa atin – sapagkat nasusulat*, "*Sumpain ang bawat binibitay sa punungkahoy*"(**Galacia 3:13**)

Ang doktrina ng pagtubos, katulad ng sinaunang paniniwala ng Kristiyano, ay nagmula sa mga napaka-tandang (*ancient*) paganong relihiyon. Ayon kay Arthur Findley (***Rock of Truth***, *pahina 45*), labing-anim na pangalan ang

pinaniniwalaan ng kanilang mga mama-mayan na sila ay dumating para sa kanilang kaligtasan at pagtubos. Ang ilan sa kanila ay ang Ehipsiyong Osiris (1700 BC), ang Babilonyong Baal (1200 BC), Ang Hindung Krishna (1000 BC), ang Tibetanong Andra (725 BC), ang Intsik na Buddha (560 BC) at ang Persiyanong Mithra (400 BC).

Ang doktrina ng pagtubos ay hindi lamang isang insulto sa matinong kaisipan, bagkus nag-uudyok din ito sa mga taong isantabi ang mabubuting gawa at gumawa ng mga kasamaan katulad ng pagpaslang, pagnanakaw, pangga-gahasa at pakikiapid. Minaliit ni Pablo ang kahalagahan ng mga pangaral ni Hesus, at kanyang ipinahayag:

"*Kaya nga maipasisiya natin na ang tao ay inaaring-ganap sa pananampalataya na hiwalay sa mga gawa ng kautusan.*"(**Mga Taga-Roma 3:28**) Sinabi pa rin niya na si Abraham ay hindi natulungan ng kanyang mga gawa (**Mga Taga-Roma 4:2**)

Samakatwid, si Pablo ang may kagagawan na ang kalig-tasan ay makakamtan lamang sa pamamagitan ng panini-wala sa pagkamatay ni Kristo sa krus. Ano ang magiging kalagayan ng sangkatauhan kung maniniwala ang tao sa ganitong kaisipan? Ang tugon sa pag-aangkin ni Pablo ay ginawa mismo ni Hesus:

"*Kaya't sinumang sumuway sa isa sa kaliit-liitang mga utos na ito, at ituro ang gayon sa tao, ay tatawaging kaliit-liitan sa kaharian ng langit; datapwat ang sinumang gumanap at ituro, ito'y tatawaging dakila sa kaharian ng langit.*" (**Mateo 5:19**)

Tinatanggihan ng Islam ang doktrina ng pagtubos. Ipinahahayag nito na ang kapatawaran ng mga kasalanan ay hindi makakamtan sa pagdurusa at pagpapakasakit ng sinumang tao kundi sa habag lamang ng Diyos at ng pansariling taimtim na pagsisisi ng isang tao, kalakip ang matibay na pagsisikap na pag-iwas sa kasamaan at sa paggawa ng kabutihan. Gayundin, kapag ang mga nagawang kasalanan ay nasasangkutan ng kawalang katarungan sa tao, ang mga karapatang yaon ay dapat isauli sa mga tunay na nagmamay-ari at dapat hingin ang kanilang pagpapatawad hangga't maaari. Ang Qur'an ay nangangako ng kaligtasan sa lahat ng mga naniniwala sa Kaisahan ng Diyos at gumagawa ng mabuti:

"*Siyang tunay, sinuman ang isuko ang kanyang sarili sa Allah at gumagawa siya ng kabutihan, magkagayo'y nasa kanyang Panginoon ang kanyang gantimpala, sa gayo'y walang dapat ipangamba, ni hindi sila malulumbay*" (**2:112**)

Mababasa rin sa Qur'an: "*Kaya sinumang umaasang makatatagpo niya ang kanyang Panginoon, hayaan siyang gumawa ng makatarungan at huwag magtambal ng anuman sa pagsamba sa kanyang Panginoon.*" (**18:110**)

Ang mababasa sa Santiago (James) **2:14 at 17** ay kapwa umaayon sa Islam at sa mga utos, sa pagsasabing: "*Ano ang pakinabang, mga kapatid, kung sinasabi ng sinuman na siya'y may pananampalataya, ngunit walang mga gawa? Maililigtas ba siya ng kanyang pananampala-taya...? Kaya't ang pananampalatayang walang gawa ay patay sa kanyang sarili.*"

## Islam: Ang Monoteismong Relihiyon ng Lahat ng mga Propeta:

Ang isang walang pagkiling na pagsusuri sa mga nasabing doktrina ng Kristiyanismo ay walang pupuntahan kundi sa iisang tanging pagwawakas: na ang mga ito ay kapwa di-makatuwiran at salungat sa mga turo ni Hesus. Sapat nang malaman na noong mga sumunod na taon matapos umakyat sa langit si Hesus, walang sinuman sa mga tagasunod niya ang nagturing sa kanya nang higit sa pagka-Propeta ng Diyos. Ang mga nasabing doktrina sa itaas ay nabuo lamang pagkatapos muna ng maraming taong nakalipas, samakatwid, isang malinaw na katibayan na ang pundasyon ng Simbahang Kristiyano ay nakabatay sa isang malaking paglihis sa orihinal na mensahe ni Hesus at sa lahat ng mga Propetang nauna sa kanya.

Ang paniniwala sa kaisahan ng Diyos at ang pagsamba lamang sa Kanya ang siyang tunay na ipinag-uutos sa sangkatauhan. At ang pagtatambal ng iba sa pagsamba sa Diyos ay naganap lamang pagkaraan ng ilang yugto ng kasaysayan ng sangkatauhan.

Katotohanang nanatili ang tao sa pagsamba nang bukod-tangi sa Allah pagkaraan ng panahon ng Ama ng sangkatauhan (si Adam) sa loob ng sampung siglo (dantaon) hanggang sa nangyari ang pagtatambal sa pagsamba sa Allah ng mga angkan ni Noah bunga ng labis nilang pagbibigay-parangal sa mga yumao nilang maka-diyos na mga guro, hanggang sa itaas sila sa antas ng pagkadiyos kasama ng Allah, sa maling paniniwala na sila'y mapapalapit sa Allah sa pamamagitan nila. Kaya ipinadala ng Diyos si Noah para anyayahan silang bumalik sa pagsamba nang bukod-tangi sa nag-iisang Diyos. Nagpadala ang Allah ng mga Propeta at Sugo nang sunod-sunod sa bawa't sambayanan sa kani-kanilang panahon hanggang sa isugo Niya ang panghuli sa mga Propeta at Sugo

na si Propeta Mohammad (ﷺ) sa iisang pangaral: na walang sinumang Diyos na karapat-dapat sambahin kundi ang Allah.

Ang pangunahing misyon ng lahat ng mga Propeta ay hindi lamang ang manawagan sa mga taong maniwala sa pagkakaroon ng Diyos bilang Pinakadakila at Kataas-taasan, at pagkilala sa Kanya bilang Tagapaglikha, Tagapagkaloob at Tagapangasiwa ng lahat ng mga nilalang, sapagka't maging ang mga nagbibigay katambal sa pagsamba sa Kanya ay likas na nakababatid na may Diyos at kailanma'y hindi nag-alinlangan na ito ang totoo.[47] Kakaunti lamang sa kanila ang nagkunwari na di-umano'y tumatanggi sa pagkakaroon ng Diyos. Mayroon sa kanila na mga sumamba sa Diyos sa pamamagitan ng mabubuting gawa; mayroon din mga masigasig sa mga pananalangin sa Kanya sa mga panahon lamang ng kagipitan. Subali't sa mga panahon ng kaginhawahan, ginagawa nila ito sa tulong ng mga tagapamagitan.

Ang mga Propeta ay nanawagan sa tao upang magbalik-loob sa Diyos at magsumamo sa Kanya nang walang tagapamagitan sa mga panahon kapwa ng kaluwagan at

---

[47]Ang ateismo (ang paniniwalang walang Diyos) ay nagsimula lamang na lumaganap nang malawakan sa mga lipunang Kristiyano noong ika-18 at 19 na dantaon. Kabilang sa mga kadahilanan ay ang mga kawalang-katarungan na ginawa ng Simbahan ang pang-aalipin nito sa madlang tao, paghamak at pag-abuso sa tao sa ngalan ng "Diyos." Ang Kristiyanismo ay sumalungat din sa katuwiran at sa mga pangangailangang pantao. Kinalaban ng Simbahan ang pagsulong sa siyensya at pinagmalupitan ang mga siyentipiko, na nagbunga ng hidwaan sa pagitan ng tao at ng pananampalataya. Dahil dito, ang tao ay lalong nabahala sa makamundong buhay at nahumaling sa kanilang likas na kahinaan na mga tukso ng mundo. Dahil sa kawalan ng katwiran at di pagkakatugma ng isa't isa, ang pananalig ay gumuho at ang papel ng relihiyon sa buhay ay nawala.

kahirapan. At sa kadahilanang ang monoteismo o dalisay na pagsamba sa Kaisahan ng Diyos na Tagapaglikha ang pinakapangunahin at pinakamahalagang tungkulin at ang pundasyong nagbibigay-bisa sa mabubuting gawa at nagiging katanggap-tanggap, mababatid nating ang lahat ng mga Propeta ay nagsimulang mag-anyaya sa kanilang mga sambayanan at nagsasabing:

"O aking angkan! Sambahin ang Allâh! Wala kayong ibang diyos na dapat sambahin maliban sa Kanya. Hindi ba nararapat na magkaroon kayo ng *Taqwa* (takot)?" (**Qur'an 7:65**).

Ipinahayag din ng Allah sa **Qur'an** (**16:36**) :

"*At katotohanang Kami ay nagpadala sa bawat bansa ng Sugo (na nagpapahayag): "Sambahin lamang ang Allah at layuan ang Taghut (mga diyus-diyusan).*"

*"At hindi Kami nagpadala ng kahit isang Sugo nang nauna sa iyo maliban sa ipahayag sa kanya: "Walang Diyos maliban sa Akin, kaya sambahin Ako."* ***(21:25)***

Samakatwid, malinaw na ang Islam (pagtalima sa kalooban ng Allah) ang siyang relihiyon ng lahat ng mga Propeta at Sugo ng Diyos, mula kay Adam hanggang kay Muhammad (ﷺ). Katiyakan, ang Islam ay tanging relihiyon nila Noah, Abraham, Moises at Hesus. Ayon sa Islam, ang lahat ng mga Propeta ay magkakapatid at walang dapat gawing pagtatangi sa pagitan nila. Hinggil sa mga taong sumunod sa patnubay ng Propeta at sumamba sa Diyos kung paano Siya dapat sambahin, silang lahat ay itinuturing na mga Muslim, at ang Paraiso ay mapapasa-kanila.

Ibinalik ng *Islam* sa orihinal na kalagayan ang ganitong walang-hanggang mensahe na inihayag ng Diyos sa lahat ng Kanyang mga Propeta. Ang *Islam* ay isang pagpa-patuloy ng mensaheng iyon, na ang pinakabuod na katuruan nito ay iisa. Bagama't sa simula pa'y inilahad na ito ng Dakilang Allah sa

bawa't bansa sa pamamagitan ng kanilang Propeta, nabigyan ito ng maling pakahulugan at nahaluan ng mga pamahiin sa paglipas ng panahon, mga maling paniniwala at mga ritwal na kinatha ng tao. Ito ang dahilan ng pagkawala ng tunay na relihiyon (mula sa orihinal nitong katayuan) tungo sa mga pamahiin at walang saysay na ritwal.

Ang Islam, katulad ng pagkapahayag nito kay Propeta Muhammad (ﷺ), ay isang pagbabalik sa konsepto ng Kaisahan ng Diyos na itinuro ni Hesus at ng lahat ng naunang Propetang ipinadala ng Dakilang Allah. Ang Islam ay isang mensahe para sa lahat ng sangkatauhan hanggang sa kawakasan ng panahon at hindi ito ipinadala sa iisang sambayanan, katulad ng pangyayari sa naunang mga Propeta.

Ang Islam ay tinatanggihan ang di-makadiyos na mga katuruan at muling itinatatag ang tunay na konsepto ng Diyos; na Siya ang Bukod-Tanging Tagapaglikha, ang Ganap na Tagapagkaloob, Ganap na Makapangyarihan at Tagapamahala ng lahat ng nilalang sa santinakpan, na sa Kanya lamang iniuukol ang pagiging Ganap. Ang mga katangiang ito ay nagpapatatag sa tao na Siya lamang ang karapat-dapat na sambahin. Gayundin, Siya ay dapat sambahin sa pamamaraan na Kanyang itinakda at ipinag-utos, at hindi sa pamamagitan ng mga kinathang ritwal at mga gawaing pagsamba. At huwag ituon ang anumang uri ng pagsamba maliban sa Kanya. At kung papaano ang mahigpit na pagpapatibay sa Kaisahan ng Diyos, labis na itinuturing ang pagtatambal o pagsamba ng iba bukod sa Kanya ang pinakasukdulang kasamaan o kasalanang magagawa ng isang tao. Ito lamang ang tanging kasalanan ng tao na hindi mapapatawad ng Allah maliban kung siya'y matapat na

nagsisi at humingi ng kapatawaran bago siya namatay. Sinabi Niya:

*"Katotohanan, hindi pinatatawad ng Allah ang pagbi-bigay katambal sa Kanya (sa pagsamba). Datapwa't pinatatawad Niya ang ibang kasalanan bukod dito sa kaninumang Kanyang nais."* **Quran 4:48**)

Ang pagbibigay katambal sa pagsamba sa Diyos ay isang kasalanang nagkakait sa isang tao upang makapasok sa Paraiso, at sanhi nito'y itatapon siya sa walang-hanggang Impiyernong-Apoy. Matutunghayan sa Qur'an:

*"Katotohanan, sinumang magtayo ng katambal (sa pagsamba) sa Allâh, magkagayo'y ipinagbawal sa kanya ng Allâh ang Paraiso, at ang Apoy (Impiyerno) ang kanyang magiging tahanan. At walang mga tagatulong para sa mga mapaggawa ng masama."* (**5:72**)

Anumang gawaing pagsamba na inialay sa iba bukod sa Allah ay isang *Shirk* (pagsamba sa diyus-diusan) na siyang nagpapawalang-bisa sa lahat ng mabubuting gawa. Ang Allah ay nagsabi:

*"...Nguni't kung sila'y nagtambal ng iba sa pagsamba sa Allâh, lahat ng kanilang mga ginawa ay walang kapakinabangan sa kanila."* (**6:88**)

Tunay na ang Diyos (Allah) lamang ang Siyang bukod-tanging tinatawagan ng lahat ng nilalang sa lahat ng kanilang mga pangangailangan nang walang tagapa-magitan, Siya ang Sandigan ng lahat ng nilikha, ang Lumikha at Tagapanustos sa lahat ng nilalang, ang Ganap na Mapagpatawad at Tagapagtangkilik, ang Maawain, ang Maka-pangyarihan sa Lahat, ang Maalam at ang Naka-babatid ng lahat.

Matutunghayan sa mga salita ng isang tanyag na Italyanang Oriyentalista (maalam sa paksang Pang-Silangan/Pang-Asya)

na si Dra. Laura Veccia Vaglieri,[48] isinulat niya: "***Salamat sa Islam**, **ang paganismo sa lahat ng anyo nito ay natalo**. **Ang konsepto ng sandaigdigan**, **ang mga gawaing panrelihiyon at mga kaugaliang pan-lipunan ay isa-isang nakaligtas sa lahat ng sumisira sa mga ito**, **at ang mga kaisipang pantao ay naging malaya sa mga mali at hindi matuwid na haka-haka. Sa wakas ay napagtanto ng sangkatauhan ang karangalan at dignidad na nauukol sa kanya**, **at nagpakumbaba siya sa harapan ng Diyos na Tagapaglikha at Panginoon at Bukod-Tanging Nagmamay-ari ng lahat ng mga nilalang***."

Patuloy niya: "***Ang kaluluwa ay nakalaya mula sa lahat ng di-makatwiran**, **ang kalooban ng tao ay nakalaya mula sa mga gapos ng pagkaalipin sa iba, o sa tinatawag na may mga nakatagong kapangyarihan**. **Ang mga pari**, **ang mga huwad na tagapagbantay ng mga kahiwagaan, ang mga ahente o tagapangasiwa ng kaligtasan at ang lahat ng mga nagkukunwaring tagapamagitan sa Diyos at tao at naniwalang sila lamang daw samakatwid ang may kapangyarihan sa kalooban ng ibang tao, silang lahat ay nangahulog mula sa kanilang di-marapat na mataas na kinatatayuan**. **Ang tao ay naging bukod-tanging lingkod ng Allah. Ang kanyang pakikipag-ugnayan sa ibang tao ay itinuturing na isang pananagutan ng isang malayang tao sa kanyang kapwa malayang tao. Bagama't noong una'y nagdanas ang tao ng kawalang-katarungan dulot ng pagkakaiba-ibang panlipunan**, **ang Islam ay nagpahayag ng pagkaka-pantay-pantay ng tao**. **Ang bawa't Muslim ay naiiba lamang sa ibang mga Muslim hindi dahil kanyang***

---

[48]"Apologia dell' Islamismo" na isinaling "Interpretarion of Islam" ni Dr. Caselli, p. 33-34

***sa lahi, kulay o iba pang dahilan na walang kinalaman sa kanyang pagkatao, kundi sa kanyang malaking takot sa Diyos, sa kanyang mabubuting gawa, sa kanyang mabuting asal at mga katangiang pang-intelektual.*** " Isinasaad din niya sa kanyang aklat, "***Hindi, kung gayon, sa pamamagitan ng karahasan ng armas, at hindi rin sa pamamagitan ng pamimilit ng mga misyonaryong mapanghimasok ang naging sanhi ng malawakan at mabilis na paglaganap ng Islam, kundi, higit sa lahat, sa katotohanang ang Aklat*** *(Qur'an) na inilahad ng mga* ***Muslim sa mga nasakop, nang may kalayaang tanggapin ito o tanggihan ito, ay ang Aklat ng Diyos, ang Salita ng Katotohanan, ang pinakadakilang himalang maipakikita ni Muhammad sa mga may alinlangan at sa mga nanatiling matigas ang kalooban.*** " Patuloy pa niya: "***Samantalang ating makikita ang lahat ng relihiyon maliban sa Islam ay nagtuturo sa mga tagasunod nito ng mga mabibigat na mga paniniwala na hindi nila kailan-man maunawaan. Ngunit sa Islam, ang katatagan ng mensahe nito ay may mala-Kristal na kapayakan at may kaganaanang tanggapin, dahil ang Islam ay kayang maarok ng espiritu ng tao nang walang mahabang pagpapaliwanag.***

At katulad ng namalas ng isa sa mga **bantog na** mananalaysay na si Arnold J. Toynbee: "***Katotohanan, inaanyayahan ko ang daigdig na sundin at isagawa ang Islamikong pamantayan sa kapatiran at pagkapantay-pantay. Ang doktrina ng Kaisahan ng Diyos na dinala ng Islam ay isang kahanga-hangang halimbawa kung paano pag-isahin ang sanlibutan (sangkatauhan). Ang pananatili ng Islam ay nagbibigay ng pag-asa sa buong mundo.*** " (Civilization on Trial, New York, Oxford University Press, 1948)

## VIII. Ang Huli Kong Hakbang Tungo sa Islam : Ang Impluwensiya ni Hesus sa Aking Pagyakap sa Islam

Kahit ang ilang bahagi ng impormasyong taglay ng mga naunang kabanata ay sapat na sa isang naghahanap ng katotohanan upang makita ang pagiging totoo ng Islam at ang lawak ng pagkalihis ng Kristiyanismo na sumasa-lungat sa tunay na turo ni Propeta Hesus, gayunpama'y matagal ding panahon na hindi ako makagawa ng hakbang upang ilayo ang aking sarili sa landas na binalangkas ng simbahan para sa akin. Ang aking "*agimat*" ay laging nasa bulsa ko saanman ako pumunta. Sa loob ng maliit na paketeng lagi kong dala ay may pitong maliliit na krus na pilak at isang sinasabing imahen o istatwa ni Hesus. Pakiramdam ko'y may masamang mangyayari sa akin kung maiwanan ko ito kahit sandali. Sa ganitong dahilan, hindi ko ito nakaliligtaang ibulsa sa tuwina.

Isang araw, habang binababasa kong muli ang babasahing ibinigay sa akin sa Masjid, natunghayan ko ang dalawang pangungusap na pumuno ng aking puso ng napakalaking tuwa at kaligayahan. Ang mga luha ko'y nagsimulang tumulo mula sa aking mga mata at sinabi ko: "***Diyos ko, ito ang katotohanan; ito ang sagot sa aking mga katanungan na matagal kong hindi matagpuan!***"

Hanggang sa mga panahong iyon, inaamin kong hindi pa ako nakahawak o nakabasa ng Qur'an, sa Arabik man o sa anumang wikang pagkakasalin. Ang salitang Qur'an ay hindi pa rin bahagi ng aking bokabularyo. Sa isang tiyak, matatag, nalinaw at wastong paraan, nabasa ko sa araling-gabay na natanggap ko sa Masjid:

*"At dahil sa kanilang pagsasabi (nang may pagma-malaki), "Pinatay namin ang Messiah si Isa (Hesus) ang anak ni*

*Maria, (at) ang Sugo ng Allah." Datapwa't siya'y hindi nila napatay, ni hindi nila naipako sa krus…"* (**Qur'an 4:157**)

Sa puntong ito'y tumigil ako sa pagbabasa. Inulit-ulit ko nang maraming beses: "…datapwa't ***siya'y hindi nila napatay at ni hindi nila naipako sa krus***." Sa mga sandaling binabasa ko ang mga salitang iyon, nadama kong sinasagot ng Allah ang tanong na nagbigay-alinlangan sa akin tungkol sa Kanyang kapangyarihan dahil sa kakulangan ng isang makatwiran at kapani-paniwalang sagot.

Hindi madali sa akin ang matagpuan ang sagot na ito. Bago pa ang kaganapang iyon, kailangan kong makipag-paligsahan sa ibang mga mag-aaral upang magkamit ng *scholarship* o libreng pag-aaral. Kinailangan kong mag-lakbay ng libu-libong milya hanggang sa estado ng *Washington,* sa kakanlu-kakaluranan ng Estados Unidos. Kinailangan kong mag-aral ng pagsasalita at pagbasa ng Ingles, at bilang isang mag-aaral na nanggaling sa Latin Amerika, kinailangan ko pang makipag-ugnayang mabuti sa mga Muslim sa *Seattle* bago ko matagpuan ang dalawang pangungusap na ito. Ang mga posibilidad na makarating ang kaalamang ito sa kamay ng isang *Venezuelan* noong 1978 ay napakalayo. Gayunpaman, ang naitakda ng Allah ay nararapat matupad. Sa mga sandaling yaon samantalang nagdiriwang ako sa dakilang balitang ito, nakipag-usap ako sa Diyos at humingi sa Kanya ng kapatawaran. Ninais kong lumipad na taglay ang balitang ito sa Venezuela at ibigay iyon sa aking pamilya at sa ibang bahagi ng mundo.

Naganap ang pangyayaring ito katulad ng makikita sa mga pelikula. Ang aking dakilang bayani, ang taong bida sa pelikula, ang minamahal kong Propeta – na si Hesus ng Nazareth, na dati kong dinarasalan nang dalawang beses sa isang araw sa isang munting altar sa aking bahay, ay nalaman kong hindi naipako sa krus!

Para sa akin, ang bigat ng krus na di umano'y pinasan ni Hesus sa Bundok ng Kalbaryo ay naglaho at nadurog na kasintulad ng mga malalaking gusali at mga matitibay na bundok na nangagiba matapos pasabugin ng dinamita.

**Sadyang binigyan ko ng kahalagahan ang natuklasan kong ito.** Aking ikinatwiran at sinabi: "*Kung ito ang katotohanan, magkagayo'y ang relihiyong ito ang siyang tunay.*" Sa loob ng 20 taon itinuro sa akin na si Hesus ay pinatay. Dinala ako sa isang paglalakbay nang walang anumang landas na pagpipilian. Ngayon, isang bagong daan ang nabuksan para sa akin nang may higit na maraming makatwirang katugunan, at ngayon ang mga bagay-bagay ay unti-unting lumiwanag sapagka't ang pinakahuling piraso ng katanungan ay nagkaroon ng kasagutan. Si Hesus, ang isang taong pinahintulutan ng Allah, ay nag-bigay ng paningin sa bulag, nagpalakad ng lumpo, nagpagaling ng may ketong, at nagbigay ng buhay sa patay, walang alinlangang hindi ipinako sa krus! Muli pa'y ginamit ko ang katwiran at pagpapasiya; nais kong mapabilang sa relihiyong ito: nais kong maging isang Muslim!

Kung paano nabuwag ang aking paniniwala na si Hesus ay ipinako sa krus, gumuho ring sabay-sabay ang muling pagkabuhay ni Hesus sa araw ng Linggo, ang Semana Santa (Pasko ng Pagkabuhay), Biyernes Santo, ang pagdalaw sa Pitong Simbahan (Mga Istasyon ng Krus sa Visita Iglesia), ang pag-aayuno tuwing Biyernes, ang pagkain ng isda sa halip ng karne sa di-umano'y mga 'Banal na Araw', at aking napagtanto na pawang mga kasinungalingan ang mga ito. Ang kapangyarihan ng "*agimat*" ay tuluyang naglaho. Ang mapangatwirang isip ng isang kabataang lalaking nag-aaral na maging inhen-yero ay malaya na ngayon upang tanggihan

ang lahat ng mga tradisyong walang batayan na itinatag sa di-makatwirang konsepto ng Diyos – na siya'y naging tao at namatay para sa kasalanan ng tao.

Bilang isang kabataang lalaking naging propesyonal na bomberong nagliligtas sa mga nasusunugan at sa kanilang ari-arian, na kailanma'y hindi ako nagkabisyo ng paninigarilyo at paglalasing bagama't talamak ang mga ito sa lipunan, hindi ko na maaaring tanggapin pa ang mga ganitong pagpapatupad at pagsasamantala.

Noong *summer* ng 1979, kumuha ako ng opsiyonal na kurso sa *Oklahoma State University* na lalong nagpalinaw sa landas na sinimulan kong tahakin. Ang kurso ay tinawag na "*Islamic Culture.*" Sa katapusan ng *summer* ng 1979, bumalik ako sa *Seattle*, at sa harap ng dati pa ring Imam na nagbigay sa akin ng babasahing Islamiko ay pormal kong niyakap ang Islam sa pamamagitan ng panunumpa (*shahâdah*) ng patotoo sa pananampalataya.

Natatandaan ko pa ang tanong ng Imam sa akin: "*Natitiyak mo bang nais mong yakapin ang Islâm?*" Tugon ko, "*Opo.*" Pagkatapos ay iginiit niya: "*Kahit na mangahulu-gang isusulat ito sa iyong pasaporte na ikaw ay isang Muslim?*" Sinabi ko: "*Kahit na.*" Sa gayon ay kanyang sinabi, "*Kung natitiyak mong iyan ang iyong nais, ulitin mo ang bawa't salitang babanggitin ko*, '***Ako ay suma-saksi na walang tunay sa Diyos na karapat-dapat sambahin kundi ang Allah lamang, at sumasaksi rin ako na si Muhammad ay Sugo ng Allah.***'

Ipinaalam sa akin ang kahulugan ng *Shahadah* sa wikang Ingles at aking binigkas ito sa wikang Arabik sa pamamagitan ng pag-ulit nito pagkatapos sabihin ng Imam. Sa gayong paraan, naisagawa ko ang unang hakbang ng pagpasok sa Islam.

## IX. Paanong Naantig ng Islam ang Aking Buhay

Walang alinlangan, ang pagbabago ng tao tungo sa pagtutuwid ng sarili ay sadyang kailangan, at ang aking kalagayan ay hindi naiiba sa ibang tao. Noong ipinasiya kong yakapin ang Islam, ipinangako ko sa Allah na gagawin ko sa abot ng aking makakaya upang matutuhan ang lahat ng nararapat kong malaman hinggil sa relihiyong ito.

Habang nasa kabataang gulang ako at katatapos ko pa lamang ng unang taon sa **Oklahoma State University**, pinakasalan ko ang isa ring kabataang Muslimah na halos kasing edad ko rin. Sa **Stillwater**, **Oklahoma**, itinakda sa akin ng Islamic Center ang una kong guro sa Islam mula sa Palestine na si Brother Faiz (pagpalain nawa siya ng Allah at gantimpalaan siya sa kanyang itinuro sa akin) ay nag-ukol ng kanyang malaking panahon upang turuan ako ng pagdarasal, ang mga haligi ng Islam, ang mga haligi ng pananampalataya, tungkol sa buhay pagkatapos ng kamatayan, ang Araw ng Muling Pagkabuhay at marami pang ibang paksa. Natatandaan ko pa ang napakatinding epekto nito sa akin bunga ng talakayan hinggil sa buhay pagkatapos ng kamatayan. Sa tanang buhay ko bilang Kristiyano, walang sinumang nagturo sa akin ng anumang kahawig nito at gayong kadetalye. Ang kamatayan ay lagi nang isang hiwiga sa akin.

Hindi ko batid kung ano ang mangyayari sa akin sa sandaling ilibing na ang aking katawan sa lupa. Nakita ko ang mga detalyeng kasagutan sa Islam. Kapag namatay ang isang tao, dapat siyang ilibing ayon sa mga tagubilin ni Propeta Muhammad(ﷺ). Ang mga labi nito'y mapita-gang lilinisin at paliliguan at nilalagyan ng pabango. Pagkatapos ay binabalot ito ng dalawang pirasong puting tela, inililibing nang walang kabaong at ito'y nakaharap sa Makkah. Nabanggit ni Propeta Mohammad (ﷺ) na mari-rinig ng yumao ang mga yabag ng mga buhay habang sila'y papalayo sa kanyang libingan at

mararamdaman niyang siya ay maiiwanang mag-isa. Ilang saglit pa'y may dalawang anghel na lalapit sa kanyang libingan at tatanungin ang yumao ng mga sumusunod na katanungan:

(1) Sino ang iyong Diyos?
(2) Ano ang iyong relihiyon?
(3) Sino ang iyong Propeta?

Ipinahayag ni Propeta Muhammad (ﷺ) na ang mana-nampalataya ay hindi mahihirapang sagutin nang wasto ang mga tanong na ito. Samantalang ang walang pananam-palataya ay hindi masasagot ang mga ito. Pagkatapos ng maikling pagtatanong na ito, magsisimula na ang buhay sa libingan – maaaring lubos na kaligayahan o matinding paghihirap. Nguni't ito ay alinsunod sa mga gawa ng tao. At sa mananampalataya'y aabot sa kanya ang malamig na simoy mula sa Paraiso, nguni't sa di-mananampalataya'y aabot sa kanya ang nakapapasong hangin mula sa Impiyernong apoy. At magiging malawak ang libingan ng isang mananampalataya upang maging maginhawa ito sa kanya. At magiging makitid ang libingan ng di- mananampalataya upang tumindi ang kanyang parusa at paghihirap. Hinihiling ko sa Allah na Kanyang palawakin ang aking libingan at ilayo Niya sa akin ang parusa sa libingan.

Ang kaalamang ito na ibinahagi ni Brother Faiz ay nagbigay-linaw sa ilan sa aking mga alinlangan tungkol sa mga taong gumagawa ng krimen at hindi naparurusahan sa kanilang makamundong buhay. Ipinaliwanag din niya kung bakit binibigyan ng Allah ang bawa't tao ng maraming pagkakataon upang magsisi at makapagsimula ng bagong buhay habang siya ay nabubuhay dito sa daigdig – isang malinaw na paglalarawan ng lubos na katarungan ng Diyos sa kanyang mga nilikha. Dati'y inakala kong naunawaan ko na nang husto ang mga konsepto ng pansamantalang buhay at

maging ang walang-hanggang buhay. Sa Simbahang Katoliko, ako ay tinuruan na si Hesus ay namatay upang iligtas tayo. Samantala, natutuhan ko sa Islam na ang bawa't tao'y mananagot sa kanyang sariling mga gawa at siya'y gagantimpalaan o parurusahan nang nararapat. Ito ay tunay na makatarungan at makatwiran. Ito ay nagbibigay sa akin ng kapanatagan sa aking kaluluwa.

Ang bagong kaalamang ito ay unti-unting nagpabago sa lahat ng impormasyong nasa aking isipan, at nagkaroon ako ng pagpapahalaga sa bagay na dapat unahin. Nag-simula akong mag-ukol ng higit na panahon para sa pag-aaral ng relihiyon ito. Nang ang aking takdang pagsasanay sa gym ay sumalungat sa aking pagdarasal sa umaga, inilagay ko sa huli ang aking takdang pag-ehersisyo sa umaga upang mauna ang aking tungkulin sa pagdarasal.

Sa mga nakalipas na taon bago ko tinanggap ang Islam, adhikain ko ang maging isang musikero, sumama ako sa maraming *music concert,* tumugtog ng gitara at buhos ang sarili sa pag-awit. Subali't nang tinanggap ko ang Islam, iniwan ko ito at sa halip ay nag-ukol ako ng panahon para sa pag-aaral ng pagbigkas ng Qur'an sa Arabik, ang orihinal na wika ng huling rebelasyon ng Allah.

Ang aking pagharap sa pananagutan bilang asawa at ang aking pagtuon sa pag-aaral sa pagka-inhinyero sa edad na dalawampu't isa, sadyang gahol ako sa panahon upang gawin ang iba pang bagay. Subali't sa patnubay ng Allah, ang marubdob kong pagmamahal sa bago kong relihiyon ang nagbibigay sa akin ng pagnanais na magsimulang magturo ng anumang aking kaunting nalalaman hinggil dito.

Nang magbalik ako sa Venezuela, walang anumang kaalaman ang aking buong pamilya hinggil sa Islam. Nasanay na silang makita akong nagsasagawa ng pagdarasal at wala akong narinig sa kanila ng anumang pangungutya o

pagbabawal sa aking ginagawa. Nanatili ako sa Amerika nang mahigit sa apat na taon nang malayo sa aking mga magulang at mga kapatid. Marahil ang kanilang pananabik at kaligayahang muli nila akong makapiling ang higit na nanaig upang tanggapin nila ako bilang ako.

Sa aking trabaho, humingi ako ng pahinulot sa aking pinuno upang magdasal nang limang minuto sa aking opisina. Halos ako lamang ang tanging Venezuelan Muslim sa oil industry sa aming bansa noong 1982. Hiniling ko sa Allah na tulungan Niya akong magtiis at maging matatag, sa gitna ng mga tuksong madalas na dumarating. Sa biyaya at awa ng Allah, nanatiling malinis ang aking pagkatao at ligtas laban sa anumang katiwalian.

Pagkaraan ng halos tatlumpung taon simula nang ako'y yumakap sa Islam, nadarama ko ang higit na kaligayahan sa naging pasiya ko noon na maging isang Muslim. Nararamdaman ko ang labis na kasiyahan kapag nakikita ko kung gaano karaming tao sa aking paligid ang yumayakap sa Islam araw-araw. Purihin ang Allah, ang Dakilang Lumikha ng lahat ng nilalang. Ang Islam ang siyang pinakamabilis na relihiyon sa paglaganap sa buong daigdig. Ito rin ang may pinakamalaking bilang ng taga-sunod na nagsasabuhay[49] nito sa kabila ng kaunting panus-tos na inilalaan sa mga tagapangaral nito kung ihahambing sa ibang mga relihiyon, lalo na ng Kristiyanismo.

---

[49]Ang bilang ng mga Muslim na isinasabuhay ang kanilang relihiyon ay nakahihigit sa kabuuang bilang ng lahat ng mga pinagsama-samang taong nagsasabuhay ng kanilang pananampalataya mula sa lahat ng ibang relihiyon. Batay sa *Sunday Times*, ang bilang ng mga pumapasok sa masjid sa Britanya minsan sa isang linggo ay di-kukulangin sa 930,000 na mga tao, kahambing ng 916,000 na pumapasok sa mga simbahan. Ito ay nagaganap sa sinasabing isang bansang Kristiyano, kung saan ang mga Muslim ay isang minorya.

Kahit sa pamamagitan lamang ng mga payak na pamamaraan, ang Islam ay lumalaganap nang kusa, banayad at natural. Makapapantay lamang ang Kristiyanismo sa bilis ng paglaganap ng Islam sa pamamagitan ng napakalaking yaman sa likod ng kanilang gawaing misyonaryo. Ang isang simpleng paghahambing ng mga pumasok sa Islam at Kristiyanismo – ang dalawang pinakapangunahing relihiyon na napakaraming tagasunod sa iba't ibang sulok ng daigdig (na di-tulad ng ibang mga relihiyon, ang karamihan sa kanilang mga tagasunod ay nalilimitahan lamang o nakapaloob sa mga partikular na panahon o bansa), malinaw na nagpapakitang ang Kristiyanismo ay nakapang-aakit ng mga taong may kakaunting pinag-kakakitaan o limitadong kabuhayan. Sila ay nahihikayat tungo sa Simbahan sanhi ng karalitaan at pangangailangan sa kadahilanang ang mga material na pang-udyok (pang-halina) na iniaalok nito ay napakalaki.

Ang patunay sa usaping ito ay ang katotohanang ang mga simbahan at ang doktrinang kanilang itinataguyod ay tinatalikuran sa loob mismo ng sarili nilang mayayamang bansa habang dinadala nila ito sa mga mahihirap na bansa.

Sa kabilang dako, nakikita nating ang mga nagsisiyakap sa Islam ay galing sa mga di-magagalaw (*untouchable*) at mga mahihirap, mga mayayaman at mga tanyag at mga siyentipiko at mga dalubhasa, mga kasapi ng klerikong Kristiyano, (kaparian). Maging yaong mga batid nilang malaki ang mawawala sa kanila sa makamundong kapakinabangan sa sandaling sila ay pumasok o maaaring malagay sa kapahamakan dahil sa kanilang pagmumuslim.

Sa gayong kadahilanan, ang aking pananampalataya ay patuloy na lumalakas habang nasasaksihan ko ang pangako ng Allah ay unti-unting natutupad:

"*Ninanais nilang apulain ang Liwanag ng Allah (Islam), sa pamamagitan ng kanilang mga bibig. Subali't gagawin ng Allah ang Kanyang Liwanag (Islam) tungo sa kaganapan kahit kamuhian pa ito ng mga di-mananampalataya. Ang Allâh ay Siyang nagpadala sa Kanyang Sugo (Muhammad) na dala ang Patnubay (Qur'ân) at ang Relihiyon ng Katotohanan (Islâm), upang gawin itong matagumpay sa lahat ng relihiyon kahit kamuhian pa ito ng mga sumasamba ng iba bukod sa Allâh.*" (**Qur'an 61:8-9**)

Sinumang nakababasa ng Bibliya, maaaring mapansin niya ang ilang katuruan dito na Muslim lamang ang nagsasagawa nito. Ayon sa Bibliya, si Hesus at ang mga Propetang nauna sa kanya ay nagpapatirapa kapag nag-darasal (**Genesis 17:3 at Mateo 26:36**). Sa ngayo'y mga Muslim lamang ang nagsasagawa nito sa kanilang mga pagdarasal. Gayundin, ang mga kababaihang Muslim lamang ang nagsusuot ng talukbong sa ulo na binabanggit sa Bibliya, samantalang napakarami mula sa mga kaba-baihang Kristiyano ay tuluyang pinawalang-halaga ang aral na ito sa kabila ng katotohanang si Maria ay kinaugaliang magsuot ng talukbong sa kanyang ulo (**Awit ni Solomon 4:9 at I Mga Taga-Corinto 11:5**).

Maging ang pagbating ginamit ni Hesus, "***Sumainyo ang kapayapaan***," (**Lucas 24:36**) ay ginagamit ng mga Muslim samantalang karamihan ng mga Kristiyano ay bumabati ng "***Hello***." Marami pang ibang seremonyas na panrelihiyong tanging ang mga Muslim lamang ang nagsasagawa sa ngayon, katulad ng ablution (pahuhugas o paglilinis), pagtutuli, pag-iwas sa pagkain ng karne ng baboy at ng karne ng patay na hayop na hindi dumaan sa tamang pagkatay, atbp. Samakatwid, napakalinaw na ang mga tunay na tagasunod ni Hesus at mga naunang Propeta ng Diyos ay ang mga Muslim, na tanging tumalima sa lahat ng kanilang mga itinuro.

## X. Paano Nakaantig sa Buhay ng Iba ang Pagyakap ko sa Islam?

Sa pagkakatanggap ko ng dakilang handog na ito mula sa Allah – ang Kapuri-puri at ang Maluwalhati, nakadama ako ng matibay na hangaring ihatid ang Kanyang huling mensahe sa mga hindi pa nakarinig nito. Hindi ako naging lubhang matagumpay sa simula. May ilang taong tinang-gap ito bilang biro, samantalang ang iba ay nagmung-kahing dalhin ko ang mensahe sa mga bata sa dahilang ang mga nakatatanda ay nakapirmi na sa kanilang mga pinaniniwalaan. Sa loob ng mahabang panahon, ang tangi kong suporta maliban sa Allah ay ang aking maybahay, na sumama rin sa aking paniniwala sa Islam.

Noong 1990, nagbalik ako sa Estados Unidos upang kumuha ng *master's degree* sa *Safety Engineering* sa *Texas A & M University*. At sa paglalakbay kong ito naipasya kong dagdagan ang aking mga pagsisikap sa pagpapalaganap ng Islam. Aking sinunod ang isang Islamic training program na isinaayos ko batay sa mga materyal na nasa Bryan College Station Islamic Library. Habang ako'y naroroon, palagian akong sumusulat sa aking pamilya sa Venezuela tungkol sa anumang paksang Islamikong napag-aralan ko.

Nalasap ko ang lubos na kaligayahan, sa pagbalik ko sa Venezuela noong 1992. Pagkatapos ng maikling pagpapa-liwanag, ang aking mga magulang at isa sa aking mga nakatatandang kapatid na lalaki ay nagsiyakap sa Islam. Pagkatapos, sumunod na yumakap sa Islam ang dalawa sa aking mga kapatid na babae, at isa pang kapatid na lalaki at pagkaraa'y ang isa pang pamangking lalaki.

Pagkatapos sang-ayunan ng direktor ng Masjid sa Caracas, na kabubukas pa lamang noon, ang aking mungkahing magbukas ng isang programa para anyayahan ang mga di-Muslim na dalawin ang pinakamalaking Masjid sa Latin Amerika tuwing araw ng Linggo. Nagkusang-loob akong pagtugmain ang programang ito sa *Imam* ng Masjid. Purihin ang Allah! Isang ganap na tagumpay ang una naming pagsisikap. Mga 250 katao ang dumalo sa naging kauna-unahan kong pampublikong panayam na aking inihatid sa mga taga-Venezuela hinggil sa Islam. Ito na marahil ang unang pagkakataon sa Venezuela ang nag-karoon ng panayam tungkol sa Islam na kung saan dumalo ang pinaghalong mga Hudyo, Kristiyano, ateista at iba pa. Sa pahintulot ng Allah, sadyang matagumpay ang programang iyon dahil maraming Venezuelan ang nagsi-yakap sa Islam. Ang '*out-reach program*' o programang pagpapaabot (ng mensahe ng Islam) tuwing Linggo ay kasalukuyan pang idinaraos. Malayang dumalo sa pala-tuntunang ito ang sinumang nagnanais magkaroon ng kaalaman hinggil sa Islam.

Sa aking pagbibigay panayam sa iba't ibang lugar, napapansin kong maraming tao ang may interes sa Islam. Marami ang yumayakap sa relihiyong ito sa unang pagkakataon, ang iba'y kumukuha ng anumang babasahin hinggil dito at unti-unti pinag-aaralan ito katulad ng ginawa ko noong nakaraang halos 30 taon. Ang iba nama'y nagkaroon ng pagtutol sa Islam na nagsasabing napakarami nilang mga bisyong hindi maaaring iwanan. Sa bahaging ito, nais kong ipaalam sa sinumang mambabasa na kapag ang

isang tao ay yumakap sa Islam, ang kanyang buhay ay maaaring hindi kagyat na magbabago. Maaari itong mangyari, subali't hindi sa lahat ng panahon. Ganito kadalas ang nagiging proseso sa pag-unlad – habang natu-tuto, unti-unting napapalapit ang tao sa Allah, sa kanyang mga kapatid sa pananampalataya at sa pangunahing katu-ruan ng pananampalataya.

Marami sa mga dumalo sa aking panayam ang nagtanong ng mga sumusunod:

1. Dapat pa ba akong magsalita ng Arabik upang maging isang Muslim?

2. Kailangan bang maging isang Arabo muna ako kung nais kong maging Muslim?

3. Dapat ko bang itigil ang paniniwala kay Hesus at tanggihan si Birheng Maria upang maging isang Muslim?

Ang kasagutan sa lahat ng mga katanungang ito ay "hindi". Ang Islam ay isang pandaigdigang relihiyon, at matatagpuan ang mga Muslim sa bawa't bansa at sulok ng mundo, kaya naman ang wika ay hindi kailanman naging isang hadlang. Upang maging isang Muslim, kinakaila-ngang maniwala kay Hesus bilang isa sa mga pinaka-dakilang Propeta ng Allah, at maniwala kay Maria bilang ina ni Hesus, na kinalugdan ng Allah nang higit sa lahat ng kababaihan.

Nag-aatubili ang ibang tao sa kanilang pagpapasiya sa pagpasok sa Islam sa pag-aalalang hindi nila kayang tuparin ang ilan sa mga kinakailangang gawin sa pagpasok sa Islam. Ang unang hakbang para maging isang Muslim ay sadyang napakapayak at napakadali. Walang mga masalimuot o

mahihirap na dapat gawin katulad halim-bawa ng mga espesyal na seremonyas, o tagapamagitan, o anumang bagay na hindi abot ng kakayahan ninuman. Ang tanging kailangan sa pagyakap sa Islam ay ang taimtim na paniniwala Allah – ang Bukod-Tanging Nag-iisang tunay na Diyos, ang tanggapin Siya bilang Lumikha, Tagatustos ng sanlibutan, na Siya ang nagtatangan ng buhay at kamatayan, Ganap na Makapangyarihan at Tagapamahala sa lahat ng bagay, ang Bukod-Tanging karapat-dapat sambahin. Na Siya ang nagmamay-ari ng pinakamaga-gandang mga pangalan at pinakamaluwalhating mga kata-ngian, na Siya ay walang katambal, anak, ina o ama , at walang anuman ang maihahambing sa Kanya. Gayundin naman, dapat itakwil ang lahat ng mga anyo ng paga-nismo.

Pagkatapos magpatotoo nang may katapatan na walang dapat sambahin kundi ang Allah, at si Muhammad (ﷺ) ang huling Sugo ng Allah, ang bawa't bagay hinggil sa Islam ay mapag-aaralan nang dahan-dahan sa pamama-gitan ng pagtitiyaga, pagsisikap at debosyon. Sakali mang datnan ng kamatayan ang sinuman pagkatapos ng matapat na niyang pagtanggap sa Islam, itinuturing siyang isang malinis na Muslim at siya'y makapapasok sa Paraiso sa habag ng Allah.

Kapag ang isang tao ay nanumpa na si Muhammad (ﷺ) ay Sugo ng Allah, ito ay hindi nangangahulugan na siya lamang ang tanging Sugo ng Allah, kundi siya ang pinakahuling Sugo ng Allah at pinakahuli sa mga hanay ng Propeta magmula kay Adam.

## XI. Kapag ang Relihiyon ay Ikinintal nang Sapilitan

Ipinahayag ng Allah na walang sinumang maaaring piliting yumakap sa Islam. Ito ang pangunahing simulain ng Kanyang mga katuruan :

"*Walang sapilitan sa pananampalataya. Katotohanan, ang tamang landas (katotohanan) ay naging malinaw sa maling landas (kasinungalingan).*" **(Qur'an 2:256)**

Gayundin, ipinahayag ng Allah: *"At sabihin: 'Ang katotohanan ay mula sa inyong Panginoon." Kaya sinumang nagnanais (ng Paraiso), hayaan siyang sumam-palataya; at sinumang nagnanais (ng Impiyerno), hayaan siyang di-sumampalataya'..."* **(Qur'an 18:29)**

Ang Islam ay nag-uutos din ng pakikipag-talastasan sa iba at pag-aanyaya sa kanila nang may karunungan at magandang pagpapaliwanag upang yakapin nila ang tunay na relihiyong ito:

*"Mag-anyaya sa landas ng iyong Panginoon nang may tamang kaalaman at magandang pangangaral, at mangatwiran sa kanila sa paraang pinakamahusay..."* **(Q 16:125)**

Ang Simbahang Katoliko ay narating ang kasalukuyang kinalalagyan nito bunga ng karumal-dumal na pagdanak ng dugo ng milyun-milyong inosente. Namangha ako nang malaman ko na sa Netherlands, tatlong milyong tao ang pinatay nang hindi sila tumalima at tumanggap ng mga doktrina ng Simbahang Katoliko.

"*Noong Pebrero 16, 1568, isang kapasiyahan ng 'The Holy Office'* (ng Papa ng Roma) *ang naghatol ng kamatayan sa lahat ng mga mamamayan ng Netherlands bilang mga erehe* (*kalaban ng simbahan*). *Sa pang-kalahatang hatol na ito, kakaunting tao lamang, na tiniyak ang mga pangalan, ang hindi napabilang. Isang pahayag ng Hari ang inihayag pagkaraan ng sampung araw, ang nagpatibay sa kautusang ito ng Inkisisyon* (*Pagsisiyasat ng Simbahan sa erehe*), *at*

*ipinag-utos ang madaliang pagpapatupad, nang walang pagsa-saalang-alang sa edad, kasarian o kalagayan. Ito na marahil ang pinamaikling pagtatakda ng kamatayan na binalangkas. Tatlong milyong tao, lalaki, babae at bata ang nahatulan sa entabladong bitayan na may tatlong hilera… At sa bisa ng bagong kautusang ito, ang mga pagpatay na ito ay hindi naantala. Mula sa pinakamatataas at pinakama-babang katungkulan ay kinaladkad ang mga tao araw-araw at oras-oras sa pagbibitayan. Si Alva, sa iisang liham kay Philip, ay mahinahong tinantiya ang bilang ng mga pagpatay na ginawa pagkatapos na pagkatapos ng Semana Santa, na umabot sa '800 na mga ulo.*'" (*The Rise of the Dutch Republic*, John Lothrop Motley)

Pagkatapos idaos ang Konseho sa Nicea (*Nicean Council*), naging mabigat na kasalanan ang sinumang magtaglay ng Ebanghelyo na di-pinahintulutan. Bunga nito, mahigit isang milyong Kristiyano ang pinatay sa mga sumunod na mga taon pagkatapos ng kapasiyahang ito ng Konseho. Ito ang pamamaraang ginamit ni Athanasius upang pag-isahin ang mga Kristiyano. Maaaring akalain ng iba na ang mga karumal-dumal na krimeng ito ay kamalian lamang ng iilan o ng isang pangkat ng mga taong makasarili na may mga pusong walang habag at kabaitan, o kaya'y walang kinalaman ang Bibliya hinggil dito. Subali't nabigla ako nang matuklasan ko ang magkatulad na pag-uutos sa karumal-dumal na krimeng ito na matutunghayan nang tuwiran sa mga talata ng Bibliya, na ito marahil ang pinagbatayan nito. Maaaring maliwanag kaninumang nakababasa ng Bibliya na ang mga taong ito ay nagpatupad ng ilang mga talata ng Bibliya:

"*At sinalita ng Panginoon kay Moises, na sina-sabi…Ngayon ay patayin ninyo ang lahat ng mga batang lalaki at bawat babae na nasipingan ng lalaki. Ngunit ang lahat ng batang babae na hindi pa nasisipingan ng lalake ay buhayin ninyo upang mapasainyo.*" (**Mga Bilang 31:1,17-18**).

At sinabi ng Panginoon, "*Dumaan kayo sa lunsod na kasunod niya, at manakit kayo; huwag magpatawad ang inyong mata, at huwag kayong magpakita ng habag. Patayin ninyo agad ang matatanda, ang mga binata, mga dalaga, mga bata at ang mga babae…*" (**Ezekiel 9:5-6**).
Sinabi ni Josue sa mga mamamayan ng Israel:"…*Sapagkat ibinigay na sa inyo ng Panginoon ang bayan…lahat ng pilak, ginto, mga sisidlang tanso at bakal ay banal sa Panginoon, pawang ipapasok sa silid ng kayamanan ng Panginoon… Kanilang lubos na pinuksa ng talim ng tabak ang lahat ng nasa bayan, ang lalake at gayon din ang babae, ang binata at gayon din ang matanda, at ang baka, at ang tupa, at ang asno.*" (**Josue 6:16-21**).[50]
Di-umano'y sinabi ng Panginoon: *"Ngayo'y yumaon ka at saktan mo ang Amalec, at iyong lubos na lipulin ang buo nilang tinatangkilik, at huwag kang manghinayang sa kanila; kundi patayin mo ang lalake at babae, sanggol at sumususo, baka at tupa, kamelyo at asno.*" (**I Samuel 15:3**)
*"Ang kanilang mga sanggol ay pagluluray-lurayin sa harap ng kanilang mga mata; ang kanilang mga bahay ay sasamsamin, at ang kanilang mga asawa ay dadahasin."* (**Isaias 13:16**)
*"Tataglayin ng Samaria ang kaniyang sala; sapagka't siya'y nanghimagsik laban sa kaniyang Diyos: sila'y mangabubuwal sa pamamagitan ng tabak; ang kanilang mga sanggol ay pagluluray-lurayin at ang kanilang mga nagdadalang tao ay paluluwain ang bituka."* (**Hoseas 13:16**)[51]

---

[50]Yamang ang ilang mga pinuno ng Simbahan ay mapangahas na tuligsain (atakihin) ang Islam at pagbintangang naipalaganap ito sa pamamagitan ng "tabak," makabuluhang banggitin na ang salitang "tabak" ay nabanggit sa Bibliya nang 406 na beses samantalang hindi ito nabanggit kahit minsan sa Qur'an. Kaya't aling relihiyon ang malamang na naipalaganap sa pamamagitan ng tabak?
[51]Ipinahintulot ng Islam ang '*Jihâd*' bilang isang paraan ng pagtatanggol at pangangalaga sa mahihina gaya ng mga babae at mga bata, at hindi ng pagpatay o pananakit sa kanila, "*At ano ang pumipigil sa inyo at hindi kayo makipaglaban sa Landas ng Allah, at para sa (kapakanan ng) mga mahihina, mga pinagmalupitan at mga inapi sa (inyong) kalalakihan, kababaihan at mga*

Lumalabas na ang Bibliya lamang ang tanging aklat na pangrelihiyon sa mundo ang nagpapahintulot ng pagpatay sa mga bata, ng pananakit sa mga sanggol at ang paglaslas sa tiyan ng mga babaeng nagdadalantao. Ang pagkaka-roon ng mga ganitong talata sa Bibliya at iniuugnay ang mga ito sa Diyos ay isang malinaw na katibayang ang Bibliya ay nagdanas ng pagbabago sa kamay ng taong kumatha ng mga kasinungalingan sa ngalan ng Diyos.[52]

---

*bata …*" (**Qur'an 4:75**) Ang '*Jihâd*' ay isa ring gawaing pagtatanggol sa sarili, hindi gawaing pananalakay. Ipinahayag ng Allah: "*At makipaglaban kayo para sa landas ng Allâh, sa mga taong nakikipaglaban sa inyo at huwag kayong lumabag sa mga hangganan. Katiyakan, hindi naiibigan ng Allâh ang mga lumalabag sa Kanyang itinakdang hangganan…*" (**Qur'an 2:190**) Ang '*Jihâd*' ay itinatalaga rin bilang paraan ng pagtiyak sa kalayaan ng pag-aanyaya sa iba tungo sa landas ng Allah at pag-aalok sa kanila ng pagpasiyang yakapin ito kung kanilang nais nang walang pamimilit. Sinasabi ng Allah: "*Walang pamimilit sa pananampalataya. Katotohanan, naging malinaw ang tamang landas sa maling landas...*" (**Qur'an 2:256**) Gayundin: "*At sabihin mo sa kanila: 'Ang katotohanan ay mula sa inyong Panginoon. Kaya sinumang magnais (ng Paraiso), hayaan siyang manampalataya at kung sinuman ang magnais (ng Impiyerno), hayaan siyang di-manampalataya...*'"(**Q 18:29**)

[52]Sa kadahilanang ang pagkakaroon ng ganitong mga teksto at iba pa ay nagbigay ng kahihiyan sa mga "patnugot" ng Bibliya, pinanghimasukan nila ang diumano'y Salita ng Diyos. Itinuring nila ang mga teksto nito katulad ng ibang aklat na sinulat ng tao; at samakatwid ay nagdagdag at nagbawas sila rito, sa kung ano ang palagay nila na di-angkop. Halimbawa, nababasa sa **I Samuel 6:19,** "*Kanyang pinatay ang ilan sa mga tao sa Bet-shemes, sapagkat kanilang tiningnan ang loob ng kaban ng Panginoon. Pumatay siya sa bayan ng pitumpung lalaki at limampung libong katao...*" Gayunpaman, ang mga salin sa Inggles, Pranses, Aleman at Arabik ay nagpasiyang ang gayong gawain ay hindi naaangkop sa Maawaing Panginoon, kaya't kanilang binura ang limampung libong katao at tinira lamang nila ang pagbanggit sa 70 tao. Naniwala silang ang basta "*tumingin*" lamang sa Kaban ng Tipan ng Panginoon ay hindi isang krimeng marapat parusahan ng paglipol. Maging sa kasalukuyang panahon, sa pagkakalantad ng Bibliya sa mga tagasalin at mga kagamitang panlimbagan, na ito ay patuloy na nababago. Mapag-iisipan ng sinuman kung ano kaya ang sitwasyon noong mga lumang panahong tanging ang mga pari lamang ang may karapatan sa Bibliya.

Mababasa sa Qur'an: "*Kasawian sa mga sumusulat ng Aklat sa kanilang sariling mga kamay at pagkatapos ay sinasabi*: '***Ito ay nagmula sa Allâh'***; *upang ipagpalit ito sa isang napakaliit na halaga! Kasawian sa kanila sa isinulat ng kanilang mga kamay at kasawian sa kanila sa anumang kanilang kinita.*" (**2:79**)

Ang pamimilit ay hindi akma sa relihiyon sapagka't ang relihiyon ay nakasalig sa paniniwala at pagpapasiya, at ang mga ito ay mawawalan ng kabuluhan kapag idinaan sa dahas o pamimilit. Ang mga kalalakihan at kababaihan ay dapat bigyan ng pagkakataong mamili ng anumang relihiyong pinaniniwalaan nila, subali't ang mga pag-pipilian ay dapat ilahad nang walang pagkiling at walang pamimilit. Ang mga *Guillotines*, lagari, palakol at apoy ay hindi dapat naging kabilang sa pagpipilian[53] ng mga di-nagnanais tumanggap ng mga doktrinang ipinipilit ng Simbahang Katoliko.

---

[53]Ang mga maninirang-puring bumaluktot sa Bibliya ay iniuugnay ang mga karumal-dumal na gawain ng paglipol kay Propeta David, gayong sa katoto-hana'y ganap siyang walang kinalaman. Sa **II Samuel 12:29-31**, nababasa natin: "*At pinisan ni David ang buong bayan, at naparoon sa Rabba, at bumaka laban doon, at sinakop. At inalis ang putong ng kanilang hari sa kaniyang ulo: at ang bigat niyaon ay isang talentong ginto, at may mga mahalagang bato; at ipinutong sa ulo ni David. At siya'y naglabas ng samsam sa bayan na totoong marami. At kaniyang inilabas ang bayan na nandoon, at inilagay sa ilalim ng mga lagari, at ng mga suyod na bakal, at ng mga palakol na bakal, at mga pinaraan sa mga lutuan ng laryo: at gayon ang ginawa niya sa lahat ng mga bayan ng mga anak ni Ammon. At si David at ang buong bayan ay bumalik sa Jerusalem.*" Gayundin, sa I Mga Cronica (Chronicles) 20:3, sinasabing: "*At kaniyang inilabas ang bayan na nandoon, at pinutol sila ng mga lagari, at ng mga suyod na bakal, at ng mga palakol. At ganito ang ginawa ni David sa lahat ng mga bayan ng mga anak ni Ammon. At si David at ang buong bayan ay bumalik sa Jerusalem.*" Nakapagtataka kung paano makakapamuhay nang mapayapa ang mundo samantalang ang ganitong di-makataong gawain ay inihahayag sa isang diumano'y Banal na Aklat at iniuugnay sa Diyos at sa Kanyang mga Propeta?

Ipinahayag ng Allah sa Kanyang huling mensahe sa sangkatauhan: "*Walang pamimilit sa pananampalataya. Ang tamang landas (katotohanan) ay naging malinaw sa maling landas (kasinungalingan).*" **(Qur'an 2:256)**

Ngayon, nasasaksihan na natin ang bunga ng pamimilit sa relihiyon sa maraming bansa. Ang pagkalulong sa droga, pagpaslang, pagnanakaw, prostitusyon, katiwalian, mga panggagahasa at homosekswalidad ay ilan lamang sa bunga ng pamimilit ng isang relihiyon sa tao na hindi tinataglay sa puso.

Ang pagkapit sa mga sinaunang tradisyon ay hindi kinakailangan upang ihatid ang isang bayan tungo sa tagumpay. Sa ganitong kadahilanan, nais kong magmungkahi kahit ng isang pagpipilian na makapagliligtas ng buhay, makapagbabagong-buhay sa mga nalulong sa alak, at makapagbubuklod ng mga pamilya at ng lipunan.

Ang pinakahuling makabagbag-damdaming balita ng taong 2002 ay tungkol sa Simbahang Katoliko sa Estados Unidos ng Amerika na tumutukoy sa mga pang-aabusong seksuwal ng ilang pari sa mga walang-malay na kabataan. Nakapagtatakang ang pinakamatataas na pinuno ng Vatican ay hindi tumugon ukol dito na tila baga mga gawaing pagmamalupit lamang ang krimen na ito, subali't sa halip ay pilit na pinagtakpan ang mga ito sa pamamagitan ng paghahandog ng salaping magpapatahimik sa mga biktima. Naitabi ko ang ilang mga ulat mula sa mga nagdaang taon na kung saan ay nasasaad na mahigit sa limang bahagdan (porsiyento) ng mga pari sa U.S.A. ay gumawa ng mga pang-aabusong sekswal sa mga bata. Gayunpaman, inabot ng napakaraming taon para sa balitang ito na maging pangunahing balita o *headlines* sa mga himpilan ng telebisyon sa buong mundo.

Nagimbal ang buong mundo nang ang pinakahuling balita noong 2004 ay nagsaad na sa nakalipas na 50 taon, mahigit sa apat na libong pari sa USA ang nasangkot sa pang-

aabusong sekswal sa mga bata. Ang tanging masasabi ay yaon ay isang nakagugulat na estadistika (‘*statistics*’), nguni’t hindi na gaanong nakapagtataka. Ang hindi mapag-aalinlangang katotohanan na kung may isang dahilan na dapat sisihin ay ang Bibliya mismo. Napaka-halagang mabatid ng mambabasa na ang mga masasamang gawaing ito ay hindi lamang ginagawa ng mga taong naliligaw ng landas. Ang mismong Bibliya ay nagpapa-hintulot ng imoralidad katulad ng nasasaad sa **Ezekiel 23:1**. Ang pangangalunya (pakikiapid sa hindi asawa) at pagtatalik ng magkapamilya (‘*incest*’) ay dalawa lamang sa mga karumal-dumal na gawain na maling iniuugnay sa ilang mga Propeta. Bilang mga Muslim, kami ay lubusang tumatanggi sa kuru-kuro na ang sinumang Propeta ng Allah ay nasangkot sa gayong kasumpa-sumpang mga gawain.

Naitanong ko ang sumusunod na tanong sa ilang mga Kristiyano roon sa mga bansa o pamayanan kung saan ang Bibliya ay tinatanggap ng karamihan bilang Banal na Kasulatan, “***Bakit ang dami ng mga gawaing pagpaslang*, *panggagahasa*, *pagnanakaw*, *alkoholismo*(*paglala-sing*)**,[54]

---

[54]“Ang Paglalasing”: Isa sa mga malalaking abuso at maling bintang na iniuugnay laban sa pagkatao ni Hesus sa mga kamay ng mga sumira sa Bibliya, at walang Muslim na makatatanggap sa pagsasalarawan sa kanya bilang isang “manginginom” na katulad ng binabanggit sa Lucas 7:34, *“Dumating ang Anak ng Tao na kumakain at umiinom at inyong sinasabi, ‘Tingnan ninyo, ang isang taong matakaw at maglalasing, kaibigan ng mga maniningil ng buwis at ng mga makasalanan!’”* Ang pagsasalungat ay mapapansin din kapag nakita ang Mga Kawikaan 20:1, na nagsasabing, *“Ang alak ay manunuya, ang matapang ay manggugulo; at sinumang naililigaw nito ay hindi matalino.”* Mailalarawan lamang ng isang tao sa kanyang kaisipan kung ano ang magiging kalagayan ng lahat ng

***prostitusyon, homosekswalidad, pagtatalik ng magkapamilya at laganap na katiwalian ay labis na mataas ang bilang kung ihahambing doon sa mga bansang ang Qur'an ang siyang kasulatang sanggunian kahit may ilang pagkakaiba sila?'***

Marami sa kanila ang namangha sa tanong na ito sapagka't ni minsan ay hindi ito sumagi sa kanilang pag-iisip ang pagkakaroon ng ganoong paghahambing.

Halimbawa, sa isang pakikipagtalakayang ginawa ko sa isang mamamayan ng USA, bumanggit ako ng isang halimbawang ipinataw ang kamatayan sa Saudi Arabia sa pitong kriminal na habang nasa bisa ng alkohol ay nanggahasa ng isang babae. Sinabi ko sa kanyang bilang bunga ng paglapat ng karampatang batas, daan-daang libong ibang kababaihan ang nailigtas mula sa iba pang mapanggahasang kriminal. Hindi siya sumang-ayon at nadama niyang ang batas ay labis na mabagsik at iyon ay hindi maipapatupad sa kanyang bansa. Batay sa mga opisyal na estadistika, sinabi ko sa kanya na sa kanyang bansa sa nakaraang walong buwan, mahigit sa kalahating milyong kababaihan ang ginahasa, batay sa kabuuan ay dalawang libong babaeng ginahasa araw-araw! Siya ay nabigla at umamin sa pagiging mabisa ng paglapat ng Batas na Islamiko. Kung makakausap ko siyang muli ngayon, sasabihin ko sa kanya na sa Islam, kahit na ang isang *Imam* ay manggahasa ng isang bata, na katulad ng ginagawa ng mga pari sa simbahan, siya ay mabilis ding bibitayin upang mailigtas ang nalalabi pang ibang mga bata. Napakaligaya ko sa aking pagyakap sa Islam at ipinagmamalaki ko ang aking pagiging isang Muslim.

---

sangkatauhan kung paniniwalaan na ang isa sa mga pinakadakilang Propeta ng Diyos na katulad ni Hesus ay isang manginginom.

## XII. Isang Bukas na Paanyaya sa Papa at Ibang Mga Pinuno sa Daigdig

Nagsisimula ako sa Ngalan ng Allah, ang Mahabagin, ang Maawain. Pagpalain nawa ng Allah ang lahat ng mga sumusunod sa tamang landas.

Sa pamamagitan nito ay ipinaaabot ko ang paanyayang ito sa Papa at lahat ng mga pinuno sa daigdig, lalung-lalo na sa mga namamahala at namumuno sa milyun-milyong tao sa ibang mga relihiyon, sekta at ideolohiya. Inaanyayahan ko kayong lahat na yakapin ang Islam. Halina kayo sa Islam at kayo ay maliligtas sa parusa ng Allah at makakamtan ang Kanyang gantimpala sa Paraiso. Kung kayo ay Hudyo o Kristiyano, pagkakalooban kayo ng Allah ng dobleng gantimpala sa sandaling yumakap kayo sa Islam.[55]

Sinabi ni Propeta Muhammad (ﷺ): *"Ang isang tao mula sa mga angkan ng Kasulatan (isang Hudyo o Kristiyano) na naniwala sa kanyang Propeta (si Hesus o di kaya ay si Moises) at pagkatapos ay naniwala kay Propeta Muhammad (niyakap ang Islam) at sumunod dito, magka-karoon ng dobleng gantimpala."* (Muslim 342)

Subali't, kung tatanggihan ninyo ang paanyayang ito, kayo ay papananagutin para sa lahat ng mga nasa ilalim ng inyong impluwensya at ng mga sumusunod sa inyo.

---

[55]Ang mga Angkan ng Kasulatan (mga Hudyo at mga Kristiyano) ay binigyan ng natatanging katayuan sa Qur'an hanggang sa pag-aanyaya sa kanila sa Islam at pagtatatag ng pakikipagtalakayan sa kanila. Sinabi ng Allah: "*At huwag kayong makipagtalo sa mga Hudyo at mga Kristiyano maliban lamang sa higit na magandang paraan…*" (**Qur'an 29:46**). Isinasaad din ng Qur'an na ang mga Kristiyano ang pinakamalapit sa pagmamahal sa mga Muslim, "*At inyong matatagpuan ang pinakamalapit sa pagmamahal sa mga mananampalataya ay yaong nagsasabing: "Katotohanan! Kami ay mga Kristiyano." Ito ay dahil kabilang sa kanila ay mga pari at monghe, at sila ay hindi mapagmalaki.*" (**Qur'an 5:82**).

Katulad ng lahat ng aking mga kapatid na Muslim sa buong daigdig, ako ay pinagkalooban ng Allah ng pananagutan sa paghahatid ng mensaheng ito sa lahat ng sangkatauhan sa abot ng aking kakayahan. Matutung-hayan saQur'an:

*"Sabihin mo (O Muhammad): "O Angkan ng Kasulatan (Hudyo at Kristiyano): Halina kayo sa isang salita (pangungusap) na sadyang makatarungan sa amin at sa inyo, na huwag tayong sumamba maliban sa Allah, na huwag tayong magtambal ng anuman sa Kanya, at huwag nating itakda ang iba sa atin bilang mga panginoon bukod sa Allah. At kung sila'y tumalikod, inyong sabihin: "Sumaksi kayo na kami ay mga Muslim (kumikilala at sumasamba sa nag-iisang Allah)." (Qur'an 3:64)*

Pagkatapos kong ilahad ang naunang katibayan sa aklat na ito upang makita ito ng sinumang may mga mata at ito'y maunawaan lahat ng sinumang may talino. Narating na ang isang salikop na daan kung saan tinatawag ng Kataas-taasang Allah ang lahat ng tao na tanggapin ang katotohanan. Minsan pa, aking pinaninindigan ang isang tungkulin at pananagutan bilang isang tao – na kusang-loob na magpasailalim sa mga batas at kautusan ng Allah, (ang Iisa at Bukod-Tanging Diyos, ang Mahabagin, ang Maawain), ang mag-anyaya sa lahat ng sangkatauhan na talikuran ang pagsamba sa mga huwad na diyos at iwaksi sa isip ang paniniwala sa mga diyus-diyusan, maging ito man ay buhay o patay na mga bagay o anumang ibang bagay na nilikha lamang ng Allah o kaya'y nililok ng tao. Pagkaraan nilang magsisi, dapat nilang isuko nang ganap ang mga sarili sa kalooban ng Allah – ang Tanging Tunay na Diyos at Lumikha ng sandaigdigan.

Mahalagang dapat malaman, na kahit gaano mang salapi, katanyagan, katayuan at kapangyarihan mayroon ang isang di-Muslim sa buhay na ito, hindi siya magkakaroon ng sapat

na ipambabayad para sa kanyang pagpasok sa mga Hardin ng Paraiso sa Kabilang-buhay.[56] Ang pinaka-mahirap na naninirahan sa daigdig na sumaksi na walang Diyos na karapat-dapat sambahin kundi ang Allah, at sumaksi na si Propeta Muhammad(ﷺ) ay Kanyang Sugo, magiging pinakamaligaya at pinakamapalad sa Kabilang-buhay kaysa pinakamayamang tao na hindi tumanggap sa huling mensahe na ipinadala ng Allah bilang gabay sa sangkatauhan.

Sinasabi ng Allah sa Qur'an (**3:85**):"*At sinuman ang maghahangad ng Relihiyon maliban sa Islâm ay hindi ito tatanggapin sa kanya at sa Kabilang-Buhay ay kabilang siya sa mga talunan.*"

At sa Qur'an, **5:36-37** ay sinasabi: *"Katotohanan, yaong mga tumanggi sa pananampalataya, kahit mapasakanila ang lahat (ng yaman) sa lupa at dagdagan pa ng kasindami nito upang gawing pantubos sa kanilang sarili laban sa kaparusahan sa Araw ng Muling Pagkabuhay, kailanma'y hindi ito tatanggapin sa kanila. At mapapasa-kanila ang*

[56]Tanging ang taong tumutupad ng kanyang layunin sa buhay – ang pagsamba lamang ng bukod-tangi sa Allah, ang makatatamo ng tunay na kaligayahan at panloob na kapayapaan. Ipinahayag ng Allah: *"Sinumang gumagawa ng kabutihan – lalaki man o babae habang siya ay mananampalataya, magkagayo'y katiyakan Namin bibigyan sila ng mabuting buhay, ang katiyakang igagawad Namin sa kanila ang kanilang mga gantimpala katapat sa kahusayan ng kanilang ginawa"*. (**Q 16:97**). Gayundin: "*Sila na sumasampalataya (sa Kaisahan ng Allah) at sa kanilang puso ay nakadarama ng katiwasayan sa pag-aala-ala.*" (**Qur'an 13:28**). Sa **20:123-124**, nababasa natin: "*...at ang sinumang susunod sa Aking Gabay, siya ay hindi maliligaw at hindi siya magdadalamhati. At sinuman ang tumalikod sa Pag-alaala sa Akin (di-paniniwala sa Qur'ân at di-pagsunod nito), katiyakan, mapapasakanya ang buhay ng kahirapan, at siya ay Aming bubuhayin muli sa Araw ng Muling Pagkabuhay na bulag.*" Ang huling talatang ito ang nagpapaliwanag ng sanhi ng mga karamdamang pangkaisipan ('***psychological illnesses***') at kung bakit may ilang mayayamang tao ang nagtatangkang magpakamatay.

*isang napakasakit na parusa. Magnanais silang makalabas mula sa Apoy (Impiyerno), subalit hindi sila makalalabas doon magpakailanman. At mapapasa-kanila ang kaparusahang walang hanggan."*

Kaya't habang ang kaluluwa ng isang tao ay nasa kanyang katawan pa at nakahihinga pa siya, nakapagsasalita at may kamalayan pa sa kanyang mga ginagawa, sa anumang pagkakataon, maaari pa siyang magbalik-loob sa Allah, ang Dakila at Kataas-taasan. Kung ang pagsisisi ay taos-puso at handa siyang magpatotoo na walang karapat-dapat sambahin kundi ang Bukod-tanging Tagapaglikha – ang Allah, at handa siyang sumaksi na si Muhammad (ﷺ) ay Kanyang Sugo, habang iniiwasan ang lahat ng uri ng paganismo, katotohanang patatawarin siya ng Allah kahit na nasadlak pa siya ng isang saglit na layo sa Impiyerno. Karagdagan pa nito'y papalitan ang kanyang mga kasamaan ng mga kabutihan at ipapasok siya sa Paraiso magpakailanman. Sinabi ng Allah: "…*maliban sa nagsisi at sumampalataya at gumawa ng kabutihan, para sa kanila'y papalitan ng Allah ang kanilang mga kasalanan ng mga mabubuting gawain. At ang Allâh ang Ganap na Mapagpatawad, at Maawain.*" (**25:70**) At sinabi Niya: "*At ang mga sumampalataya (sa Kaisahan ng Allâh) at gumawa ng mga mabubuting gawa*; *papapasukin Namin sila sa mga Hardin na sa ilalim nito ay mga ilog na nagsisidaloy (Paraiso)*, *at sila ay mananatili roon magpakailanman. Ang pangako ng Allâh ay Katotohanan*; *at kanino pa kayang Salita ang higit na makatotohanan maliban sa Allah?*" (**4:122**)

Ito ang pangako ng Allah sa kaninumang may nais na magsisi nang mataimtim at magsimula ng isang panibagong buhay. Winawakasan ko ang paanyayang ito sa pagbanggit ng mga sumusunod na talata mula sa Qur'an, na kung saan ang Allah, ang Ganap na Makapangyarihan sa lahat ay nagbibigay ng pagkakataon sa lahat ng taong makapagsisi

nang tapat at taos-puso. Inaanyayahan Niya ang mga makasalanan na magsisi, gaano man kalaki ang kanilang mga sala, dahil Kanyang patatawarin sila.

Sa Banal na Qur'an, (**39:53-54**), ipinahayag ng Allah:

"*Sabihin: 'O Aking mga alipin na nagkasala sa kanilang mga sarili! Huwag kayong mawalan ng pag-asa sa Habag ng Allah; katotohanang pinatatawad ng Allah ang lahat ng kasalanan. Katotohanan, Siya ang Laging Mapagpa-tawad, ang Maawain. At magsipagbalik nang may pagsi-sisi at sumuko nang may katapatan sa inyong Panginoon bago dumating sa inyo ang kaparusahan,* (*at*) *pagkaraan (ng pagkakataon ito'y) hindi kayo matutulungan.*"

Dito, ipinababatid ng Allah na ang pagkakataong maka-pagsisi ay natatakdaan at nababatay lamang sa itinakdang panahon, at kapag sumapit na ang kamatayan sa sinuman ay hindi na niya maaari pang makamit ang kapatawaran.

Katotohanang ang pangako ng Allah ng kapatawaran at habag ay makakamit ng mananampalatayang matapat sa pananampalatayang (Islam) at sa paggawa ng kabutihan. Ang Allah ay nagsabi (**20:82**):

"*At katotohanan, tunay na mapagpatawad Ako sa sinu-mang nagsisisi, sumasampalataya at gumagawa ng mabubuti, at pagkaraa'y Ihtadâ (hindi nag-aalinlangan).*"

Ako ay nagsusumamo sa Allah – ang Lumikha ng lahat ng mga nilikha, na gabayan sa tamang landas ang lahat ng mga taong naghahanap ng katotohanan na ang kanilang mga kaisipan ay bukas sa layon ng pagsusuri. Ako ay humihiling sa Allah na gabayan lahat ang mga gumagawa ng tapat na pagsusuri sa sarili at pabutihin nawa ang kanilang mga kalagayan ayon sa kung ano ang kalugud-lugod sa Kanya.

ممن أثنوا على الكتاب وأوصوا بنشره بلغاته المتعددة
الشيخ العلامة . عبدالله بن عبدالرحمن الجبرين
أستاذ دكتور .ناصر بن عبدالكريم العقل .
أستاذ دكتور .ناصر بن سليمان العمر .
الشيخ الدكتور . عبدالرحمن الصالح المحمود.
الشيخ الدكتور . محمد بن عبدالرحمن العريفي .
الشيخ . محمد بن صالح المنجد
الداعية الكندي الجمايكي الدكتور . أبو أمينة بلال فلبس.
الشيخ الداعية الأمريكي يوسف استس .
أستاذ دكتور . زغلول راغب محمد النجار.
الدكتور.عبدالله أبو عشي رئيس مجلس إدارة مكتب أبها التعاوني
ورئيس قسم الترجمة في جامعة الملك خالد سابقاً.
عميد كلية الشريعة بالأحساء وأستاذ العقيدة سعود بن عبدالعزيز العقيل.
أستاذ دكتور اللغة الروسية . محمد نصر الجبالي
أستاذ دكتور . محمد صالح الحساني أستاذ اللغة الإيطالية والفرنسية
دكتور . أبو شامل أستاذ بكلية الإلهيات بتركيا .
أستاذ اللغة الألمانية المترجم الفوري في المفوضية الأوربية عاصم العماري.
الدكتور . سلمان بن فهد العودة .
الهيئة العالمية للتعريف بالإسلام بمكة .
مدير شعبة الجاليات بالزلفي. الشيخ سليمان بن محمد الخنيني.
الجمعية الدعوية بتورنتو/ كندا
المركز الإسلامي للدعوة والدراسات المقارنة بأم درمان .
مركز محمد الفاتح بالبحرين .
رئيس نادي الدعوة للإسلام بجامعة واترلوو بكندا .
المركز الأوربي للدراسات الإسلامية والترجمات الشرعية باليونان .
مركز اكتشف الإسلام بالبحرين .
منظمة الطلاب للدعوة الإسلامية بغانا .
الجمعية الدولية للمترجمين العرب .
اتحاد المؤسسات الإسلامية بالبرازيل . وغيرهم .

*"Ganito si 'Isa (Hesus), ang anak ni Maria. Ito ay isang pahayag ng katotohanang pinag-aalinlangan nila (o pinagtatalunan)..."* Qur'an 19:34

Si Hesus ay binanggit nang 25 beses sa Qur'an saman-talang si Propeta Muhammad (ﷺ) ay nabanggit sa pangalan nang limang ulit lamang. Bilang karagdagan, ang ika-19 na kabanata ng Qur'an ay ipinangalan kay Birheng Maria samantalang walang kabanatang nagtataglay ng pangalan ng ina ni Propeta Muhammad (ﷺ), o alinman sa kanyang mga asawa o anak na babae. Kapansin-pansin ding si Maria ang tanging babaeng nabanggit ang pangalan sa Qur'an. Siya ay inilalarawan sa marangal na paraan bilang isang itinangi sa lahat ng kababaihan, ipinahayag ng Allah: *"At (tandaan) nang sabihin ng mga anghel: "O Maryam (Maria)! Katotohanan, pinili ka ng Allah, pinadalisay ka [mula sa Shirk (pagbibigay katambal sa Allah)] at pinili ka nang higit sa mga kababaihan ng Alamin (lahat na nilikha)."* Qur'an 3:42

At binanggit din sa Qur'an na ang mga Kristiyanong may mabubuting kaisipan ang pinakamalapit sa pagmamahal sa mga Muslim: *"At inyong matatagpuan ang pinakamalapit sa pagmamahal sa mga mananampalataya ay ang mga nagsasabing: "Katotohanan! Kami ay mga Kristiyano." Ito ay dahil kabilang sa kanila ay mga pari at monghe, at sila ay hindi mapagmalaki."* (Qur'an 5:82)

**0569886000 - 0552200985**

**myloveforjesusfilip@hotmail.com**

**At Aming ipinahayag sa iyo, O Muhammad ang Aklat (Qur'ân) sa katotohanan, na nagpapatunay sa mga Banal na Kasulatan na nauna rito at isang Muhaymin (mapagkakatiwalaang saksi) sa mga ito. (Qur'an 5:48).** Ang Qur'an ay ang Batayan (ng tama at mali) upang patotohanan ang mga nilalaman ng lahat ng ibang Kasulatan.

| Ang Bibliya | Ang Qur'an |
|---|---|
| **Ang Tungkol sa Diyos** | |
| **"...sa loob ng anim na araw ay ginawa ng Panginoon ang langit at lupa, at sa ikapitong araw siya ay nagpahinga at naginhawahan." (Exodo 31:17)** | **"At katotohanang nilikha Namin ang mga kalangitan at ang kalupaan at ang lahat ng nasa pagitan ng mga ito sa loob ng anim na Araw, at hindi Kami dinapuan ng pagod." (Q.50:38)** |
| **"Nang magkagayo'y gumising ang Panginoon na gaya ng mula sa pagkakatulog, gaya ng malakas na tao na humihiyaw dahil sa alak" (Mga Awit 78:65).** | ***"Allah! Walang diyos maliban sa Kanya, ang Laging-buhay, ang Tagapagpa-natili ng lahat ng nilikha. Ang antok o idlip ay hindi maaaring makapanaig sa Kanya"*** **(Q. 2:255)** |
| Si Jacob ay nakipagbuno sa Diyos at tinalo Siya. **(Genesis 32:23-34)**<br><br>**"Ang Panginoon ay sumama kay Juda at kanyang pinalayas ang mga taga lupaing maburol; sapagka't hindi niya mapalayas ang mga nananahanan sa libis dahil sa sila'y may mga karong bakal."(Mga Hukom 1:19)** | **"Hindi nila ibinigay sa Allâh sa tamang paggalang sa Kanya. Katotohanan, ang Allâh ang Siyang Malakas, ang Makapangyarihan" (Q. 22:74)**<br>**"...walang anupamang nasa mga kalangitan o sa kalupaan ang makatatakas sa Kanya; katotohanang Siya ang Maalam, ang Makapangyarihan." (Q.35:44)** |

| | |
|---|---|
| **"Ako'y magsasalita sa kapaitan ng aking kaluluwa. Sasabihin ko sa Diyos: huwag mo akong hatulan; Ipaalam mo sa akin kung bakit nakikipagtalo ka sa akin. Mabuti ba sa iyo na ikaw ay magpahirap, na iyong itakwil ang gawa ng iyong mga kamay at iyong sang-ayunan ang mga pakana ng masama?" (Job 10:1-3)** | ***"Katotohanan, hindi ginagawan ng Allâh ng anumang kamalian ang sangkatauhan; bag-kus ang sangkatauhan ang gumagawa ng kamalian sa kanilang mga sarili."*** **(Q.10:44).** |
| ***"Hanggang kailan, O Panginoon? Iyong kalilimutan ako magpakailanman?" (Mga Awit 13:1)*** | ***"…Hindi nagkakamali ang aking Panginoon ni hindi nakalilimot."*** **(Q.20:52).** Gayundin, |
| Gayundin, ***"O Panginoon, hanggang kailan dadaing ako, at hindi mo didinggin?"*** **(Habakuk 1:2)** | ***"…Katotohanan, ang aking Panginoon ang Siyang nakaririnig ng lahat ng panalangin."*** **(Q.14:39).** |
| ***"…at aking sisirain ang aking tipan sa kanila: sapagka't ako ang Panginoon nilang Diyos."*** **(Levitico 26:44)** | ***"...Hindi nakakaligtaan ng Allah ang Kanyang Pangako."*** **(Q.30:6).** |
| Hindi alam ng Diyos na si Adan ay kumain sa punong yaon at hindi rin niya alam ang kanyang kinaroroonan pagkatapos nitong magtago sa Paraiso, ayon sa **Genesis 3:9, *"At tinawag ng Panginoong Diyos ang lalaki at sa kanya'y sinabi, Saan ka naroroon?"*** | Ang Allah ay Ganap na Nakaaalam ng Lahat; samakatwid, nang si Adam at ang kanyang asawa ay kumain mula sa puno, kinausap Niya sila sa paraang nagpapakilala ng Kanyang kabatiran sa kanilang ginawa. ***"At tinawag sila ng kanilang Rabb at nagsabi: 'Hindi ba't ipinagbawal Ko sa inyo ang punong iyon at sinabi sa inyo: Tunay, isang hayag na kaaway sa inyo si Satanas?'"*** **(Q.7:22)** |

Ang Diyos ay nangangailangan ng isang tanda (marka) upang mapagkilala ang mga tahanan ng mga Israelita mula sa mga tahanan ng mga Egipcio **(Exodo 12:13).**

Hindi alam ng Diyos ang nagaganap sa mundo, kaya't kailangan pa Niyang manaog upang tuklasin ito: ***"Sinabi ng Panginoon, Ang sigaw ng Sodoma at Gomorra ay malakas, at sapagkat ang kasa-lanan nila ay napakalubha, at bababa ako ngayon at titingnan ko kung ginawa nga nila ang ayon sa sigaw na dumating sa akin at kung hindi ay aking malalaman."*** **(Genesis 18:20-21)**

Sa **I Mga Taga-Corinto 1:25,** sinasabi ni Pablo: ***"Sapagka't ang kamangmangan ng Diyos ay lalong marunong kay sa mga tao; at ang kahinaan ng Diyos ay lalong malakas kay sa mga tao."***

***"…ang Ganap na Maalam sa lahat ng lihim… maging ang timbang ng katiting na bagay (o isang maliit na langgam) o higit na maliit o malaki pa rito na nasa mga kalangitan at sa kalupaan ay hindi makatatakas sa Kanyang Kaalaman, bagkus (ang lahat ng mga ito'y) nasa isang Maliwanag na Aklat (Al-Lauh Al-Mahfuz)."*** **(Q.34:3)** ***"Ang Lubos na Maalam sa lahat ng nakalingid at nakalantad, ang Dakila, ang Kataas-taasan. Magkatulad lamang sa Kanya kung itago ng sinuman sa inyo ang kanyang salita o lantarang sabihin ito, kahit magtago siya sa (kadiliman ng) gabi o humayo siyang malaya sa (liwanag ng) araw."*** **(Q.13:9-10)** ***"At nasa Kanya ang mga susi ng mga nakalingid; walang nakaaalam ng mga ito maliban sa Kanya. At nalalaman Niya kung ano ang nasa lupa at sa dagat; walang malalagas na dahon na hindi Niya ito nababatid. Walang butil na nasa kadiliman ng kalupaan at ni walang bagay na sariwa o tuyo maliban nakasulat sa Malinaw na Talaan."*** **(Q.6:59)** ***"…ang Allâh ay Lubos na Maalam sa lahat ng bagay."*** **(Q.5:97)**

Sa **Isaias 7:20**, inilalarawan ng Bibliya ang Diyos na may kahirapan na di-angkop sa kanya at kina-ilangan pang umarkila Siya ng pang-ahit: ***"Sa araw na iyon ay aahitin ng Panginoon ang ulo at ang balahibo ng mga paa, ng pang-ahit na inupahan sa dako roon ng Ilog, ang Hari ng Asiria: at aalisin din ang balbas."***

At ang Diyos ay may isang ilong at isang bibig na nilalabasan ng usok at apoy ayon sa **Mga Awit 18: 8,*"Napailanglang ang usok mula sa kaniyang mga butas ng ilong, at apoy na mula sa kaniyang bibig ay sumupok: mga baga ay nangagalab sa pamamagitan niyaon."***

***"O sangkatauhan! Kayo ang siyang nanga-ngailangan sa Allah, samantalang Siya ay May Kasapatan (malaya sa anumang pangangailangan), ang Karapat-dapat sa lahat ng papuri."*(Q. 35:15)**

***"Katotohanan, narinig ng Allah ang salita ng (mga Hudyo na) nagsabi: "Tunay, mahirap ang Allah at mayayaman kami." Aming itatala ang anumang kanilang sinabi at ang kanilang pagpaslang nang walang katarungan sa mga Propeta."* (Q.3:181)**

***"Maluwalhati ang iyong Panginoon! Ang Panginoon ng karangalan at kapangyarihan! Malaya Siya sa anumang iniuugnay nila sa Kanya."*(Q.37:180)**
***"Walang anumang katulad Niya, Siya ang Ganap na Nakaririnig at ang Ganap na Nakakikita."* (Q. 42:11).**

Ang Diyos ay umiiyak at lumuluha, ***"...ako'y iiyak, na lihim dahil sa inyong kapalaluan; at ang mata ko ay iiyak na mainam, at dadaluyan ng mga luha..."*** **(Jeremias 13:17)**Ang Diyos ay humahagulgol, umaatungal at naglalakad nang hubad: ***"Dahil dito tataghoy ako, at mananambitan; ako'y yayaong hinubdan at hubad; ako'y uungal na parang chakal, at mananangis na gaya ng mga avestruz."*** **(Mikas 1:8)**

At Siya ay humuhuni (sumisipol) para sa mga langaw at bubuyog: ***"Sa araw na iyon, susutsutan ng Panginoon ang langaw na nasa kahuli-hulihang bahagi ng mga ilog ng Ehipto, at ang pukyutan na nasa mga lupain ng Asiria."*****(Isaias 7:18)**

At Siya ay pumapalakpak sa pamamagitan ng Kanyang mga kamay:***"Akin din namang ipapalakpak kapuwa ang aking mga kamay..."*** **(Ezekiel 21:17)**

***"...at nauukol sa Allâh ang dakilang paglalarawan. At Siya ang Makapangyarihan, angMatalino."*** **(Q.16:60).** ***"Siya ang Allâh, walang Diyos na karapatdapat sambahin maliban sa kanya, ang Hari, ang Banal, ang Malaya sa anumang kapintasan, ang Nagbibigay katiwasayan, ang Tagamasid ng Kanyang mga nilalang, ang Makapangyarihan,angTagapagpasunod, ang Kataas-taasan. Luwalhatiin ang Allah, mataas at malayo Siya sa lahat ng itinatambal sa Kanya. Siya ang Allah, ang Lumikha, ang Lumalalang ng lahat ng bagay, ang Tagagawad ng hubog. Sa Kanya ang pagmamay-ari ng lahat ng Pinakamahusay na Pangalan. Ang lahat ng nasa mga kalangitan at sa kalupaan ay lumuluwalhati sa Kanya. At Siya ang Makapangyarihan,ang Matalino."*****(Q.59:23-24)**

| Ang Tungkol kay Hesus | |
|---|---|
| Si Hesus ay pinaratangang suwail sa kanyang ina: ***"At sinabi sa kanya ni Jesus, "Babae, anong pakialam ko sa iyo?..."*** **(Juan 2:4).** Si Hesus ay pinagbintangang masamang mamuno at malupit, ***"Huwag ninyong isiping pumarito ako upang magdala ng kapayapaan sa lupa; hindi ako pumarito upang magdala ng kapayapaan, kundi ng tabak."*** **(Mateo 10:34).** | Ipinagtatanggol ng Qur'an si Hesus laban sa mga maling bintang na ito: ***"...At maging masunurin sa aking ina, at hindi ako ginawang palalo, o pinagkaitan ng pagpa-pala."*** **(Q. 19:32)** |
| Pinagbintangan rin nito na si Hesus daw ay tinutukso ni Satanas; **(Lucas 4:2)** | Mababasa sa Qur'an 3:36 na sinabi ng ina ni Maryam: ***"O aking Panginoon! Nagsilang ako ng isang batang babae."... at pinangalanan ko siyang Maryam (Maria). At katotohanan, pinakupkop ko siya sa Iyo (O Allah) at ang magiging supling niya laban kay Satanas, ang isinumpa"*** |
| Sa **Juan 2:9** matutunghayan ang kauna-unahang himalang ginawa ni Hesus ayon sa Bibliya ay ang pagpalit niya ng tubig na maging alak sa isang kasalan sa Cana ng Galilea. | Ang kauna-unahang himala ni Propeta Hesus ay ang pagsasalita nito pagkatapos siyang isilang bilang pagtatanggol sa kanyang ina laban sa mga maling paratang sa kanya. ***"...Sinabi nila: 'Paano kami makikipag-usap sa isang sanggol na nasa kuna?' Sinabi ni 'Isa (Hesus): 'Katotohanan, ako ay alipin ng Allah, ibinigay Niya sa akin ang Kasulatan at ginawa akong isang Propeta;'*** **(Q.19:29-30)** |

## Ang Tungkol kay Maria

| | |
|---|---|
| ***"Ang ginagawa ninyo'y tulad ng ginawa ng inyong ama." Sumagot sila,"Hindi kami mga anak sa labas."* (Juan 8:41)**<br><br>***"At naging anak ni Jacob si Jose na asawa ni Maria, na siyang nagsilang kay Jesus na tinatawag na Cristo."*(Mateo 1:16)**<br><br>***"At si Jesus din, nang magpasimula siyang magturo ay may gulang na tatlumpung taon,*** (ayon sa sapantaha) ***na anak ni Jose, ni Eli."* (Lucas 3:23)** | Ipinagtanggol ng Qur'an si Maria, tungkol sa malubhang maling pagbibintang sa kanya: "…***Isinara ng Allah ang kanilang mga puso dahil sa kanilang kawalan ng pananam-palataya…At dahil sa kanilang di-paniniwala at sa pagsasabi ng malubhang paninirang-puri laban kay Maryam (Maria),"* (Q.4:155-156)**<br><br>Bagkus hinirang ng Allah si Maria nang higit sa lahat ng mga kababaihan sa mundo: ***"O Maryam (Maria)! Katotohanan, pinili ka ng Allah, pinadalisay ka [mula sa Shirk (pagbibigay katambal sa Allah)] at pinili ka nang higit sa mga kababaihan ng Alamin (lahat na nilikha)."* (Q. 3:42)** |

## Ang Tungkol sa mga Disipulo ni Hesus

Sinasabi sa **Marcos 14:50** tungkol sa mga disipulo ni Hesus, ***"At iniwan siya ng lahat at tumakas sila."***

At ang Bibliya ay nagpaparatang na ang Mesiyas ay nagsabi sa mga disipulo: ***"Bakit kayo nanga-tatakot, O kayong kakaunti ang pananampalataya." (Mateo 8:26); "Datapuwa't lumingon siya, at sinabi kay Pedro, Lumagay ka sa likuran ko, Satanas: ikaw ay tisod sa akin: sapagka't hindi mo pinag-iisip ang mga bagay ng Diyos, kundi ang mga bagay ng tao."*** **(Mateo 16:23)**

Si Hudas, sa kabila ng pagiging ingat-yaman ni Hesus, ay nagkanulo sa kanya ng 30 pirasong pilak, ***"Nang magkagayo'y isa sa labindalawa, na tinatawag na Judas Iscariote, ay naparoon sa mga pangulong saserdote At sinabi, Ano ang ibig ninyong ibigay sa akin, at siya'y ibibigay ko sa inyo? At siya'y tinimbangan nila ng tatlumpung putol na pilak."*** **(Mateo 26:14-15)**

Ipinagtanggol ng Qur'an ang mga disipulo ni Hesus at pinatotohanan ang kanilang kawalang kasalanan ng pagkakanulo at mahinang pananampalataya: ***"At nang maramdaman ni 'Isa (Hesus) sa kanila ang kawalang-paniniwala, siya ay nagsabi:'Sino ang aking mga tagatulong sa (landas ng) Allah?' Ang mga tagasunod niya ay nagsabi: 'Kami ang mga tagatulong (sa landas ng) Allah; naniwala kami sa Allah, at sumaksi ka na kami'y mga Muslim (sumusunod sa kaloo-ban ng Allah)"*** **(Q. 3:52)**

***"O kayong mga nananampalataya! Maging mga katulong (sa landas) ng Allah katulad ng sinabi ni Hesus, anak ni Maria, sa kanyang mga disipulo: "Sino ang aking mga katulong (sa landas) ng Allah?" At ang mga disipulo ay sumagot: Kami ang mga katulong (sa landas) ng Allah!"*** **(Q. 61:14)**

| Ang Tungkol sa mga Propeta ng Diyos | |
|---|---|
| Si Noah ay lasing at hubad sa kanyang kubol. **(Genesis 9:21)** ; ...isinasakripisyo ni Abraham ang kanyang karangalan **(Genesis 12:10-15 at Genesis 20:2)** | ***"Katotohanan pinili ng Allah (sa kani-kanilang mga panahon) sina Adan, Nuh (Noah), ang mag-anak ni Ibrahim (Abraham) at ang mag-anak ni Imran nang higit sa Alamin (sangkatauhan at jinn)."*** **(Q.3:33)** |
| Si Lot ay naglasing, nagkaroon ng pakikipagtalik sa sarili niyang dalawang anak na babae at sila ay nagdalantao. **(Genesis 19:30-36)** | ***"At si Ismâ'il (Ismael) at Al-Yasa' (Elisha), at Yûnus (Jonah) at Lût (Lot), at ang bawa't isa sa kanila'y higit Naming itinangi (sa kani-kanilang panahon) sa mga 'Alamîn (lahat ng mga nilikha)."*** **(Q.6:86)** |
| Si Jacob ay nagsinungaling sa kanyang ama at ninakaw ang pagpapala at pagka-Propeta mula sa kanyang kapatid. **(Genesis 27:35)** | ***"At alalahanin ang Aming mga alipin: si Abraham, Isaac at Jacob, sila na may katatagan at pang-unawa sa pananam-palataya. Katotohanan, hinirang Namin sila sa pamamagitan ng paggawad sa kanila ng paggunita sa Tahanan (sa Kabilang buhay). At sila'y kasama Namin, katotohanan, kabilang sila sa mga itinangi at sa pinakamahusay!"*** **(Q.38:45-47)** |

| | |
|---|---|
| Si Reuben, ang propeta at panganay na anak ni Jacob, ay nakiapid sa asawa ng kanyang ama, na ina ng kanyang dalawang kapatid na lalaki. **(Genesis 35:22 at Genesis 49:3)** Si Judah, ang ikaapat na anak ni Jacob, ay nakipagtalik sa kanyang manugang at sina Pharez at Zarah ang kanilang mga supling. **(Genesis 38:18).**At ang Bibliya ay tinutunton ang lahi ni Hesus mula kay Farez **(Mateo 1:18),** na sumasalungat sa **Deuteronomio 23:2**, na nagsasabing: ***"Ang isang anak sa labas ay hindi maaaring pumasok sa kapulungan ng panginoon hanggang sa ikasampung salin ng lahi."*** | ***"Sila ang mga taong ginawaran ng Allah ng Kanyang pagpapala mula sa mga Propeta, sa mga inapo ni Adam (Adan), at sa mga taong dinala Namin (sa barko) kasama si Nuh (Noah), at sa mga inapo nina Ibrahim (Abraham) at Israel, at mula sa mga pinatnubayan at itinangi Namin. Kapag binibigkas sa kanila ang mga Ayat (mga Pahayag) ng Mapagpala (Allah), sila'y nagpapatirapa at lumuluha."*** **(Q.19:58)** |
| Ang Panginoon ay nagparatang kina Moises at Aaron ng pagtataksil sa Lumang Tipan: ***"Sapagka't kayo'y sumalansang laban sa akin sa gitna ng mga anak ni Israel …"*** **(Deutoronomio 32:51)** | ***"Kapayapaan para kina Moises at Aaron. Katotohanan, sa ganito Namin ginagantim-palaan ang mga mabubuti. Katotohanan, silang dalawa ay kabilang sa Aming mga aliping sumasampalataya."*** **(Q. 37:120-122).** ***"O kayong mga sumasampalataya! Huwag kayong tumulad sa mga nagpagalit kay Moises; nilinis siya ng Allah sa kanilang paratang at siya'y naging marangal sa paningin ng Allah."*** **(Q.33:69).** |

| | |
|---|---|
| Ang pagpatay ni Moises sa isang Egipcio ay sinadya at binalak. **(Exodo 2:12)** | Hindi sinadya ni Moises na patayin ang Egipcio**. (Q. 28:15)** |
| Hinugis ni Aaron ang ginintuang guya (baka) at inutusan ang mga Israelita na sambahin ito habang wala si Moises. **(Exodo32: 1-6)** | Ipi-nagtanggol ng Qur'an si Aaron laban sa maling bintang na ito, pinagtibay na ang nagsimula ng pagsamba sa guya ay si As-Samiri at hindi si Aaron. **(Q. 20:85-98)** |
| Pinagtaksilan ni David ang kanyang kapwa at pinuno ng hukbo, nakipagtalik sa asawa nito at ipinadala siya upang mapatay sa digmaan. **(2 Samuel 11:4-15).**<br>Si Solomon ay may isang libong asawa at inilayo nila ang kanyang puso mula sa Diyos; kaya't nagpatayo siya ng mga templo para sa kanilang mga diyos. **(I Mga Hari 11:1-9)**<br>Gayundin, ginahasa ni Amnon, anak ni David, ang kanyang kapatid na babaeng si Tamar **(II Samuel 13:11-14)**<br>**Dito naman ay walang kahihiyang nangalunya at sabay-sabay na sumiping si Absalom sa mga asawa ng kanyang Ama.**"Sa gayo'y kanilang ipinagladlad si Absalom ng isang tolda sa bubungan ng bahay;at sinipingan ni Absalom ang mga babae ng kaniyang ama sa paningin ng buong Israel"(SamuelII 16:22) | ***"…At alalahanin mo ang Aming alipin na si David na pinag-kalooban ng kakayahan. Katotohanan, siya ay lagi nang nagbabalik-loob sa Allah."*** **(Q. 38:17)**<br>***"At katotohanan, binigyan Namin ng kaalaman sina David at Solomon, at kapwa sila nagsabi: 'Nauukol sa Allah ang lahat ng papuri at pasasalamat, na Siyang nagtangi sa amin nang may kahigtan sa marami Niyang mga mananampalatayang alipin.'"*** **(Q. 27:15)** |

| | |
|---|---|
| Si Job ay pinagbintangang walang tiyaga at tumangging tanggapin ang kagustuhan ng Diyos. **(Job10: 1-22)** | Ipinagtanggol ng Qur'an si Propeta Job at nilinis siya mula sa kasinungalingang ito: ***"Tunay, natagpuan Namin siya (si Job) na matiisin. Kay buti niyang alipin! Katotohanan, siya'y laging nagbabalik-loob sa pagsisisi (sa Allâh)!"*** **(Q. 38:44)** |
| Si Zacarias ay hindi naniwala sa himala ng Diyos hinggil sa pagsilang ni Juan, kaya't pinarusahan siya ng Diyos ng pagkapipi sa loob ng siyam na buwan. **(Lucas 1:20)** | Ipinagtanggol ng Qur'an si Zacarias sa **Q.19**:**10**, na nagsasaad na ang kanyang pananahimik ng tatlong araw ay isang tanda at hindi parusa, Sinabi ni Zacarias:***"O aking Panginoon! Itakda sa akin ang isang tanda." Siya'y nag-sabi: "Ang iyong tanda ay hindi ka makapag-sasalita sa tao sa loob ng tatlong gabi, kahit pa man din wala kang kapinsalaan."*** |
| Diumano'y inilarawan ni Hesus ang lahat ng mga Propetang nauna sa kanya na mga magnanakaw, ***"Ang lahat ng nauna sa akin ay mga tulisan at mga magnanakaw..."*** **(Juan 10:8).**<br>Diumano'y iniugnay ng Diyos sa Kanyang mga propeta ang kasamaan at kasinungalingan, **Jeremias 23:11-16**: ***11.*** | Iginagalang ng Qur'an ang lahat ng Propeta nang lubos na paggalang at hindi nag-aakibat ng anumang mahalay na gawain o kamalian sa kanila. Ang paniniwala sa lahat ng mga Propeta at ang paggalang sa kanila ay isa sa mga pangunahing pundasyon sa Islam. Ipinahayag ng Allah : |

*Sapagka't ang propeta ay gayon din ang saserdote ay marumi; oo, sa aking bahay ay nasumpungan ko ang kanilang kasamaan, sabi ng Panginoon. 12. Kaya't ang kanilang daan ay magiging sa kanila'y parang mga madulas na dako sa kadiliman: sila'y isusudlong, at manga-bubuwal doon; sapagka't ako'y magpaparating ng kasamaan sa kanila, samakatuwid baga'y sa taon ng pagdalaw sa kanila, sabi ng Panginoon. 13. At nakita ko ang kamangmangan sa mga propeta ng Samaria; sila'y nanganghuhula sa pamamagitan ni Baal, at iniliiligaw ang aking bayang Israel. 14. Sa mga propeta ng Jeru-salem naman ay nakita ko ang kakilakilabot na bagay: sila'y nangangalunya, at nagsisilakad sa mga kasinungalingan; at kanilang pinalalakas ang mga kamay ng mga manggagawa ng kasamaan, na anopa't*

*"Sabihin: "Naniwala kami sa Allâh, at sa ipinahayag sa amin at sa ipinahayag kina Abraham, Ismail, Isaac, Jacob at sa Al-Asbat (supling ni Jacob), at sa ipinahayag kina Moises at Hesus at sa ipinahayag sa mga Propeta mula sa kanilang Panginoon. Hindi kami nagbibigay ng pagtatangi sa pagitan ng sinuman sa kanila,, at sa Allah lamang kami sumusuko."* **(Q. 2:136)**

Pinupuri ng Allah ang Kanyang mga Propeta:

*"Katotohanan, isinugo Namin ang Aming mga Sugo nang may maliwanag na mga katibayan, at ipinahayag Namin sa kanila ang Kasulatan at Timbangan upang panatilihin ng tao ang katarungan…"* **(Q. 57:25)**

*"At itinakda naming silang maging mga pinuno sa pagtatag ng Aming Utos). At maging halimbawa tungo sa mabubuting gawa at pagtatatag ng Pagdarasal at Pagkakawang-Gawa. At sa ALLAH sila ay bukod-tangi lamang sumasamba."* **(Q.21:73)**

***walang humihiwalay sa kaniyang kasamaan: silang lahat ay naging parang Sodoma sa akin, at ang mga nananahanan dito ay parang Gomorra. 15. Kaya't ganito ang sabi ng Panginoon ng mga hukbo tungkol sa mga propeta, Narito, aking pakakanin sila ng ajenjo, at paiinumin ko sila ng inuming mapait, sapag-ka't mula sa mga propeta ng Jerusalem ay lumabas ang pagdudumi sa buong lupain. 16.Ganito ang sabi ng Panginoon ng mga hukbo, Huwag ninyong dinggin ang mga salita ng mga propeta na nanganghuhula sa inyo: sila'y nangagtuturo sa inyo ng walang kabuluhan; sila'y nangagsasalita ng pangitain ng kanilang sariling puso, at hindi mula sa bibig ng Panginoon.***

Hindi lamang iyon, Iniuutos ng Allah kay Propeta Muhammad na gawing halimbawa ang mga Propetang nauna sa kanya. Sinabi ng Allah sa **Q. 6:90:**

***"Sila yaong mga pinatnubayan ng Allâh, kaya, sundin ang patnubay (na ibinigay) sa kanila."***

Kaya, iniligtas ng Qur'an ang sangkatauhan sa pagkalito sa pamamagitan ng pagtatanggol at paglilinis nito sa mga pangalan ng mga Propeta ng Diyos. Sinira ng ilang talata ng Bibliya ang kanilang katauhan. Ano na lamang ang magiging kalagayan ng sangkatauhan kung ang mga Propeta na dapat nilang pamarisan at maging huwaran ay katulad ng sinasabi sa Biblia?

| Ang Tungkol sa Pagkakapantay-pantay | |
|---|---|
| ***"Sapagkat ganito ang sabi ng Panginoon ng mga hukbo, ng Diyos ng Israel..."*** **(Jeremias 16:9)** Gayundin, ***"…walang Diyos sa buong daigdig maliban sa Israel..."*** **(II Mga Hari 5:15)** | ***"Ang lahat ng papuri ay sa Allâh lamang ang Panginoon ng lahat ng mga nilalang."*** **(Q. 1:2)**<br>***"...At kailanma'y walang bayang nanatili malibang datnan sila ng tagapagbabala."*** **(Q. 35:24)**<br>***"At katotohanang nagpadala Kami ng Sugo sa bawa't Ummah (bansa, sambayanan) na nagsasabi: "Sambahin lamang ang Allah, at itakwil ang Taghut (lahat ng huwad na diyus-diyusan)."*** **(Q. 16:36)** |
| Inuutusan ng Panginoon ang mga bansa upang magpatirapa sa mga Hudyo at dilaan ang alikabok sa kanilang mga paa, ***"…Sila'y yuyukod sa iyo na ang kanilang mga mukha ay nakatungo sa lupa, at hihimurin ang alabok ng inyong mga paa."*** **(Isaias 49:23).**<br>Ang ikatlong bahagi ng lahi ng tao ay hinahatulan ng sumpa at pagkaalipin nang si Canaan, anak ni Ham, ay ginawang alipin nina Shem at Japheth. **(Genesis 9:18-27)** | Ayon sa mga naturang talata sa Banal na Qur'an, nagpadala ang Allah ng mga Propeta at Sugo sa lahat ng tao at hindi lamang sa mga Israelita.<br>***"O sangkatauhan! Nilikha Namin kayo mula sa isang lalaki at babae, at ginawa Namin kayong mga pamayanan at mga tribo upang makilala ninyo ang isa't isa. Katotohanan, ang pinakamarangal sa*** |

| | |
|---|---|
| Sinabi ni Pablo: ***“Gayunman, ano ang sinasabi ng kasulatan? Palayasin ang aliping babae at ang kanyang anak: sapagka't hindi magmamana ang anak ng babaing alipin na kasama ng anak ng babaing malaya. Kaya nga, mga kapatid, hindi tayo mga anak ng babaing alipin, kundi ng babaing malaya.”*** **(Galacia 4:30-31)**<br>Si Hesus ay inilarawang isang “racist” o may kinikilingang lahi sa kanyang tugon sa Canaanitang humingi ng kanyang tulong na pagalingin ang kanyang anak na babaeng “sinaniban ng demonyo.” Sinabi niya sa babae: “***Siya’y sumagot at sinabi, “Hindi mabuti na kunin ang tinapay ng mga anak at itapon ito sa mga aso.”*** **(Mateo 15:22-26).** | ***inyo sa paningin ng Allah ay yaong may takot sa Kanya. Katoto-hanan, ang Allah ang Siyang Maalam at May-Kamalayan ng lahat.”*** **(Q. 49:13)** |
| Ang Bibliya ay may pagtatangi sa pagitan ng kalalakihan at kababaihan, ***“At si Adan ay hindi nadaya, kundi ang babae nang madaya ay nahulog sa pagkakasala.”*** **(I Timoteo 2:14).** Sa Bibliya, ang karumihan mula sa babae ay doble kaysa lalaki: ***“...Kung ang babae ay maglihi, at*** | Sa Qur’an, sina Adam at ang kanyang asawa ay nagkasala, nagsisi at kapwa sila nanagot sa paglabag na ginawa:***“At nagawa ni Satanas na sila ay magkasala at pinalabas sila sa kanilang dating kinalalagyan (sa Paraiso).”*** **(Q. 2:36)** |

*manganak ng isang lalake, ay magiging karumaldumal na pitong araw; ayon sa mga araw ng karumihan ng kaniyang sakit, ay magiging karumaldumal. At sa ikawalong araw ay tutuliin ang bata sa laman ng kaniyang balat ng masama. At siya'y mananatiling tatlong pu't tatlong araw na maglilinis ng kaniyang dugo; huwag siyang hihipo ng anumang bagay na banal, o papasok man sa santuario, hanggang sa matupad ang mga araw ng kaniyang paglilinis. Nguni't kung manganak siya ng babae, ay magiging karumal-dumal nga siya na dalawang linggo, ayon sa kaniyang karumihan: at mananatiling animna-pu't anim na araw na maglilinis ng kaniyang dugo."* **(Levitico 12:2-5).**Sa Bibliya, ang Diyos ang Ulo ni Kristo, ang lalaki ay ulo ng babae. Siya (babae) ay hindi kaluwalhatian ng Diyos na gaya ng lalaki, at siya ay nilikha para sa lalaki.**(I Mga Taga-Corinto11:3-9)**

*"Sinabi nila: 'O aming Panginoon! Pininsala namin ang aming mga sarili. Kung hindi Mo kami patatawarin, at hindi Mo igawad sa amin ang Iyong Habag, katiyakan mabibilang kami sa mga talunan.'"* **(Q. 7:23)**

*"...Sa ganoon sumuway si Âdam (Adan) sa kanyang Panginoon, kaya siya'y naligaw. Pagkaraa'y hinirang siya ng kayang Rabb, at binalingan siya nang may pagpapatawad, at binigyan siya ng patnubay."* **(Q. 20:121-122)**

*"...At sila (mga kababaihan) ay may karapatan sa kanilang mga asawa na katulad ng karapatan nila sa kanila..."* **(Q. 2:228)**

Upang higit na malaman ang katayuan ng kababaihan sa Qur'an, maaaring sumangguni sa mga **Q. 4 at Q.65.**

| Ang Tungkol sa mga Katotohanan sa Agham | |
|---|---|
| Sinasalungat ng Bibliya ang mga napapanahong katotohanan sa agham sapagkat inaangkin nitong ang daigdig ay nagsimula sa 3700 taon bago isilang si Kristo (BC), samakatuwid, buhat sa simula sa paglikha hanggang sa ika-21 dantaon, mayroon lamang 6000 taon; at mayroon lamang iilang araw sa pagitan ng paglikha ng mundo at sa paglikha ng tao. Gayong sa heolohiya (siyensya ng kalupaan), ang mundo ay humigit-kumulang sa 4550 milyong taong gulang, at may napakahabang panahon sa pagitan ng paglikha ng mundo at ng tao. Sinasabi rin ng Bibliyang nilikha ng Diyos ang liwanag, araw at gabi bago ang paglikha ng mga planeta, ng araw at ng buwan. **(Genesis 1:3)** | Ang Qur'an ay hindi sumasalungat sa makaba-gong agham. Sa katunayan, nagtataglay ito ng mga siyentipikong katotohanang natuklasan lamang ito sa makabagong panahon sa tulong ng mga matataas na uring kagamitan. Tingnan, halimbawa: **Q.2:74, 173, 222; Q.4:56; Q.6:99, 125; Q.10:92; Q.12:47; Q.13:41; Q.15:14-22; Q.16:66; Q.17:12; Q.21:30-32; Q.22:5; Q.23:12-14; Q.24:40, 43; Q.27:88; Q.30:1-4; Q.36:37-40; Q.39:5-6; Q.41:11; Q.51:47; Q.52:6; Q.55:19-20, 37; Q.57:25; Q.78:6-7; Q.86:1-3; Q.96:16, atbp.** |

| | |
|---|---|
| Sa **Rebelasyon 7:1, *"Pagkatapos nito ay nakakita ako ng apat na anghel na nakatayo sa apat na sulok ng lupa."*** Ang lupa ba ay kuwadrado o lapad o bilog?<br><br>Dito ay inakala ng manunulat ng Bibliya na ang mundo ay isang kapatagan at hindi isang globo.<br>"8 Muling dinala siya ng diablo sa isang bundok na lubhang mataas, at ipinamalas sa kaniya ang lahat ng mga kaharian sa sanglibutan, at ang kaluwalhatian nila"(Mateo 4:8) | Ang Qur'an ay malinaw na tumutukoy sa pag-ikot ng mundo: ***"Ginagawa Niyang lagumin ng gabi ang araw at ginagawa Niyang lagumin ng araw ang gabi."* (Q.39-5)** |
| Ayon sa Bibliya, ang mga Israelita ay nagtungo sa Ehipto kasama ni Jacob sa bilang na 70 kalalakihan at kababaihan. At nang sila'y lumisan kasama si Moises pagkatapos ng dalawang henerasyon lamang, ang bilang ng mga kalalakihan ay 603,550. Kaya't kung ang bilang na ito ay | **Ipinahayag ng Allah: *"Ipakikita Namin sa kanila ang Aming mga tanda sa sanlibutan at sa kanilang mismong mga sarili, hanggang sa maging maliwanag sa kanila na ito (Qur'an) ang katotohanan. Hindi pa ba sapat na ang iyong Panginoon ang Saksi sa lahat ng bagay?"* (Q. 41:53)** |

siyang bilang ng kalalakihan, kung isaalang-alang na ipinapatay ni Faraon ang mga batang lalaki, nangangahulugang ang kanilang kabuuang bilang ay halos 3 milyon. Paanong ang 70 katao ay naging 3 milyon sa loob ng dalawang salinlahi (henerasyon)?**(Deuteronomio10:22), (Exedo 12:37), (Mga Bilang 1:46).**

Sa **2 Maccabees 15:39**, nababasa natin ang pag-inom ng tubig lamang ay nakasasama sa kalusugan.

Sa Bibliya, ang kuneho ay kabilang sa mga maruruming hayop; ***"Ito ay marumi para sa inyo."*** **(Levetico 11:6)** At iba pang mga pagsalungat sa makabagong agham.

Ipinahayag ng Allah: ***"At ang mga pinagkalooban ng kaalaman ay nakikita na ang ipinahayag sa iyo (O Muhammad) mula sa iyong Panginoon ang siyang Katotohanan, at nagpapatnubay ito tungo sa landas ng Dakila sa kapangyarihan, ang Kapuri-puri."*** **(Q. 34:6)**

Tingnan ang "The Bible, The Qur'an and Science" ni Maurice Bucaille. Marami pang ibang napapanahong iskolar katulad nina Dr. Keith Moore, Dr. G. C. Goeringer, Dr. Mashall Johnson, Dr, Tagatat Tejasen, Dr. Alfred Kroner, Dr. William W. Hay, Dr. Yoshihide Kozai at Dr. Joe Leigh Simpson ang nagsilahad din sa isyu ng kahima-himalang mga tanda sa Qur'an.

## Ang Pagpapanatili ng mga Banal na Kasulatan

*"Paano ninyo sinasabi, kami ay pantas, at ang kautusan ng Panginoon ay sumasaamin? Nguni't, narito, ang sinungaling na pansulat ng mga escriba ay sumulat na may kasinungalingan.."* (Jeremias 8:8)

*"At ang hula na mula sa Panginoon ay hindi na ninyo babanggitin pa: sapagka't bawa't sariling salita ng tao ay magiging kaniyang hula; sapagka't inyong binago ang mga salita ng buhay na Diyos, ng Panginoon ng mga hukbo na ating Diyos."* (Jeremias 23:36)

*"Datapuwa't walang kabuluhan ang pagsamba nila sa akin, Na nagtuturo ng kanilang pinakaaral ang mga utos ng mga tao."* (Mateo 15:9)

*"Ito ang Aklat na kung saan ay walang alinlangan, isang patnubay sa mga may takot sa Allâh."* (Q. 2:2)*"At Katotohanan, ito (ang Qur'ân) ay isang matibay at kagalang-galang na Aklat, hindi ito maaaring lapitan ng kasinungalingan mula sa harapan nito o sa hulihan nito, ipinahayag ito ng Matalino at ng Kapuri-puri."* (Q.41:41-42) *"Katotohanan, Kami, tanging Kami ang nagpahayag sa Dhikr (ang Qur'ân) at katiyakan Aming babantayan ito (laban sa anumang pagbabago)."* (Q. 15:9) *At kailanman ang Qur'an na ito ay hindi gayon na lamang na maaaring gawin ng iba maliban sa Allâh, bagkus isang patotoo ito ng mga pahayag na nauna dito, at isang ganap na pagpapaliwanag ng Aklat – na walang anumang alinlangan dito – mula sa inyong Panginoon ng lahat ng nilalang."* (Q. 10:37) *"Magkagayon ba'y hindi nila binibigyan ng masusing pagsaalang-alang ang Qur'an? Kung ito'y nagmula sa iba bukod sa Allah, katiyakang natagpuan na nila rito ang napa-karaming pagkakasalungatan."* (Q. 4:82)

| Ang Pagpapatawad at Pamamagitan | |
|---|---|
| Ang mga tao ay binigyan ng kakayahan upang makapagpatawad ng mga kasalanan. Sinasabi sa **Juan 20:22-23, *"At nang masabi niya ito, sila'y hiningahan niya, at sa kanila'y sinabi, "Tanggapin ninyo ang Espiritu Santo. Kung inyong patawarin ang mga kasalanan ng sinuman, ang mga iyon ay ipinatatawad sa kanila. Sinumang hindi ninyo patawarin ng mga kasalanan, iyon ay hindi ipinatatawad."*** | Ang Allah lamang ang nagpapatawad ng mga kasalanan: ***"At yaong kapag nakagawa ng Fahishah (halimbawa: pangangalunya o pakikiapid) o nakagawa ng kasamaan sa kanilang sarili, naaalaala nila ang Allah at kaagad silang humihingi ng kapatawaran sa kanilang mga kasalanan – at walang makapagpa-patawad ng mga kasalanan maliban sa Allah, at hindi sila nananatili sa (kasalanang) kanilang nagawa, at (ito ay) kanilang nababatid." (Q. 3:135).*** At sa Kanya lamang hinihingi ang mga pangangailangan at kapatawaran nang walang tagapamagitan: ***"Kapag tinanong ka, (O Muhammad), ng Aking mga alipin ng hinggil sa Akin, iyong sabihin: "Katotohanang malapit Ako sa kanila, dinirinig Ko ang dalangin ng nananalangin kapag siya ay nanawagan sa Akin..." (Q. 2:186)*** |

<table>
<tr><th colspan="2">Ang Tungkol sa Kayamanan</th></tr>
<tr><td>Ang mayayaman ay hindi makapapasok sa kaharian ng Diyos, “Muling sinasabi ko sa inyo, mas madali pa sa isang kamelyo ang dumaan sa butas ng isang karayom, kaysa sa isang mayaman ang pumasok sa kaharian ng Diyos.” (Mateo 19:24)</td><td>“Ngunit hanapin sa pamamagitan nito (yaman) na ipinagkaloob sa iyo ng Allah, ang Tahanan ng Kabilang Buhay, at huwag kalimutan ang iyong bahagi sa pinahihintulutang kasiyahan sa mundong ito; at gumawa ka ng mabuti sapagka’t naging mabuti sa iyo ang Allah...”(Q. 28:77)</td></tr>
<tr><th colspan="2">Ang Panlilipol o Panliligalig (Terorismo)</th></tr>
<tr><td>“Ngayo'y yumaon ka at saktan mo ang Amalec, at iyong lubos na lipulin ang buo nilang tinatangkilik, at huwag kang manghinayang sa kanila; kundi patayin mo ang lalake at babae, sanggol at sumususo, baka at tupa, kamelyo at asno..” (I Samuel 15:3)<br>“Ang kanilang mga sanggol ay pagluray-lurayin sa harapan ng kanilang mga mata.” (Isaias 13:16)<br>“...sila'y mangabubuwal sa pamamagitan ng tabak; ang kanilang mga sanggol ay paglu-luraylurayin at ang kanilang mga nagdadalang- tao ay paluluwain ang bituka.” (Hoseas 13:16)</td><td>“Dahil doon (sa ginawang pagpatay ni Cain kay Abel), ipinag-utos Namin sa Angkan ni Israel na sinuman ang pumatay (ng tao) hindi bilang ganti (o kabayaran) sa salang pamamaslang (ng tao), o di kaya ay maghasik ng kasamaan sa kalupaan – ay para na rin niyang pinatay ang buong sangkatauhan. At sinuman ang magligtas ng isang buhay, ay para na rin niyang iniligtas ang buhay ng buong sangkatauhan.” (Q. 5:32)<br>Ang kasuklam-suklam na pagpatay sa walang malay na sanggol ay isa sa mga tatanungin sa Araw ng Paghuhukom.(Q. 81:1-9)</td></tr>
</table>

| **Ang Karunungan at Kaalaman** | |
|---|---|
| *"Subalit mula sa punungkahoy ng pagkakilala ng mabuti at masama (knowledge of good and evil) ay huwag kang kakain, sapagkat sa araw na ikaw ay kumain niyon ay tiyak na mamamatay ka."* (Genesis 2:17) *"Sapagka't sa maraming karunungan ay maraming kapanglawan: at siyang nananagana sa kaalaman ay nananagana sa kapanglawan." (Eclesiastes 1:18) "...Kung ano ang nangyari sa mangmang gayon ang mang-yayari sa akin; at bakit pa nga ako naging lalong pantas?"* (Eclesiastes 2:15) | *"...at sabihin mo: "O aking Panginoon! dagdagan ang aking kaalaman."* (Q. 20:114) Gayundin *"...Itataas ng Allâh ang antas ng mga sumampalataya sa inyo at ang mga pinag-kalooban ng kaalaman ..."* (Q.58:11)<br>*"Ipinagkakaloob ng Allâh ang karunungan sa sinumang Kanyang nais, at sinumang nagawaran ng karunungan ay katotohanang nabigyan ng masaganang kabutihan. At walang makaka-alaala maliban sa mga taong may pang-unawa."* (Q. 2:269) |
| **Ang Ganap (Perpektong) na Relihiyon** | |
| *"Sapagka't nangakakakilala tayo ng bahagya, at nanganghuhula tayo ng bahagya; Datapwat kung dumating ang sakdal, ang bahagya ay matatapos.."* (I Mga Taga-Corinto13:9-10) | *"Sa araw na ito'y Aking ginawang ganap ang inyong pananampalataya para sa inyo, at ginawang lubos ang Aking pagpapala sa inyo, at Aking pinili para sa inyo ang Islam bilang inyong pananampalataya."* (Q. 5:3) |